


ANG IYONG BUHAY BA'Y

KARAPAT-DAPAT SA EBANGHELYO?

 Manatili tayong nakatayo pansumandali, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo ngayon at tumuon lang sa Panginoon. Kung may anumang bagay na kahilingan na ninanais n'yong ipabatid sa Diyos, maaari lang po bang sa mga oras na ito'y itaas n'yo lang ang inyong kamay sa Kanya, nang *paganoon*, at ilagak ang inyong puso na manghawakan sa bagay na 'yan na ninanais n'yo.

² Makalangit naming Ama, nagpapasalamat po kami para sa panibagong araw na ito. At ngayon unti-unti na itong nagiging bakas; magiging kasaysayan na. Ang mga gawain nitong umaga ay dumaan na. Ang mga Salitang sinambit ay nasa himpapawid na, nasa teyp na, at kakaharapin namin Ito balang araw. Ito nga'y alinman sa tama o mali. At kami'y—kami'y naniniwala na Ito'y tama, dahil Ito'y Iyong Salita.

³ Ngayon, idinadalangin po namin na Iyong ipagkaloob sa amin, sa gabing ito, ang mga kahilingan na aming hinihiling. Heto po ang mga kamay namin, na aming itinataas, humihiling para sa aming hiling. Batid Mo ang pangangailangan namin, at ang aming hinihiling. Kaya dumadalangin kami na kami po'y tugunin Mo, Panginoon, at ipagkaloob sa amin ang mga mithi ng aming puso, nang sa gayon, ay magamit namin ito para amin Kang maparangalan. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

⁴ Iyo pong pagalingin ang karamdaman na nasa kalagitnaan namin. Iyo pong iwaglit ang lahat ng kasalanan at kawalan ng pananampalataya. Iyo pong ibigay sa amin ang Iyong . . . isang bahagi ng Iyong mga pagpapala muli, sa gabing ito, Panginoon, habang pinagbubulayan namin ang Salita, at ang panahon na aming kinabubuhayan. Kami po'y nagkatipon-tipon sa dakong ito na nagkakasama-sama, Ama, para sa wala nang iba pang pakay kundi sikapin na matutunan kung paano mamuhay nang mas mabuti, at upang mamuhay nang mas malapit sa Iyo. Dahil nakikita na namin ang araw na palapit na nang palapit talaga, at kinakailangan na naming mapaglakip-lakip ang aming mga sarili na magsama-sama sa tuwina, at tumanggap ng tagubilin mula po sa Iyo. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Salamat. Maaari na kayong maupo.

⁵ Alam ko po na sobrang maalinsangan po, at ang dako rito ay talagang punung-puno gaya ngayon. At kaya naman kami'y pagpasensyahan n'yo na lang kung wala kaming . . . anumang

pampalamig sana ng hangin. At ako . . . Marahil isa 'yan . . . May dalawang bagay po akong gustong gawin para sa simbahan, sa pagbalik na pagbalik ko na gusto ko pong ipaayos, kung ako po'y makabalik sa gawain para maayos. Gusto ko pong 'yung —'yung piyano, ay nakapahalang sana nang *paganito*, para 'yung piyanista'y nakaharap sa kongregasyon. Gusto ko rin ng organ sa banda *rito*; at isang air conditioner. Sa palagay ko'y ayos po 'yun. At kaya naman tayo . . . Magtitiwala tayo sa Panginoon, at alam natin na Kanya itong ipagkakaloob sa atin.

⁶ Sa tingin ko, nabanggit sa akin, na si Kapatid na Hickerson po'y pinilas *ito* mula sa magasin. Inilapag niya ito sa lamesa ko dun sa likod. Ito po 'yung konstelasyon ng mga Anghel na nasa magasin na nabanggit na noon. Nakikita n'yo ba 'yung hugis na piramide? Tingnan n'yo po Ito sa gawi *rito*, itong patulis na pakpak, na nakapa *ganoon* ang dibdib Niya, dito sa bandang kanan ko rito. Gaya nga ng nabanggit ko mula rito sa siya ring pulpito na ito, buwan at buwan na buwan na ang nagdaan, kita n'yo, heto nga Ito. At dito po sa *Look* maga- . . . O, narito po Ito sa *Life* magasin, dito sa—dito sa pang-Mayo na isyu, ika-17 ng Mayo, sa tingin ko. Tama po ba? Ika-17 ng Mayo, na isyu. Heto nga na nabanggit sa akin ni Gng. Wood ngayon na marami raw ang tumatawag sa kanya't nagtatanong. Heto nga ito sa pang-Mayo na isyu, ika-17 ng Mayo.

⁷ Isa po itong mahiwagang ulap. Yung ulap ay dalawampu't anim na milya ang taas at tatlumpung milya ang lapad. At 'yun po 'yung pinag-uusapan natin dito. Doon bumaba ang Anghel ng Panginoon at niyanig ang lugar. At 'yung buong. . . Napaka lakas po ng dagunding nun . . .

⁸ Sa pagkakaalala ko'y may isang tao, kung . . . Sa tingin ko, si Kapatid na Sothmann, nakita ko siya kanina, sa kung saan dito. Narito siya. Nakatayo siya . . . Opo. Dito mismo sa banda *rito*. Nakatayo siya malapit doon nung mangyari po 'yun. Sa pagkakaalala ko ay di ganoong kalayuan ang distansya ko sa kanya noon. Napatingin nga ako sa kanya noon, sinusubukan kong kawayan siya. Nagkataon, na nasa akin 'yung largabista niya. Dahil, 'yung—'yung mga hayop, na ipinapangaso namin, ay . . . Wala roon sa burol na 'yun. Hayan nga't nagsipuntahan na pala sa kabilang burol. Natagpuan ko sila, nung isang araw bago 'yun, at nabanggit ko sa kanila kung saan dapat kami pupunta. Nagpunta nga ako *rito*, para, kung sakaling dumaan 'yung ipinapangaso namin sa gawi rito, magpapaputok ako ng baril sa ere't patatakbuhin ko sila sa gawi roon, para mahuli ng mga kasama ko ang kanilang—kanilang—kanilang ipapangaso. Hayan nga't, mga javelina po 'yun.

⁹ At kaya nagpunta na ako roon sa kabila, sa kabilang ito, at wala naman 'yun dun. Wala nga 'yun dun. Nakita ko si Kapatid na Fred na lumalabas, at wala naman 'yun dun. Bumalik siya roon, at nagpunta si Kapatid na Norman sa ibabaw ng burol.

At bumalik ako, bumaba sa isang maliit na siwang at umahon, nang mag-isa lang, mga nasa isang milya't kalahati po ang tutugaygayin dun na talagang bako-bako ang daan. At naupo po ako't tumitingin-tingin sa paligid. Medyo tumatanghali na nung araw na 'yun.

At tinatanggal-tanggal ko 'yung, tinatawag namin na, mga uhay ng cabeza de cabra. Para po 'yung matitinik na halaman. Tinatanggal ko nga 'yung mga 'yun mula sa binti ng pantalon ko, saktong-sakto sa bagay na nakita kong inaalis ko raw noong narito ako noon at sinasaysay sa inyo 'yung pangitain, anim na buwan, na halos, bago 'yun mangyari. Sabi ko, "Haya't kakatwa naman. Heto nga't saktong nasa hilaga ako ng Tucson, nasa bandang hilagang-silangan. Parang . . ."

"Tucson," kung naaalala n'yo, sabi ko, "medyo bandang timog-kanluran."

Tapos sabi ko, "Kakatwa naman." Tinitingnan ko 'yung matinik na halaman na 'yun, nang *paganito*, tinatanggal ko isa-isa ang mga 'yun mula sa . . . marami-rami rin, mula sa binti ng pantalon ko. Kung di pa kayo nagagawi sa dakong 'yun, mala-disyerto po ang lugar na 'yun. Di po ganito rito, siyanga. Halos dalawampung beses na mas maliwanag; at wala pong kapuno-puno at mga bagay-bagay roon katulad ng narito. Pawang mga cactus at buhangin lang.

¹⁰ Kaya mangyaring ako'y—ako'y nakatingin, nang *paganoon*. Itiningala ko ang mga mata ko. At mga nasa, sa palagay ko, mga kalahating milya mula sa akin, nakakita ako ng buong ulo ng . . . buong grupo ng javelina, doon, lumalabas sa dulo roon, kung saan sila nanginginain ng ilang usbong ng phyllary. At sa isip-isip ko, "Ngayon, kung mapapapunta ko lang sina Kapatid na Fred at Kapatid na Norman doon, 'yun nga ang lugar."

¹¹ At mangyaring nung gabi bago 'yun, ang Espiritu Santo nga'y ganoon na lamang katindi sa himpilan, na haya't Siya'y nagsasaysay sa akin ng mga bagay-bagay na nangyari at mga nangyayari. Kinailangan ko ngang tumayo't maglakad palayo mula dun sa hinihimpilan ko.

At pagkatapos, nung sumunod na umaga, umakyat nga ako roon. At bigla kong . . . Sabi ko, "Ngayon, kung mapapapunta ko lang si Kapatid na Fred, maipupunta ko siya rito sa paikot ng bundok na ito," na may isang—isang milya rin sa gawi *rito*. Kakailanganin kong tumahak ng mga—mga dalawang milya, o mas mabuti nga siguro, kung susunduin ko na lang siya, kaya mga tatlo na siguro. Pabalik dito sa gawi *rito*, pababa rito, sa tinatawag namin na "hogback," paakyat nang *paganito*, dun sa ibabaw mismo ng bulubunduking, bako-bakong bundok, tapos tutugaygay sa gawi *rito*, babagtas at paahon uli, tapos pababa naman sa direksyong *ito* at susunduin siya. Pagkatapos siya nga'y bababa pa mismo dun sa pinaka paanan ng burol, para

sunduin naman si Kapatid na Norman, na siguro’y aabutin ng apat o limang milya, tapos babalik pa. At maglalagay sana ako ng—ng kapisrasong Kleenex na isasabit ko sana sa palumpong ng—ng mesquite roon, para malaman ko kung saang bahagi ng gulod ako lalabas pagbalik ko.

¹² At dumating na ako roon sa isang munting gulod kung saan maraming bako-bakong bato, at may—may daanan ng usa na tumutugaygay pababa sa kabilang gilid, na mga, oh, apatnapu, limampung milya sa paanan ng talampas. Ang oras nga noon, oh, mataas na ang araw, siguro’y alas otso, o alas nuwebe. Para bang ganoon sa pagkakaalala mo, Kapatid na Fred, siguro mga alas nuwebe, parang ganoon? Nagmadali po akong lumiban sa gilid na ito *rito*, nang mabilisan, para di ako makita nung mga javelina. Mababangis na baboy-ramo ang mga ’yun, alam n’yo, at medyo nakakatakot.

¹³ Kaya ako’y—ako’y lumiban dun sa burol sa gawi *rito*, tapos tumawid na, minabuti kong, umakyat nang mabilis sa burol. At ako nga’y nagmamadali, pero marahan lang, na parang ganoon sa tinatawag namin na, kandirit-aso. At naku’t bigla na lang, dumagundong ang buong lugar. Hindi pa ako nakakarinig ng ganung kalakas na pagdagundong kahit kailan! Yumanig nang husto, at nagsigulangan ang mga bato. At pakiramdam ko nga ako’y—ako’y napalundag nang mga limang talampakan mula sa lupa, parang ganoon. Talagang—talagang kinabahan ako dahil dun. Sa isip-isip ko, “Oh, naku!” Iniisip ko nga na nabaril ako. Na may kung sino . . . Nakasuot kasi ako nung mga oras na ’yun ng itim na sumbrero. Iniisip ko na baka akala nila’y isa akong javelina na paakyat nung bundok, kaya siguro may bumaril sa akin. Talagang napaka lakas ng dagundong nun, sa mismong kinaroroonan ko, nang paganoon. Pagkatapos, bigla na lang po, May nagsalita, “Tumingala ka.” Hayun nga Iyon. Pagkatapos ang sabi Niya sa akin, “Ito ang pagbubukas ng Pitong Tatak. Umuwi ka.” Kaya, heto’t umuwi po ako.

¹⁴ Nagkita kami ni Kapatid na Fred at Kapatid na Norman, nang mga isang oras pagkatapos, nung katagpuin ko na sila. Di sila magkandamayaw at pinag-uusapan nila ang tungkol dun. Hayun nga ’yun. At sinasabi na mismo ng siyensiya na napaka imposible para sa—para sa anumang uri ng—ng halumigmig o kung ano pa na tumaas nang ganoong kataas, mapahamog man, singaw. Kita n’yo? Hanggang ano lang daw . . . Di ko po alam. Ako—ako . . .

¹⁵ Kami, kapag bumibiyaha kami sa ibayong-dagat, nasa ere kami nang siyam na libong talampakan. Lampas na mismo ’yun sa mga bagyo. Humigit-kumulang na apat na milya na ’yun. At sige’t, sabihin na lang natin, na mga labing-limang milya ang taas na wala na kayong anumang halumigmig doon. Pero hayun nga’t dalawampu’t anim na milya po ito, at hayun nga ito na

naroon sa itaas nang buong araw. Kita n'yo? Di po nila mawari kung ano Ito. Pero, salamat sa Panginoon, alam natin.

Salamat, Kapatid na Hickerson. Iingatn ko ito sa mesa ko roon. At kapag naisulat na natin 'yung libro, haya't, ipalalagay natin ito roon.

¹⁶ May munting pabatid po ako rito na iniabot sa akin. Sa tingin ko nadagdagan po tayo rito mula nung huli kong punta. Sa palagay ko po ang pangalan ng bata ay—ay. . .heto't, ang pangalan po ng tatay niya ay, David West. At may munti pong bata rito na ninanais nilang maihandog sa Panginoon. Tama po ba? Sa gabi po bang ito, o sa Miyerkules pa ng gabi? Di ko lang po sigurado. Wala kasing. . .Ngayon pong gabi? Sige mainam. Buweno, nasaan na. . .Ikaw si David, di po ba? Yun nga ang naisip ko. Sige po. Sige't madadala n'yo na ba rito ang munting bata?

Mangyaring pumunta na rito ang kapatid na babae sa may piyano, at bigyan mo kami ng awiting *Bring Them In*. Sige't ang pastor po, kung mamarapatin niya, sige po't pumunta na rito, at atin pong ihahandog ang munting batang lalaking ito sa Panginoon. Ngayon, sisikapin nating gawin ito mismo batay sa Kasulatan.

¹⁷ Apo mo na pala ito, Kapatid na West. Parang di kapani-paniwala po, siyanga? Kapatid na babaing West, ano pong sa palagay n'yo? Para ngang. . .Alam n'yo ba kung anong iniisip ko, rito? Alam n'yo, isa na rin akong lolo, siyanga.

Naaalala ko tuloy si Kapatid na Demos Shakarian. Haya't nakatayo siya noon sa harap ng napaka raming tao. Nalilito rin siya minsan kagaya ko, alam n'yo. Haya't nakatayo siya roon. Sabi niya, "Alam n'yo," sabi, "Nabanggit ko—ko na ito mismo kay Rose, na pakiramdam ko," 'yung maybahay po niya, sabi, "pakiramdam ko nga'y tumatanda na ako nang tumatanda na lola na pala ako." Sabi niya, "Naku. Ang ibig ko palang sabihin ay lo- . . ." Alam n'yo, ako man. . .

¹⁸ Di ka nag-iisa, Kapatid na West. Napakarami na rin nila dito. At ayos lang 'yun. Sa palagay ko'y mas napapahalagahan natin ang ating mga apo. Nawa'y di. . .di po sana masama ang dating nito. Pero mas maraming oras ang nagugugol natin sa kanila, sa palagay ko, kaysa sa ating sariling—sariling mga anak. Akin ngang tinanong 'yun sa maybahay ko, nung isang araw. Sabi, "Talagang ganoon. Limitado lang kasi ang panahon na puwede mong ipadama ang pagmamahal mo sa kanila, dahil isasauli mo rin sila sa kanilang nanay, at kaya ganoon."

¹⁹ Buweno, may munting apo nga ako riyang sa likuran. Sabi niya, "Si Papa, nangangaral. Si Papa, nangangaral." At mangyaring nililikom nila 'yung mga kaloob nung nakaraang Linggo ng gabi, at inilapag na 'yun sa ibabaw ng mesa. Yung bata nga'y dinala nila rito, diyan sa likuran, at—at narinig niya ako

sa may mikropono. Sabi niya, “Si Papa, nangangaral. Si Papa nangangaral.”

At sabi ni Billy, “Oo, *hayun* siya sa itaas.”

Sabi niya, “Hindi.” At natapon ’yung mga kaloob sa sahog. Gusto nga niyang—niyang magpunta rito, alam n’yo. At lagi nga niya akong tinatawag, alam n’yo, kapag nakikita niya ako sa kung saanmang malakihang gawain. Sumisigaw siya, “Si Papa, nangangaral.” Talagang malakas ang sigaw niya. Kaya alam kong nakakatuwa talaga sila.

Naku, iniisip ko nga kung puwede ko bang hiram in ang ilan sa mga buhok na ’yan? Di pa naman niya kailangan ’yan ngayon. Ako kailangan ko. Ano pong pangalan niya? [Sinababi ni Kapatid na babaing West, “David Jonathan.”—Pat.] David Jonathan. Hindi ba’t kay gandang pangalan po n’yan? Buweno, umaasa ako na ang buhay niya’y maging kawangis nung mga pinaghanguan ng pangalan niya. Si David, si haring, David; na, si Cristo na mauupo sa luklukan niya; at maging si Jonathan, ang minamahal na kaibigan. Sinababi ko—sinababi ko nga sa inyo, kalugud-lugod ang mumunting mga batang ito. Ganoon na lamang ang kaluguran natin sa kanila, lugod na lugod. Ako po’y. . . Haya’t nagigising siya. At magagawa na niyang—niyang sumigaw din ng “amen” na singlakas ng iba pa sa kanila, alam n’yo, kaya huwag po tayong magambala dun. Ihahandog na po natin siya sa Panginoon.

Sa palagay ko’y kalugud-lugod nga, na heto ang batang-bata pa na mag-asawa, at inilagay ng Diyos sa pangangalaga nila ang isa pong munting sanggol kagaya nito, at heto sila na dumudulog para ihandog ang bata sa Panginoon. At sa bagay na ginagawa n’yong ito, ipinapakita lang nito na di kayo. . . na inyo lamang ibinabalik sa Diyos ang bagay na ipinagkaloob sa inyo ng Diyos. Pagpalain siya ng Diyos.

Ngayon, sige po’t kargahin n’yo lang siya, sa tingin ko’y mas mainam kumarga ang nanay niya kaysa sa akin. At ano po kaya kung atin nang ipatong ang ating mga kamay sa ibabaw ng sanggol? Magagawa n’yo po ba? Dahil, natatakot po ako na baka mabagsak ko siya, o, hindi naman mabagsak, kundi baka may mabali ako sa kanya o kung ano, alam n’yo. At natatakot nga ako lagi na baka may mabali ako sa kanila, alam n’yo. Ang akin pong—akin pong. . .

Si Meda ang sabi niya, diyan sa likuran. . . Sa palagay ko ito ’yung isang bagay na ginagawa ko sa ibabaw ng entablado na para bang kinaiingitan niya sa akin, alam n’yo. Gusto rin kasi sana niyang kumarga-karga ng. . .

Buweno, kaya’t tingnan n’yo, ang bata po’y tumitingin sa akin. Kalugud-lugod nga siyang bata. Siyanga, po. Puwede ko naman siya sigurong hawakan. Posible kaya. Oh, kapatid na babae, huwag sana. . . Umaasa ako na di ko siya mailalaglag.

Heto na, hindi po ba't nakaka aliw siya? Nakaka aliw nga ba? Kumusta ka? Buweno, ngayon, kalugud-lugod po.

Iyuko na po natin ang ating mga ulo.

Panginoong Jesus, maraming-maraming taon na po ang nagdaan, nung ang sangka-Cristianuhan ay isinilang sa anyo ng isang Tao na tinawag na Cristo, ang pinahirang Mesiyas, na Jesus ang Kanyang Pangalan. Dinala ng mga tao ang kanilang maliliit na sanggol sa Kanya, nang sa gayon maipatong Niya ang Kanyang mga kamay sa mga batang ito at mapagpala sila. At sinabi Niya, "Hayaan ninyong magsilapit ang malilit na mga batang ito sa Akin, at huwag ninyo silang pagbawalan, dahil sa ganito ang Kaharian ng Langit." Ang kalugud-lugod na munti pong mag-asawa rito, ang mga lolo't lola at lahat sila na mga tunay talagang sumusunod sa Salita.

Panginoong Jesus, dinadala ko po, at inihaharap sa Iyo, sa gabing ito, nung ang pastor at ako, ang kalugud-lugod na munting David Jonathan West na ito. Akin pong itinatagubilin siya sa Iyo, mula sa kanyang nanay at tatay. Inilalagay ko siya sa Iyong harapan, Panginoon, para sa kalusugan, kalakasan, mahabang buhay ng paglilingkod, para parangalan ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na Siyang naglagay sa kanya sa mundong ito. Nawa'y ang mga pagpapala ng Diyos ay lumagak sa kanya. Nawa'y ang Espiritu Santo'y lumagak sa batang ito. Kung may bukas pa, nawa'y dalhin niya ang Ebanghelyo na labis na minamahal ng kanyang mga magulang at lolo't lola sa panahon ngayon. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, akin pong itinatagubilin sa Iyo ang batang ito, na ang kanyang buhay ay maihandog. Amen.

Sa tingin ko gusto nilang makuhanan ng litrato ang munti pong bata. [Nag-click ang isang kamera—Pat.] Naisama rin po yata ako, siyanga.

Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagkamahalin mo nawa't itangi nang lubos ang Panginoong Jesus, at ang munting bata na ito'y mapalaki sa paalala ng Diyos, at lumaki ang bata na isang kalugud-lugod na munting kabataan. Tiyak po ako. Sumainyo ang Diyos.

Sa tingin ko parang nahulog niya ang maliit niyang tsupon? Napulot ba nila? Oh, sige!

Ngayon umawit tayo ng munting awiting ito, *Bring Them In*. Bawat isa po, sama-sama ngayon, para sa munting bata na ito. Sige, kapatid na babae.

Bring them in, bring them in,
Bring the little ones to Jesus.

²⁰ Wala po akong ibang mga kamay na naiisip na mas iinam pa na mapaglalagyan nila. Kayo po ba? Sa mga kamay lamang ng Panginoong Jesus!

21 Ngayon, alam kong mainit diyan. Gusto ko pong sabihin sa tagapaglinis, sa kapatid ko, kay Doc, o sa kung sino pang iba riyan, na nag-aasikaso rito. May ilang mga kapatid na babae na namantsahan 'yung mga palda nila dahil dun sa—sa grasa na dumikit dun sa upuan. Ilan po ba ang nalagyan nun? Alam ko, hayan po mismo ang maybahay ko, ang dalawa ko pong anak na babae, ang munting Betty Collins, Gng. Beeler, ang ilan pa sa kanila. May dumikit po, na kung anong grasa riyan. Sige't kung puwede mong tingnan mamaya, Doc, kung magagawa mo. Ito po'y, sa palagay ko, dahil dun sa trinabaho nila . . . Grasa po yata o pintura, o kung ano, na naroon sa trinabaho nila mula rito hanggang diyan, sa mga upuan. At di po ba? [Sinabi ni Kapatid na Edgar "Doc" Branham, "Walang grasa na ipinahid doon, na puwedeng mahawa ang mga upuan."—Pat.] Buweno, di ko—di ko po alam kung ano talaga 'yun, kung ganoon. Akin lang 'yung . . . May nagbanggit lang nun sa akin, at sinabi ko na babanggitin ko 'yun kay—kay Doc. Buweno.

Ngayon, Miyerkules ng gabi may pagtitipon po tayo para sa pananalangin. Mayroon pa po bang iba? Naipabatid n'yo na? Nasabi n'yo na ang lahat ng mga pabatid, Kapatid na Neville? Naipabatid na palang lahat.

22 Ngayon. kung loobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo ng umaga, nais ko pong mangusap tungkol sa paksa ng mariin na pagsasakdal sa henerasyong ito dahil sa pagpapapako kay Cristo. Marahil masasabi n'yo, "Imposible namang magawa ito ng henerasyong ito." Malalaman natin kung nagawa nga nila, o hindi, sang-ayon sa Salita. Ngayon, sa susunod na Linggo na po 'yan ng umaga, kung loobin po ng Panginoon. Kung, ngayon, kung—kung—kung may bagay na mangyari . . .

23 Mangyari kasing nasa Houston rin ako sa sanlinggong ito, sabay po, sa isang malaking gawain, na aabutin ako roon ng Linggo, kaya di ko pa sigurado kung makakapangusap ako rito o hindi. Gayunpaman may ilan pa naman din tayong Linggo na puwede natin sigurong maisingit ito, bago 'yun, kung tutuusin. Pagkatapos magpupunta kami ng Chicago para sa malakihang gawain, o isang pagtitipon sa Chicago, sa huling sanglinggo ng buwan pong ito. At pagkatapos dadalhin ko ang buong pamilya pabalik ng Arizona, dahil—dahil 'yung bakasyon nila'y tapos na't kinakailangan ng bumalik ng mga bata sa eskuwela.

24 Ngayon, ilan po ang nasisiyahan sa pagbasa ng Salita, at sa mga pagpapala ng Panginoon? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Lahat po tayo, nang lubos-lubos.

25 Ngayon, mainit po, at alam ko na ang ilan sa inyo ay uuwi pa ngayong gabi. Alam ko na sina Kapatid na Rodney at Charlie, at sila, mahaba-haba ang imamaneho nila. At sandali lang po, di ba't nasa bakasyon kayo, tama? Buweno, nabalitaan ko na mamimingwit kayo ng isda.

“Hindi nagdaragdag ang Diyos ng edad sa isang tao kapag siya’y nangingisda. Di nadaragdagan ang edad mo kapag ikaw ay nangingisda.” Kaya, ngayon, kayong mga kababaihan ay sumama na rin marahil sa kanila. Kita n’yo? At maging ako’y pupunta’t sasama talaga sa inyo, kung magagawa ko lang sana. At alam n’yo, “Ang mabuting Panginoon,” sabi nga nila, “ay di nagdaragdag ng taon sa isang tao kapag siya’y nangingisda.” Nadaragdagan ang edad mo kapag ika’y—ika’y sa pakiramdam mo’y nababalisa kang lubha. Ito ang pinaka mainam na bagay para gumaan ang pakiramdam, na nasumpungan ko, ito ngang pamimingwit ng isda.

²⁶ May munti po akong card, noon, mula kay G. Troutman. Mayroon po ba ritong nakakaalala kay G. Troutman, ’yung dun sa kompanya ng yelo sa New Albany? May munti nga siyang card sa dako roon, ang sabi, “Nakabakasyon para mangisda.” At kung itutuloy mo, sinasabi, “Maging sino ka man . . . Lahat, ay kinakapatid niya, sa pamimingwit ng isda. Lagi siyang may kamay na mailalahad para makatulong, sa pangingsida.” Nasa walo o sampu pa yatang iba-ibang bagay dun. Tapos sa pinaka ibaba, ang sabi dun, “Ang tao’y malapit sa Diyos kapag siya’y namimingwit ng isda.” Mangyaring naisip ko na tama naman. “Ang mayaman at mahirap ay pantay lang, kapag namimingwit ng isda.” Kita n’yo? “Lagi siyang may kamay na mailalahad, para makatulong sa pangingsida.” At madalas, “Nakabakasyon para mangisda.”

²⁷ Buweno, ikukuwento ko sa inyo itong tungkol sa isa pong pamimingwit na matagal-tagal ko nang ginagawa nang magtatatlumpu’t tatlong taon na, ito pong pamimingwit ng mga kaluluwa ng tao. Nawa’y tulungan tayo ng Panginoon na tayo’y makapanghikayat ng bawat isa na matatagpuan natin.

²⁸ Ngayon, sa gabi pong ito, itiniteyp po ito. Ngayon, kanina pong umaga, (kung narito si Jim, o nagteteyp), sa—sa tingin ko, dun sa teyp, may tumawag ng pansin ko tungkol dun, na ang sabi ko raw, “Ikalawang exodo.” Hindi po *ikalawa* ang ibig ko talagang sabihin dun. Kundi, “Ikatlong exodo.”

Ang Espiritu Santo sa anyo ng Haliging Apoy, ang Diyos ay bumaba sa isang pagpapakita, na isinagawa ang unang exodo, at—at ibinalik ang . . . dinala ang Israel palabas ng Egipto.

Ang ikalawang exodo ay noong dalhin ni Cristo ang Iglesia palabas ng Judaismo.

At, *Ang Ikatlong Exodo*, ay noong ang siya ring Haliging Apoy na ’yun ay inilabas ang Nobya mula sa iglesia. Kita n’yo? Paglabas mula sa natural; paglabas mula sa espirituwal; at ang Espirituwal na paglabas mula sa espirituwal. Tatlo po, kita n’yo, o ang Espirituwal ay lumabas mula sa iglesia, ang ibig ko pong sabihin. Tapos tinugaygay natin ’yang tatlong ’yan, ’yang tatlong yugto nito.

²⁹ Ngayon, sa gabing ito, gusto ko pong gumawa uli ng isa na namang pagti-teyp, at pamamagatan itong: *Ang Iyong Buhay Ba'y Karapat-dapat Sa Ebanghelyo?* Marahil di po ito hahaba nang masyado. Buweno, may kaunting mga Kasulatan lang dito at mga tala na dinala ko rito, pero bago ang lahat nais nating basahin muna ang Salita ng Diyos. Bago natin gawin 'yan, atin po munang iyuko ang ating mga puso sa Kanya pansumandali.

³⁰ Panginoong Jesus, kahit sino namang lalaki, sa pisikal, o sinumang babae, o bata, ay magagawa nilang buklatin ang mga pahina ng Bibliang ito, pero wala ni isa man ang may kaya na ihayag Ito kundi Ikaw lamang. Dalangin ko, Panginoon, na sa pagkuha sa tekstong ito sa kung papaanong paraan na nailagay ito sa aking puso ay ganun din na lumaganap ito sa mga bansa, para sa mga tao, para malaman nila kung anong uri ng buhay ang hinahanap sa kanila na dapat nilang ipamuhay. Dahil po, napakarami ng nagtatanong sa akin, "Ang Buhay Cristiano po ba'y buhay ng paglilingkod sa iglesia? Ito po ba'y pagtulong sa mga mahihirap, sa mga nangangailangan? O ito ba'y pagiging miyembro na laging nagpapatuloy? Ito ba'y tapat na katapatan sa iglesia?" at mga ganoong katanungan. Ama, dumating nawa ang tamang kasagutan sa gabing ito, sa pamamagitan ng mga pananalitang ito, habang pinagsisikapan namin na—na madala ito sa mga tao. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, hinihiling po namin ito. Amen.

³¹ Ngayon bumuklat na po kayo sa mga Biblia n'yo, sa Aklat ni San Lucas, at magsisimula tayo sa ika-14 na kabanata at sa ika-16 na talata, para bumasa ng ilang Kasulatan para maging batayan, maging panimula, para dito po sa bagay na sinisikap nating maipangusap nang mga tatlumpu o apatnapung minuto. Ngayon, dito na po sa ika-16 na talata ng ika-14 na kabanata ng San Lucas.

Datapuwa't sinabi niya sa kaniya, May isang naghanda ng isang malaking hapunan; at marami siyang inanyayahan:

At sa panahon ng paghapon ay sinugo niya ang kaniyang mga alipin upang sabihin sa mga inanyayahan, Magsiparito kayo; sapagka't—sapagka't ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na.

At silang lahat ay may pagkakaisang nagpasimulang magdahilan. Sa kaniya'y sinabi ng una, Ako'y . . . bumili ako ng isang bukid, at kinakailangan kong umalis at tingnan: ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako.

At sinabi ng iba, Bumili ako ng magkatuwang na lalaking baka, at paroroon ako upang sila'y subukin: ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako.

. . . sinabi ng iba, Bago akong kasal, . . . kaya nga hindi ako makaparoroon.

At dumating ang alipin, at isinaysay ang lahat ng bagay na ito sa kaniyang panginoon. Nang nagkagayon, sa galit ng puno ng sangbahayan ay sinabi sa kaniyang alipin, . . .

Pansinin n'yo, hindi sinabing *mga alipin*. "Alipin."

. . . Pumaroon kang madali sa mga lansangan at sa daang makikipot, at sa mga bayan, at dalhin mo rito ang mga dukha, at ang mga pingkaw, at ang mga pilay, at ang mga bulag.

At sinabi ng alipin, Panginoon, nagawa na ang ipinagutos mo, at gayon ma'y maluwag pa.

. . . sinabi ng panginoon sa alipin, Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran, at pilitin mo silang magsipasok, upang mapuno ang aking bahay.

Sapagka't sinasabi ko sa inyo, Na alin man sa mga taong inanyayahan ay hindi makatitikim ng aking hapunan.

³² Ngayon, napansin n'yo ba, may tatlong paghatak, o tatlong pagkakataon, dito? Hayan 'yung lumabas sila roon, sa una, at tinawag 'yung mga inanyayahan, o, naanyayahan na pumunta, at di sila pumunta. Kaya ang nangyari'y nagtungo sila roon sa malaking gawain ng pagpapagaling, nagpunta mismo roon para kunin ang mga bulag at pilay. At mangyaring maluwag pa rin, kaya siya'y lumabas at pinilit 'yung mabubuti, masasama, at mga walang malasakit; na sila'y dapat magsiparoon.

³³ Ngayon, may mababasa rin kayong katulad na katulad nito na talinghaga, na ganito halos ang pagkakasunod-sunod, dito sa Mateo 22:1 hanggang 10, kung gusto n'yong basahin 'yun, mamaya. Pero kinuha ko—kinuha ko ang paksa na ito mula roon: *Ang Iyong Buhay Ba'y Karapat-dapat Sa Ebanghelyo?*

³⁴ Ngayon, sinasabi rito mismo ni Jesus. . . Na panay dahilan ang mga tao, para lang di tanggapin ang Salita ng Diyos ng Kanyang pag-aanyaya. Kahit ganoon na lamang ang katibayan na pinatunayan ito mismo sa kanila, na heto na—heto na ang Kanyang Paghapon at Kanyang pag-aanyaya, pero hayan pa rin ang mga tao na panay pagdadahilan ang ginagawa. At kung babasahin n'yo ang San Mateo 22, makikita n'yo roon 'yung ilan pang mga pagdadahilan na ginawa nila roon, din. At—at haya't pinagpipilitan nilang . . .

³⁵ Ganoon nga ito maging sa lahat ng kapanahunan. Maging doon mismo sa sinaunang panahon, at sinaysay dun na may isang lalaking nag-anyaya, at—at siya'y may ubasan. At alam natin ang talinghagang ito. At kung papaanong ipinadala niya ang kanyang mga alipin para mangolekta mula sa ubasang

'yun. Dumating dun 'yung unang alipin, anong ginawa nila? Pinagtabuyan nila. Dumating 'yung ikalawang alipin, haya't pinagbabato rin nila. At pinagtabuyan nila nang pinagtabuyan ang bawat alipin at alipin; ganoong kalulupit ang mga tao na naroon. Hanggang sa isinugo na nung hari, sa huli, ang kanya mismong anak. At nung dumating ang kanyang anak, nalaman natin, na, "Nagsabi sila roon, 'Ito ang tagapagmana. Papatayin natin siya, pagkatapos ay mapapasa atin na ang lahat-lahat na ito." Pagkatapos sinabi sa kanila ni Jesus, "Nagsugo ang hari sa dakong 'yun at pinagpapatay ang mga mamamatay-tao na 'yun, at sinunog ang kanilang mga bayan."

³⁶ Ngayon, nakikita natin na kapag ang Diyos ay nagbibigay ng paanyaya sa isang tao, para gawin ang isang bagay, o para tanggapin sana ang paanyaya na ibinigay Niya sa kanya, at haya't tatanggihan niya 'yun, mangyari ngang wala nang kahit na ano pa ang natitira, matapos na tanggihan ang awa, kundi paghatol na mismo. Dahil kung lalampas ka sa hangganan ng awa, ay may isang bagay na lang ang natitira, at 'yun mismo'y kahatulan. At nakita nga natin na 'yun at 'yun ang ginagawa ng tao sa lahat ng mga kapanahunan. Nangyayari mismo, sa bawat kapanahunan halos, sa Biblia.

³⁷ Nung isugo noon ng Diyos si Noe, na Kanyang lingkod, at gumawa ng daan ng pagkaligtas para sa lahat ng mga tao na nagnanais na—na makaligtas. Mangyari namang ang mga tao'y nagtawanan lang at nilibak si Noe. Gayong Diyos na mismo ang gumawa ng daan, pero nakahanap pa rin sila ng dahilan. Hindi kasi 'yun angkop sa kanilang—kanilang modernong pag-iisip. Hindi 'yun. . . Hindi kasi 'yun akma sa bagay na gusto nila, kaya gumawa sila ng kung anu-anong mga dahilan noong panahon ni Noe.

³⁸ Gumawa sila ng mga dahilan noong panahon ni Moises. Gumawa sila ng mga dahilan noong panahon ni Elias. Gumawa sila ng mga dahilan noong panahon ni Cristo. At maski ngayon ay gumagawa sila ng mga dahilan sa panahong ito.

³⁹ Ngayon, heto Siya na direktang nakikipag-usap sa Israel, dun sa mga naroon na inanyayahan sa piging, na akin mismong ilalapat sa panahon na ito ngayon sa mga tao, sa iglesia, na sila man ay inanyayahan din na magpunta sa piging, at ayaw nila, sa espirituwal na piging na 'yun ng Panginoon. At ayaw nilang paunlakan 'yun. Di nila gustong puntahan. May iba kasi silang bagay na pinagkaka-abalahan. Kung anu-ano ang nahahanap nilang dahilan.

⁴⁰ Ngayon, kung ang Israel lamang, dalawang libong taon ang nakararaan, ay nagawa sana nilang tanggapin ang paanyayang 'yun na ibinigay sa kanila, di sana ganito ang kalagayan nila sa ngayon. Dalawang libong taon ang nakararaan, tinanggihan ng Israel ang paanyaya na magpunta sa paghapon na kasalan,

at nagawa nilang tanggihan 'yun at nasadlak sila sa kahatulan. Pero, gaya ng sinabi ni Jesus, pinagbabato nila't pinagpapatay ang mga propeta na ipinadala sa kanila, sa pamamagitan ng pagdadahilan, ngayon, heto nga ang mga dahilan na ginagawa nila sa bawat araw.

⁴¹ Nasumpungan nga natin, nung panahon ni Jesus, na Siya'y walang—Siya'y walang kaugnayan sa kanino man sa kanila. Sabi nila, “Kailan ba natamo ng Lalaking ito ang kaalaman na ito? Saan bang eskuwelahan Siya nanggaling? Hindi ba't Ito 'yung Anak na lalaki nung karpintero? Hindi ba't ang nanay Niya ay nagngangalang Maria? Na ang Kanyang mga kapatid na lalaki, ay sina Jose't Santiago, at iba pa? At hindi ba't 'yung mga kapatid naman niyang babae'y isa rin naman sa'tin? Kaya naman saan nakuha ng Lalaking ito ang kakahintulutan na gawin ang bagay na ito?” Kita n'yo? Sa madaling sabi, hindi Siya nakikiugnay sa kanila. Kaya sinasabi-sabi nila, “Siya'y Beelzebub. Isa Siyang Samaritano. May diyablo Siya, at Siya'y baliw. Isa Siyang—isa Siyang. . . Isa Siyang Lalaki na inaalihan ng masamang espiritu, sa panig ng relihiyon, at nagdulot 'yun na Siya'y mabaliw. At 'yun ang dahilan. Hayan Siya sa labas na aakalain n'yong baliw na tao. Huwag n'yo Siyang pansinin.” At alam na alam natin kung anong nangyari sa Israel. At kaya hayan sila na isinisigaw nila 'yun. Kumbinsidong-kumbinsido sila na ang Lalaking 'yun ay lilo, hanggang sa, oh, nung kanila na mismong kondenahin Siya, ang sabi pa'y—ang sabi pa'y, “Ang Kanyang Dugo'y singilin sa amin at sa aming mga anak.” At Iyon nga ang nangyari mula noon.

⁴² Sinisikap na sabihin sa kanila ni Jesus na 'yung mga dahi-dahilan nila ang pumatay noon sa mga propeta, at pumatay sa mga matutuwid na dumating. Mas tinanggap kasi nila ang mga kredo na laan sa kanila ng tao, sa halip na ang tanggapin ay ang Salita ng Diyos. At, sa ginawa nilang ito, ay pinawalang kabuluhan nila ang Salita ng Diyos.

⁴³ Ngayon, alinman 'yan kasi sa sasabihin mo, rito, na *Ito* ang kalooban ng Diyos at ninanais ng Diyos, o kaya'y kung anong bagay lang na puwede mong tabasan, na mas mainam daw sa kung ano *Ito*. Ngayon, kailangan mong pumili't pumanig dun sa isa o dun ka sa isa. Di mo puwedeng pagsilbihan ang Diyos at ang kayamanan. At kinakailangan mo mismong sabihin na, “Ito ang Katotohanan,” o “Bahagi 'yan ng Katotohanan,” o “Hindi Ito buong Katotohanan,” o “Di tama ang pagkakalakip Dito,” o “Mali ang pagkakapaliwanag Dito.”

At sinabi na mismo ng Biblia, na, “Ang Salita ng Diyos ay di nagmumula sa sariling pagpapaliwanag.” Walang kahit sino ang may kakahintulutan na magbigay ng pakahulugan Dito, Ito kasi'y naisulat na sa paraan na nilayon ng Diyos na Ito'y maipaliwanag. Kung ano mismo ang sinasabi Nito, Roon, 'yun

na 'yun mismo. Tanggapin n'yo lamang Ito sa paraan kung paano Ito sinabi, sa paraan kung paano Ito naisulat Dito.

⁴⁴ Ngayon, ang ginawa nga nila'y tinanggap nila ang kanilang mga kredo. Ibinunsod nila na ang mga pangako ng Diyos ay mawalan ng kabuluhan sa kanila. Lumihis sila Roon. Umalis sila sa pagkakalinya Rito.

⁴⁵ Ngayon, kung nagawa lang sana ng Rusya na tanggapin 'yung pentecostal na Pagpapala, pitumpu't limang taon na ang nakararaan, nung ang Espiritu Santo'y bumaba noon sa Rusya, di sana sila komunista ngayon. Ngayon, pitumpu't limang taon ang nakararaan, nagkaroon sila ng dakilang rebaybal sa Rusya. Dumating sa kalagitnaan nila ang Diyos, at nagkaroon sila ng malalaking rebaybal, hanggang doon sa Siberia. At ano mismo ang ginawa nila? Tinanggihan nila Ito. At ngayon, ang bansa na 'yun ay napunta sa kawalan, at 'yung mga kaiglesyahan dun ay di sila puwedeng maging iglesya, maliban na may pahintulot. At tiyak na hahantong at hahantong sila sa paghatol. Anupa't napadpad sa matinding pagliligalig ng komunismo; naipagbili sa diyablo.

⁴⁶ Limampung taon ang nakararaan, ang Espiritu Santo nga'y bumaba noon sa Inglatera. At di katagalan pagkatapos lamang nun ay dumating sina George Jeffreys, at F.F. Bosworth, at Charles Price, Smith Wigglesworth, 'yung mga magigiting sa pagbabaka para sa pananampalataya dun, limampung taon ang nakararaan, at inalok mismo sa Inglatera ang Espiritu Santong rebaybal. Pero anong ginawa ng mga tao roon? Pinagtawanan sila, ibinilanggo sila, binansagan silang mga baliw, iniisip nung mga tao na nawawala sila sa katinuan ng pag-iisip. Yung mga kaiglesyahan ay tumangging pumunta roo't pakinggan sila. At doon nga'y nagpagaling sila ng mga maysakit, at nagpalayas ng mga diyablo, at nagpamalas ng dakilang mga gawa. At dahil sa ang Inglatera, bilang isang bansa, ay tumanggi sa Ebanghelyo, ang kanyang—kanyang mga kasalanan ay nalantad sa buong mundo. Wala na ngang mas—mas gragrade pa na anupamang bansa na ganap na tumalikod, maski ibilang pa ang Roma at Pransya, kaysa sa Inglatera. Siya ang ina ng apostasiya. Kahit na doon na mismo'y sina Finney at marami pang magigiting na kalalakihan ang nangaral, sa—sa Haymarket, at hayan nga sina Charles G. Finney, at Wesley, at Wesley, at marami pang iba, at sa kabila nun ay tinanggihan pa rin niya Ito.

⁴⁷ At ngayon, maski nitong nakaraang sanglinggo, o dalawa, sa mga pahayagan, makikita n'yo roon na 'yung dati nilang magigiting na kalalakihan ay talagang rumupok na't natangay sila mismo dahil sa—sa pang-aakit lang ng babae, hanggang sa inimestigahan ito ng mga espiya. At marami sa kanila ang nasadlak sa ganoon na natuklasan ng kanilang pinaka pinuno. Nailathala 'yun sa mga magasin. Hayun ang mapanirang-puri nilang kasalanan, doon mismo sa gobyerno nila, na ang nasira

nilang pangalan ay balitang-balita mismo sa buong mundo. Bakit? Tinanggihan kasi ng bansang 'yun ang Katotohanan. Nagdahilan siya noon, at kaya naman tapos na siya ngayon. Sirang-sira na ang Inglatera, sa Diyos, matagal nang panahon. Kung . . .

⁴⁸ Ang Amerika, labing-limang taon ang nakararaan, noong ang dakilang rebaybal ng pagpapagaling ay tumugaygay mula nung pentecostes, noong magsimula ito sa bansa, at nagkaroon mismo ng mga pagrerebaybal sa kapitolyo, sa Washington, DC. May mga presidente, mga bise-presidente, kilalang mga tao, mga gobernador; maraming dakilang mga bagay ang nangyari, may mga gobernador at—at mga kalalakhian na nagsigaling. Katulad na lang, ni Kongresista Upshaw na baldado ng—ng animnapu't anim na taon noon, at sa kabila nun ay nagawa pa rin nilang ibaling sa kabila ang kanilang mukha at sabihin na wala raw 'yun. Haya't nangyari na mismo sa pinaka harapan nila, pero tinanggihan pa rin nila Ito.

⁴⁹ At, ngayong gabi, 'yan mismo ang dahilan kung bakit ang bansang ito'y napag-iwanan na. Tiyak ang kapahamakan niya. Wala na ritong kapaga-pagasa, kahit na ano pa. Tinawid niya ang hangganan ng kahalutalan at awa. At siya ang humalal sa mga iniluklok niya rito, para kontrolin ang bansa. At siya'y bulok na bulok, hanggang sa pinakaloob. Ganoon na lamang kabulok ang kanyang pulitika. Ang moralidad ng bansang ito'y sayad na sayad na mismo kaysa sa anupamang iba na naiisip ko. At ang sistema niyang pangrelihiyon ay may mas ibubulok pa pala kaysa sa kanyang moralidad. Ibinunsod niya, dahil sa ginawa niyang ito, na haya't naisapi niya ang kanyang sarili, ang lahat ng mga kaiglesyahang ito, at ang buong bansa, sa kapisanan na 'yun ng mga kaiglesyahan, at tinanggap ang tanda ng hayop. Grabe ang nangyari! Bakit? Binigyan na sila ng Diyos ng pagkakataon, "Halikayo sa Aking piging," ang piging ng pentecostes, na ang ibig sabihin ay "limampu."

⁵⁰ Noong ibuhos ang Espiritu Santo sa Rusya, inanyayahan sila noon sa piging ng pentecostes, espirituwal na piging, at kanila Itong tinanggihan. Ang Inglatera, noong ang Espiritu Santo'y ibuhos sa kanila, haya't tinanggihan nila Ito. Ang Amerika, ibinuhos sa kanila ang Espiritu Santo, at kanila rin namang tinanggihan Ito.

⁵¹ Tatlong beses Siyang nag-anyaya. Tatlong beses, Siyang nagsugo, at di sila nakinig sa piging. Tapos nagsugo Siya uli, at ang sabi Niya, "Pumaroon ka at pilitin mo ang mga taong iyon na magsipunta. Ihahanda na mismo ang dulang. Nakahanda na ang hapag. Maluwag pa." At naniniwala po ako, na, marahil, marahil sa loob ng ilang buwan, o kung ano, o taon, o anuman, ang Diyos ay magpapadala ng isa na namang pagliliglig sa buong bansa, dahil mayroon pang ilan diyan, sa kung saang lupalop, na Binhi mismo na predestinado, na kinakailangan lang masinagan

ng Liwanag, sa kung saang dako, kung saang lupalop ng mundo. Ang bansa, mismo, ay napadpad na talaga sa kawalan.

⁵² Tinitingnan ko po 'yung lathala para sa linggong ito ng *Life* magasin; dun sa, buveno, dun sa Little Rock, nung isang araw, o, doon po pala, sa Hot Springs. At nakita ko roon, sa pagkaka alala ko'y isang gobernador po raw ng estado ng New York, na may kasamang mahalay na mananayaw sa Honolulu, siya raw ay nakikipagsayaw dun sa babae. Ngayon. . . At mangyari ring, sa ibaba lang nung artikulo, ay isa na namang kilalang lalaki. oh, grabeng kahihyan! Tingnan n'yo ang bansa natin ngayon. Tingnan n'yo ang kondisyon ng ating—ng ating bansa. Tingnan n'yo kung saan na siya napadpad, kung gaanong kababa ang kanyang pinagka-sadlakan.

⁵³ Tingnan n'yo ang sistemang pangrelihiyon natin ngayon. Papaanong nalugmok ang mga kaiglesyahan sa kondisyon na kanila mismong kinasasadlakan ngayon? Haya't dahil nga sa pagtangga nila't pag-ayaw sa Mensahe ng Diyos, sa paanyaya na pumaroon sa piging. Matatawag n'yo bang ang buhay na katulad n'yan ay karapat-dapat sa Ebanghelyo? Matatawag n'yo ba 'yan na buhay, na hayan sila na hinahayaan lang nila't pinahihintulutan pa mismo ang kanilang—kanilang mga tao na gawin ang mga bagay-bagay na 'yan, na manigarilyo?

⁵⁴ Nung isang araw, dito lang, sa isang iglesya, may munting koponan dito sa paliga na naglalaro sa may beysbolan, at 'yung maliit na anak na lalaki ng bayaw ko ay pitcher para sa isa sa mga koponan. At hayun nga ang bata na pitcher dun, at may paliga roon ng simbahan na naglalaro. At naroon 'yung pastor, kasama nung munting mga bata sa beysbolan, naglalaro. At 'yung pastor pong ito ay sigarilyo nang sigarilyo, taga-rito pa naman ang simbahan niya malapit sa atin. At maiisip n'yo ba na ang isang lalaki. . . At maging 'yung mga tao na nanonood ng laro dun ay kitang-kita nila 'yun. Pero naging karaniwan na lang 'yun na di na 'yun pinapansin ng mga tao.

⁵⁵ May isa pong kilalang iglesya, isang iglesyang Baptist, na alam ko, na pinapalabas nila pansumandali ang mga dumadalo mula sa Sunday school, nang mga labing-limang minuto, para 'yung pastor at lahat sila roon ay makatambay sa labas at makapanigarilyo, bago sila bumalik sa loob para maglingkod sa gawain ng Panginoon. Si John Smith, na nagtatag noon ng iglesyang 'yun, haya't nagpakalalim siya sa pananalangin, na ang Diyos ay magpadala nawa ng isang rebaybal, na anupa't ang mga mata nga niya'y namugto na di na niya maimulat 'yun nung gabing 'yun, at kinakailangan na siya mismong akayin ng kanyang maybahay papunta sa hapag at subuan siya gamit ang kutsara. Mistulang. . . Mapapabalikwas ang lalaking 'yun sa libingan niya kung malalaman niya kung ano nang kalagayan ang kinahantungan ng iglesyang 'yun. Ano 'yun? Inanyayahan na sila noon na pumaroon, at tinggihan naman nila. Yun lang.

At kung maaalala n'yo, sinabi ni Jesus, dito, na sila roon na mga inanyayahan, at tinanggihan ito, ay di makatitikim sa Kanyang hapunan.

⁵⁶ Kapag isinusugo ng Diyos ang Espiritu Santo't tumutuktok sa pintuan ng tao na 'yun, at sasadyain ng tao na 'yun na Ito'y tanggihan, darating at darating ang araw na 'yun na pala ang huli niyang pagtangi Rito, at pagkatapos di ka na maituturing na isang tao na nabiyayaan ng pagkakataon. Gawin mo man na maupo sa loob ng simbahan at makinig sa Ebanghelyo, at sige't sumang-ayon sa Ebanghelyo. Na gagawin mo nga 'yun na heto ka na sasabihin mo, "Alam kong tama Ito," pero di mo naman maingat ang daliri mo Rito, para itaguyod Ito, sa sarili mo. Kita n'yo? Nakikinig lang kayo Rito, na hanggang salita lang kayo, "Naniniwala naman ako na tama Ito." Nakikisimpatiya lang kayo Rito.

Puwede ko kasing sabi-sabihin lang, "Naniniwala ako na sampung libong dolyar *'yan*." Pero di ibig sabihin nga'y kamit-kamit ko na agad 'yun. Kita n'yo? Magagawa kong sabihin na, "Ang sarap naman ng malamig na tubig na *'yan*," pero tatangi namang inumin 'yun. Nauunawaan n'yo naman siguro ang ibig kong sabihin?

At ang Buhay na Walang Hanggan po ito. At ang tumanggi na kumilos para rito, haya't isang araw lalampas at lalampas ka sa hangganan ng kahatulan at awa, at tapos mawawalan ka na ng pribilehiyo na makalapit at tanggapin Ito.

⁵⁷ Sa inyo na mga taga-rito na mga dumadalo rito. Di ko na saklaw 'yung iba pa na . . . o—o dun sa iba na may mga ibang mga ministro na nangungusap sa kanila. Pero, yamang Ito ay tama, utang n'yo ang buhay n'yo Rito. Ano pa bang higit na inyong masusumpungan, na mas higit na pakinabang sa inyo, kaysa sa ang malaman na maaari n'yong matamo ang Buhay na Walang Hanggan?

⁵⁸ Ano kaya kung namimigay po ako rito ng mga kapsul, na, napatunayan ng siyensiya, napatunayan mismo ng siyensiya na ang kapsul na ito'y makapagdudulot sa inyo na mabuhay ng sanlibong taon? Buweno, ako—ako nga'y mangangailangan ng hukbo ng mga sundalo rito, at para kumontrolin ang mga tao na makalapit. Hindi n'yo na nga kailangang magtagaw pa para sa pagdulog sa altar. Magpupumiglas at magpupumiglas ang mga tao para lang makauna rito, para makapamuhay ng sanlibong taon.

At, sa kabila nun, pinatunayan na mismo ng siyensiya na ang Diyos na Walang Hanggan, ang buo Niyang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, na nag-iiwan sa inyo ng pangako ng Buhay na Walang Hanggan, hayan nga si Satanas na maglalagay ng mga pulutong sa dako ryan at pipigilan kayo na makalapit Dito. Kita n'yo? Sa kabila nga nito, hayan nga na

magagawa n'yo namang tumingin, at sapat ang kamalayan n'yo para tumingin mismo sa harap Nito at makikita n'yo na tama talaga Ito, pero sa kabila nun ay tinatanghian n'yo pa rin Ito. Kita n'yo?

⁵⁹ Kung anu-ano po, laging may dahilan. “Napaka init. Pagod na pagod ako. Sige pupunta ako, bukas.” Laging may dahilan, 'yun nga ang ginagawa nila. Dahil sa pagtangi na 'yan sa araw ng pagdalaw, inihihiwalay kayo nito mula sa Diyos.

⁶⁰ Ngayon, mapapansin natin. At, sa Lumang Tipan, mayroon sila noong tinatawag na taon ng jubileo. Panahon 'yun na lahat ng mga tao, na mga alipin, ay makalalaya kapag ang hudyat ng jubileo ay pina-alingawngaw. At kung ang isang tao ay di lalabas, na may kung anong dahi-dahilan siya na ibibigay niya, na kesyo ayaw raw niya halimbawang bumalik sa lupain niya, haya't mamarkahan nga siya sa tainga niya, gamit ang isang pambutas, sa may haligi ng templo. At pagkatapos kahit na gaano pang karaming jubileo ang magdaan, ang tao na 'yun ay di na kasali't naipagbili na. Hinding-hindi na siya makabalik bilang isang mamamayan ng Israel, kahit kailan. Ano 'yung nagawa niya? Tinanghian niya ang paanyaya sana sa kanya. Di na sana niya kailangang magbayad pa ng kung ano. Yung mismong kabayaran ng kanyang pagkaalipin ay tapos na sana. Malaya na ang pamilya niya. Magagawa na niyang bumalik sana sa lupang-tinubuan niya at kamtin ang kanyang sariling pagmamay-ari. Pero dahil sa pagtangi rito, haya't nawalan na siya ng pagkakataon na makabalik sa Israel, at ang pagmamay-ari niya sana'y ibibigay na tuloy sa iba.

⁶¹ Ngayon, kung papaanong ganun 'yun sa natural ay ganun din ito sa espirituwal. Na, kung tayo, na mga tagapagmana ng Walang Hanggang Buhay, at narinig na natin ang Ebanghelyo at nalaman na natin na Ito'y totoo, at tatanghian naman natin Ito, at tatangi na ipamuhay ito o makinig Dito, yaong tanda ng hayop nga ang tinatanggap natin.

⁶² Ngayon, may nagsabi, “Ngayon, may darating na—na tanda ng hayop, darating ito isang araw.” Sasabihin ko nga sa inyo. Nandito na. Kita n'yo? Sa mismong sandali na ang Espiritu Santo ay mag-umpisang bumaba, ang tanda ng hayop ay nag-uumpisa na rin. Kita n'yo.

⁶³ Dalawa lang naman kasi 'yan na mapagpipilian n'yo. Isa na rian, ang, tanggapin Ito, tanggapin mismo ang Tatak ng Diyos. Ang tanghian naman Ito'y tanda ng hayop. Ang tanghian ang Tatak ng Diyos ay ang pagtanggap sa tanda ng hayop. Lahat po ba'y nakakaunawa? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang tanghian ang Tatak ng Diyos ay pagtanggap na mismo sa tanda ng hayop. Dahil, sinabi ng Biblia, “Ang lahat ng di natatakan ng Tatak ng Diyos ay tumanggap na sa tanda ng hayop.”

64 Sa pagtunog ng pakakak, haya't ang lahat ng nagnanais na maging malaya ay makahahayo. Sila naman na mga ayaw, ay tinatakan.

Ngayon, makikita n'yo, ang tanda ng hayop, kung tayo'y mabibigyan ng panahon na mapangusap uli ito sa hinaharap, ay dito nga sa sandaling ito mahahayag, kapag napagtanto n'yo na ang bagay na nagawa n'yo. Kita n'yo? At ganoon din ang Espiritu Santo, Ito nga'y mahahayag. Kapag nakita na natin ang Panginoong Jesus na dumarating mismo sa kaluwalhatian, at nararamdaman mo na mismo 'yung kapangyarihang 'yun ng pagbabago ng katawan, at makikita natin ang mga patay na bumabangon mula sa libingan, at bigla nating malalaman na wala pang isang segundo, tayo'y mababago at magkakaroon ng isang katawan na katulad ng sa Kanya. Ito'y mahahayag. Pagkatapos, ang makita sila na mga tumanggi Dito, na naiwan dito, doon.

65 Hindi ba't sinaysay noon ni Jesus ang tungkol dun sa mga dalaga na kakatagpo kay Cristo? Ang ilan sa kanila'y natulog, dun sa unang pagbabantay, pangalawa, pangatlo, pang-apat, panglima, pang-anim, hanggang sa ikapitong pagbabantay. Mangyaring, dun sa ikapitong pagbabantay, haya't dumating ang tunog, "Narito, ang Lalaking Ikakasal. Lumabas kayo para salubungin Siya." At 'yung mga natutulog, ay nagising. Lahat mismo ng kapanahunan pabalik, hanggang sa Pentecostes, ay nagising. Kita n'yo? Mula sa ikapitong kapanahunan, ikapitong kapanahunan ng iglesya, pabalik sa simula, ay nagising. At sila na narito sa kapanahunan ng iglesyang ito, na nabubuhay, sila nga'y pinagbagong katawan. At pumasok sila roon.

At sa mismong oras na pumasok sila, naroon nga ang mga dalagang natutulog at ang sabi, "gusto naming bumili ng ilan sa Langis ninyo."

66 Pero ang sabi nila, "Sapat lang sa amin ang mayroon kami. Magpunta kayo roon sa kanila na nagbebenta Nito."

"At samantalang sinisikap nila na makatanggap ng Langis na ito, ang Lalaking Ikakasal ay dumating." Ni kailanman sa kasaysayan ng mundo ay di pa nangyayari ito, na ang mga Episcopalian, mga Baptist, Methodist, Presbyterian. . . Laganap mismo sa mga pahayagan. Pinupuri mismo ng mga pahayagang ito ng relihiyon ang Diyos, na ang sabi'y ang mga natutulog na mga dalaga'y nagsisikap mismo ngayon na makatanggap ng pentecostes, sinisikap na matanggap ang Espiritu Santo. At di ba nalalaman ng mga tao na di na 'yun mangyayari pa, batay sa Salita ng Diyos? "Samantalang sinisikap nilang makabalik, dumating ang Lalaking Ikakasal at kinuha na ang Nobya. At sila mismo'y itinapon sa kadiliman sa labas, para sa paghatol," dahil tinanggihan nila noon ang kanilang paanyaya.

67 Ang lahat nama'y inanyayahan na makaparoon. Ang Diyos, sa bawat kapanahunan, ay nagpadala ng Kanyang Liwanag, at Ito'y tinanggihan.

68 At, ngayon, itong panahon ngayon ay di kaiba sa ano pa mang ibang panahon, na tumatanggi sa araw ng pagdalaw. Kapag ang Diyos kasi'y bumibisita sa Iglesya at sa mga tao, dapat n'yong tanggapin Ito agad. Huwag n'yo nang ipagpaliban pa't sa susunod na taon na lang, sa susunod na rebaybal. Hayan na mismo ang oras, "Ngayon na ang araw ng kaligtasan."

69 At alalahanin, ang Diyos ay di nagpadala ng Mensahe, sa anumang panahon, maliban sa kung ano mismo Ito na Kanyang pinagtibay sa pamamagitan ng sobrenatural. Sinabi ni Jesus, Mismo, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan. Subalit kung Aking ginagawa ang mga gawa, sampalatayanan ninyo ang mga gawa kung di ninyo Ako masampalatayanan," at samantalang hayan nga ito na kitang-kita n'yo na kay linaw-linaw at—at inihayag na mismo.

70 Ngayon dumating na nga ang panahon na tinanggihan niya Ito, pagkatapos ay binutasan na ang tainga niya ng pambutas, kaya naman di na niya magagawang makinig pa Rito. Ngayon hayan nga siya na ipinadpad niya ang sarili sa kapisanan ng mga kaiglesyahan, na direktso patungo dun para tanggapin ang tanda ng hayop.

71 "Isa sa matayog na mithiin," may nakapagbigay nga nung babasahin na 'yun sa akin ngayon lang, na ang sabi ng bagong papa, "ay ang pagkaisahin ang mga kaiglesyahan na magsama-sama." Gagawin at gagawin nga nila 'yun nang sintiyak na ako po'y nakatayo rito. At nahulog diyhan ang mga Protestante. Kita n'yo? Dahil, ang iglesya. . . Sinabi ng Biblia, ni Pablo, ang propeta ng Panginoon, ang sabi, "Di darating ang araw na iyon maliban na maganap muna ang pagtaliwakas, unang-una, at pagkatapos ang. . . bago mahayag ang taong makasalanan. Siya na nakaupo roon sa templo ng Diyos, na itinataas ang kanyang sarili, sa lahat na animo'y mataas pa sa Diyos; na siya, ay gaya ng Diyos," na nagpapatawad ng kasalanan dito sa lupa, at kung ano pa. Mangyari mismong nagaganap ito! Pero hindi nga ito magaganap kung wala munang pagtaliwakas, na hahantong na ang iglesya'y unti-unting mapapalayo mula sa espirituwal na piging, ilalayo ang kanyang sarili at iorganisa ang sarili. At pagkatapos ang kapahayagan nga'y di mananatili sa iglesya.

72 Pagkatandaan, ang Israel ay lumakad noon, araw at gabi, sa pamamagitan ng Haliging Apoy. Sa pag-usad ng Haliging Apoy na 'yun, sila'y umuusad kasama Nito. At alalahanin, Iyon nga'y Apoy sa gabi, at Ulap kapag araw. Kaya Ito'y puwedeng dumating, araw man o gabi, anumang oras. Pero, saan mang dako Ito, may inihandang handog na pantubos, nang sa gayon di

nila mapalampas na makita Ito. Isa nga Itong Liwanag sa gabi, at Ulap naman kapag araw, at kanila Itong sinusundan. Siyanga, po. Ang siya ring bagay!

⁷³ Nakita Ito ni Martin Luther. Anong ginawa niya? Lumabas siya mula sa Katolisismo. Pero ano namang ginawa nung mga tao noon? Nagtayo sila sa palibot ng munting bakod, ang sabi, “Kami’y mga Lutheran. Ito na ’yun.”

⁷⁴ Pagkatapos nakita Ito ni Wesley na umuusad mula roon. Siya nga’y sumunod. Anong ginawa nila? Nagtayo sa palibot nun ng munting bakod, ang sabi, “Ito na ’yun.” Ano mismo ang ginawa nung Liwanag? Umusad, uli.

⁷⁵ Nakita Ito ng Pentecostal. Anong ginawa nila? Lumabas mula sa Wesleyan at mga Nazarene, at iba pa. Anong ginawa nila? Nagtayo sila sa palibot nun ng munting bakod, sinasabi, “Kami’y oneness,” at “Kami’y trinity,” at “Kami’y United,” at lahat ng ito. Anong ginawa Niya? Ang Diyos nga’y umusad palayo mula roon. Kita n’yo?

⁷⁶ Hinding-hindi tayo puwedeng magbakod. Kinakailangan nating sumunod, araw-araw, oras-oras sa kada araw, bawat hakbang mismo sa daan. Kinakailangan nating mapangunahan ng Panginoong Jesus Cristo. Kung hindi, isang buhay na maka-organisasyon lang ang tinatanggap natin. At ang buhay na di sumusunod kay Cristo, araw-araw, ay di karapat-dapat.

⁷⁷ Ang isang tao na Cristiano kapag Linggo, at dumadalo ng simbahan, mauupo roon sa likod at sa isip-isip niya’y parang kanya ang iglesya dahil nagagawa niya ’yung *ganito, ganoon, o kung ano pa*, at tapos pagdating ng Lunes at magnanakaw at magsisinungaling. At heto ang mga kababaihan na nagpupunta sa mga pampublikong dalampasigan, at—at sa mga lansangan, na ang suot-suot ay imoral na mga damit!

⁷⁸ Naiisip ko nga ang—ang unang ginang, na di naglagay ng kolorete, sa pagharap niya dun sa papa; at sa pagbalik naman, ay haya’t nagpauso ng pinalobong-gupit sa mga kababaihan ng bansang ito. At hayan din ang mga bestida, na, noong siya’y naging nanay, bawat isa sa mga kababaihan ng bansang ito’y biglang nahilig na gusto nang magsuot ng pang-nanay na damit na ’yun. Ganoon nga. Nagkakaroon ng tinutularan. At alam nila na ’yung mga tao’y gagaya’t gagaya mismo. Mistulang ibinibihis nila ang espiritu ng sanlibutang ito. At hindi ’yan nababagay sa Iglesya ng buhay na Diyos.

⁷⁹ Ang dapat sanang tingalain ng mga kababaihan ay si Jesus Cristo. Ang dapat n’yong tingalain ay si Sarah at sila roon sa Lumang Tipan.

⁸⁰ Ngayon, napadpad sila nang husto na . . . Nangangaral ako nung isang gabi, sa isang dako, tungkol sa mga kababaihan na nararapat lamang silang sumunod sa asawa nilang lalaki. Sumunod? Siyanga. Matagal na itong nawala sa kinaugalian ng

pagkakasal, matagal nang panahon ang nagdaan. Pero di nga sila tatalima roon. Hindi, po. Dito sila nakatira sa Amerika, at titiyakin nila na alam n'yo 'yun. Hinding-hindi sila susunod. Kaya naman, hangga't hindi kayo tumatalima roon, huwag na huwag n'yong matatawag ang inyong sarili na isang Cristiano, dahil hindi kayo ganoon. Di ko alintana gaano man kayong nakakasayaw at nakakapagsalita ng iba't ibang wika, kung di kayo sumusunod sa asawa n'yong lalaki, wala kayo sa kalooban ng Diyos.

⁸¹ Ang isang babae na nagsusuot ng shorts at ginagawa ang mga bagay-bagay na ito na ginagawa niya sa lansangan, huwag na huwag n'yong matatawag ang sarili n'yo na isang Cristiano. May paghahangad nga kayo sa sanlibutan at gusto n'yo pa ring kumapit sa pagpapahayag n'yo. Hindi n'yo 'yan magagawa sa Presensya ng Diyos, kung may lubos na kabatiran kayo na ang bagay na 'yan ay di dapat gawin.

⁸² Pansinin, “binutasan sa tainga,” minarkahan, kaya naman di na kayo makaririnig pa. Tandaan, tanda 'yan ng pagsasara ng tainga. Di n'yo na Ito maririnig pa. Hindi ka na makikinig. Hindi mo na magagawa, na gawin ito muli.

⁸³ Oh! “Ang babaing ito'y di naniniwala *Riyan*.” Oh, naku! “huwag mong sabihin 'yan tungkol sa kanya. Siya nama'y naniniwala rito.” Hindi. “Hanggang salita lang 'yang sinasabi niya sa . . .” Ang totoo'y wala siya talagang kabatiran tungkol Dito. Papaano na ang isang—isang binibini. . . Sige't tatanungin ko lang kayo, papaano na ang isang binibini. . .

Katulad na lang nung ipinangusap ko nung isang Linggo, nitong nakaraang Linggo ng gabi, tungkol dun sa “kumikislap-kislap na pulang ilaw,” kung papaanong ang—ang—ang usad ng kababaihan ngayon ay naging mas nakabibighani pa kaysa sa nung una. Ngayon, di po 'yan—di po 'yan laban sa kababaihan, siyanga, mistula lang na . . . haya't ganoon na lamang kasi ang pagmamanipula niya rito. Kita n'yo? Na . . . Humantong siya sa ganoong kalagayan, na nalagay niya ang sarili niya sa isang tukso, katulad ni Eba nung siya'y inilagay sa harap nung puno.

⁸⁴ Bawat tao, bawat anak na lumalapit mismo sa Diyos, ay kinakailangan na dumaan sa oras ng pagsubok. Ito nga ang panahon ng kababaihan ngayon, narito nga ang bansa ngayon, kung saan ang babae'y kinakailangan na dumaa't sumuong sa pagsubok na 'yun. Sa kabila ng pagiging magandang babae niya, at kikilos na katulad sa isang kapatirang babae, haya't ang pagpapala ng Panginoon ay sumasa kanya. Pero kapag sa—sa kaalaman niyang 'yun tungkol sa kanyang sarili, at ilalantad niya ang sarili niya, walang pasubali na ang mayroon siya sa loob niya ay—ay masamang espiritu. Di man niya sinasadya na maging ganoon siya, sa tingin ko nga, marami sa kanila ang di 'yun sinasadya. Pero di nila 'yun namamalayan.

⁸⁵ Makapagsasabi ka ba sa akin na may kung sinong disente, na mag-isip na kababaihan na ganoon ang isusuot niya, na mga kay iiksing damit na isinusuot nila riyang sa lansangan?

⁸⁶ May dalawa po akong anak na babae na nakaupo riyang. Di ko po alam kung saan sila na mga kabataang ito hahantong sa hinaharap. Akin lamang silang ipinapanalangin talaga. Itong mga kabataan, ngayon, di mo talaga. . . Di mo masabi. Di ko alam. Di n'yo masasabing di sila mahahawa sa ganoon. Haya't kinakailangan talaga nilang tumayo sa dalawa nilang sariling mga paa, sa harap ni Jesus Cristo, at managot. Di ibig sabihin na awtomatikong susunod sila sa kung ano. . . sa—sa kung ano ang sinasampalatayanan ko, at sinasampalatayanan ng kanilang pong nanay. Di ko alam kung ano ang ikikilos nila. Pero heto nga na desidido ako, na sa oras na ito, kung ang mga kabataang babae na ito'y magpupunta sa lansangan, na ganoong klase ng mga damit ang suot-suot, tapos may isang lalaki na sisipol sa kanila, sa pagsuot nila nang ganoon, sa palagay ko nga, kahit na may pagkakataon pa ako, hinding-hindi ko masisisi 'yung lalaki. Siyanga. Yung mga kabataang babae ang sisisihin ko. Di nila kasi dapat gawin ang ganoon.

⁸⁷ Pakinggan n'yo. Kung iniisip ng tao, at itinuturo pa nga nila ito na, "Ang tao ay di iba sa hayop. Nagmula siya sa lahing hayop." At kaya tingnan n'yo, siyanga, kapag dadalhin mo ang tao roon sa labas na itutulad sa. . .

⁸⁸ Dalhin mo kunwari ang isang aso sa isang munting babae na kauri niya sa isang pagkakataon, halimbawa sa mga bakod at sa kung saan pa, yamang ang babaing kauri ay nasa ganoong kondisyon; mga baboy, baka, at kahit anong hayop. At kung sinasabi na tayo'y buhay-hayop; na, tayo naman nga'y ganoon, sa pisikal na aspeto. At kaya naman kapag ang isang babae ay ilalantad niya ang sarili niya ng katulad nun, pinapatunayan lang niya na ganoon na ganoon ang uri niya sa munting aso, o 'yun na 'yun, mismo, dahil di dapat niya ginagawa 'yun kung tutuusin. May kabatiran siya. Itinuturo ng kalikasan na siya'y talagang titingnan ng kalalakihan. At sinabi mismo ng Biblia, "Ang bawat tumitingin sa isang babae na may pagnanasa ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kanyang puso kasama ang babae."

⁸⁹ Yun ang inilalagay na oras ng pagsubok. At pinabibighani mismo ng diyablo ang mga kababaihan, at hinuhubaran sila, at ilalagay sila roon, para subukin kayo. Mga kalalakihan, ipaling n'yo palayo ang inyong mga ulo. Kayo'y maging mga anak na lalaki ng Diyos. Kababaihan, magsipagdamit kayo na kagaya ng mga anak na babae ng Diyos. Huwag n'yo nang hintayin na pananagutin kayo dahil sa pangangalunya sa ibayo sa Araw na 'yun.

⁹⁰ Kung ang babae na 'yan, gaano pa siyang kainosente . . . Na wala nga siyang nagawang anumang kamalian, ni di pumasok sa isip niya na manadya siyang gumawa ng mali. Pero kapag ang makasalanan na 'yan ay titingin sa mabikas na hubog ng babae na 'yun (yamang nalalaman niya na isa siyang lalaki, at ang kasariang pambabae ay ibang . . . iba ang glandula nun, at ang sa lalaki nama'y iba rin), at ang makasalanan na 'yun ay mananagot mismo sa bagay na 'yun sa Araw ng Paghatol: Sino ang may gawa? Sino ang sisihin? Aba'y hindi ang lalaki. Ikaw. Hayan ka kasi, na imoral.

⁹¹ Tingnan n'yo na lang ang bansang ito. Noong araw, noong sila'y—sila'y nagpauso ng damit na mataas pa sa tuhod ang ikli, sumusulat pa tayo sa Paris para makakuha ng ganoon. Ngayon, Paris na mismo ang sumusulat dito para makakuha ng ganoon. Humantong na sa ganoong karumihan na di na makasabay dun ang Paris. Siyanga. Ang buong . . . Bakit? Tinanggihang kasi ang Ebanghelyo. Bakit?

Kung tutuusin wala Nito ang Paris. Sandaang porsiyentong Katoliko sila roon. Di makapasok doon ang mga Protestante. Tingnan n'yo na lang si Billy Graham. Sa palagay ko may anim na raan lang na Cristiano sa buong Paris, sa milyon-milyong taga-roon, aanim na raan lang ang mga Cristiano, Protestante. Di nga puspos ng Espiritu Santo ang mga ito. Ganap na mga Protestante pa lang, animnaraan sila, sa milyon-milyong maka ilang milyon dun. Di sila nabigyan ng pagkakataon kung Ito ba'y tatanggihang din nila.

⁹² Samantalang ang mga tao rito'y may Ebanghelyo. At hayan sila na nagsilihis palayo sa Mensahe at sa Ebanghelyo na saksi naman silang ipinamalas mismo, ginagawang katatawanan Ito dahil sa kung anong matandang patutot na doktrina na tumali sa paligid nila; at hayan ang ilang pastor na tatayo sa pulpito, na mas inaalala pa 'yung dolyar at tseke na ipambabayad sa kinakain niya sa halip na inaalala niya ang kaluluwa, ng mga taong pinapangaralan niya, siyanga, 'yun nga ang nagbunsod. Ngayon siya na mismo ang pasimuno sa mundo.

⁹³ Naaalala n'yo, di pa katagalan, dito sa may tabernakulo. Ako'y nangaral tungkol sa isang paksa, halos dalawampung taon na ang nakararaan, "Ipakikita ko sa inyo ang diyosa ng Amerika," at hayun mismo ang isang babaing pakawala na naroon, nakaupo kasama nun. Yun nga 'yun. Ngayon kanilang, lalaspin 'yun. Lalaspin at lalaspin nila ang minimithi nila. At lalaspin nila 'yun. Siyanga.

⁹⁴ Hindi. Hindi talaga nila ito sasampalatayanan. Hindi, po. Ipaalam nila sa inyo na anupa't mga mamamayan sila ng Amerika, at may karapatan daw sila na—na kumilos sa paraan na gusto nila. Kung puwede lang sana . . .

95 Hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo. Sasabihin ko sa inyo ngayon. Hindi, po, hindi kailanman uubra ang pulitika. Hindi, po, hinding-hindi uubra ang demokrasya. Bulok na bulok ang demokrasya, hanggang sa kabutu-butuhan nito. Kung 'yun sana'y pagaganahin sa grupo ng ilang mga Cristiano, mainam sana. Pero kung ipaubaya n'yo 'yun sa mga taga-roon sa sanlibutan, ito nga'y magmimistulang panay layag at walang angkla. Ganoon mismo.

96 Tingnan n'yo ito rito, ngayon. Sige't bahala na lang kung ano ang maging kahinatnan, at sila nga'y magkikibit. . . Sige't bahala na kung ano, gagamit ng kung anong pamumulitika, at di man lang mapaparusahan kahit nakapatay na.

97 Noong mangaral ako sa dako roon, nung gabi na 'yun na sinisikap kong iligtas ang buhay ng dalawang kabinataan dun. Kung tutuusin sila'y nagkasala kung sa nagkasala. Maski 'yung abogado'y pumunta sa likuran ko, at sabi niya, "Tama." Sabi niya, "Di ako naniniwala na dapat nating kitilin ang buhay ng isang tao." Sabi niya, "Kung mapapansin n'yo sa mga talaan ng mga kriminal, sino ba ang napapatay sa mga silya-elektrika't ganyang mga bagay? Hindi ang mayayaman. Kaya niya kasing kumuha ng abogado't ilang koneksyon lang, may kung anong maruming pagmamaniyula, at kung anong maneobra *rito*, at kung ano naman *dito*, at manunuhol." Sabi niya, "Yung mga mahihirap na kabataan gaya nila, na walang sapat na pera para makabili man lang sana ng disenteng makakain, sila ang napaparusahan nun. Yung mga kagaya nila ang pinapatay dun sa kuryente, 'yung mga kagaya nila na mga di nakapag-aral na mga tao, at para makapagpataw lang ng parusang kamatayan."

98 Ang sabi ko, "Ang pinakaunang sadyang pagpatay ng tao na nagawa sa buong mundo, ay noong ang isang kapatid ay pumatay sa kapatid niya, at di kinitil ng Diyos ang buhay ng lalaking 'yun. Naglagay Siya ng marka sa lalaking 'yun, nang sa gayon ay walang sinuman ang kumitil sa buhay nung tao. Ganoon nga. Hayun nga ang Pinakamataas na Hukom."

At nakita ko kung paanong iniurong nila ang sintensya dun sa mga kabataan. Ngayon magpapagulong sila roon ng isa uling paglilitis. Mabuti't, habambuhay na pagkakakulong na lang ang magiging sintensiya nila ngayon, na pagdating ng labing-isang taon, ay marahil puwede na silang mabigyan ng parole pagkatapos. Sila'y nagkasala kung sa nagkasala. Tunay naman. Sila'y nagkasala. Tama lang 'yun na dalhin sila sa pambansang bilanguan, at masintensiyahan ng habambuhay, pero di 'yung kikitilin pa ang kanilang buhay. Walang sinumang tao ang may karapatan na kumitil sa buhay ng isa pang tao. Wala, po. Di ako naniniwala na tama 'yan. Hindi, talaga.

99 Oh! Sinasabi-sabi nila. . . Hayan nga't, di sila naniniwala na wala sila sa kalooban ng Panginoon, dahil 'yun lang 'yung

bagay na nalalaman nila, 'yun lang ang bagay na gusto nilang marinig. Ibinaling nila ang kanilang pandinig palayo mula sa Katotohanan, doon.

¹⁰⁰ Ni ang Egipto nga'y di nila matanggap-tanggap na 'yung grupo ng mga holy-roller sa dako na mababa ay ang kalooban mismo ng Panginoon. Paano nila magugustuhang paniwalaan ang isang lalaking baliw na pumaroon, mula sa ilang, na 'yung mga balbas niya'y nakalaylay pa nang *paganito*, at magsasabi, "Faraon, naparito ako sa Pangalan ng Panginoon. Palayain mo ang mga anak na ito"?

Sasabihin mismo ng Faraon, "Sino? Ako? Itaboy n'yo siya." Kita n'yo "Ako?"

"Kung hindi mo ito gagawin, hahagupitin ng Panginoong Diyos ang bansang ito."

¹⁰¹ Sa kabila nun, "Matandang baliw talaga, sige't itaboy n'yo siya sa kung saan. Paalisin n'yo. Masyadong hinurno na yata ng araw ang isip niya." Kita n'yo? Pero nagbunsod mismo 'yun ng kahatulan, dahil ang lalaking 'yun ay isang propeta't taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Siyanga mismo. Di nila 'yun gustong paniwalaan.

Di rin 'yun gusto ng Roma na paniwalaan, siyanga rin, pero ang bagay na 'yun ay talagang nangyari pa rin.

¹⁰² Ang Israel nga'y di nila gustong paniwalaan na hayun na mismo ang Mesiyas. "Papaanong napapaniwala sila, grupo lang naman—grupo lang naman sila na mga taga-Galilea?" Sinasabi, "Hindi ba't mga taga-Galilea lang naman silang lahat? Saan ba sila nanggaling? Ano bang klase ng kalipunan ng mga tao itong pinakikisamahan Niya? Yung pinaka dukha sa lahat ng mga tao ang pinakikisamahan, 'yung ganoong kalipunan ng mga tao ang sinasamahan Niya. Sila 'yung pumaparoon para makinig sa Kanya, mga mahihirap na tao, mga taong walang kaalaman. Ni di sila katangi-tangi. Di sila—di sila intelektuwal kagaya natin. Mga mahihirap lang sila." Maririnig n'yo nga ang ganyang uri ng pananalita tungkol sa rebaybal sa panahon na ito. "Ano bang klase ng kalipunan ng mga tao ang nakikinig sa kanila? Ano bang klase 'yung nagpupunta sa mga pagtitipon na 'yan? Ano bang klase ng mga tao sila?"

¹⁰³ May narinig ako noong lalaki, di pa katagalan. . . Buweno, siya po'y. . . Siya'y tatay-tatayan ni Hope. At nangungusap ako noon sa kanya tungkol sa bautismo ng Espiritu Santo. Sabi niya, "Ngayon, sino bang mapapaniwala sa bagay na tulad n'yan, maliban na lang siguro sa mga uri ng tao na dumadalo sa inyo roon?" Sabi niya, "Sige't ibunsod mo nga na si *Ganito-at-ganoon*, na isang negosyante rito sa bayan na ito, sa kasamaan niyang 'yun, kung maibunsod mo siya na magpapahayag siya na natanggap niya ang Espiritu Santo, sige't maniniwala talaga ako rito."

104 Sabi ko, “Huwag n’yo na pong ialintana. Hinding-hindi niya ’yun sasabihin.” Ang lalaki nga’y bigla na lang namatay, na walang Diyos. Kita n’yo?

Kaya’t mag-ingat kayo sa ikinikilos n’yo. Mag-ingat kayo sa sinasabi n’yo. Magnais kayo ng buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo. Siyanga.

105 Ang Israel nga’y di naniwala, sila na grupo ng mga tao noon. “Ang baliw na ’yan, sa Pangalan pa lang na Jesus ng Nazaret, nung ipanganak,” sa isip-isip nila, “ilehitimo na agad ang pagkakapanganak.” At napaniwala ’yung mga tao. Dahil, sinasabi nila, “Ni di anak nung tatay. Aba, ang tatay Niya ay si Jose, at samantalang itong si Maria ay dinadala na ang Sanggol bago pa man sila . . . Naipanganak, aba, ilehitimo ’yan. At kaya ano Siya? Baliw nga. Walang pinag-iba sa mga kakatwang tao riyan. Huwag kayong makikinig sa Kanya.” Ano itong ginawa nila? Inihatid lang nila ang kanilang mga kaluluwa patungo ng impyerno. Dinadala lang nila . . .

106 Sabi ni Jesus, “Pabayaang ninyo sila. Sa tuwing ang bulag ay aakay sa kapwa nito bulag, hindi ba’t kapwa sila nahuhulog sa hukay?” Tama ’yun. Wala silang kamalay-malay. Hindi nila Ito paniniwalaan. Di nila matanggap.

107 Di nila matanggap kung papaanong itong simpleng mga taong ito na may simpleng Mensahe, na kung tatanggihan, ay magbubunsod na ang tanyag na bansa’y mauuwi sa kawasakan. Ngayon pakinggan n’yo. Di nila ’yun mawari: haya’t simple’t, ordinaryong, pangkaraniwang grupo ng mga tao. Alam n’yo, sinabi mismo ’yun ng Biblia, “Tuwang-tuwang pinakinggan ng mga pangkaraniwang tao si Jesus.”

108 May munting pangyayari sa’kin sa Mexico, di pa katagalan. Si Heneral Valderna, na hirang ng Diyos, haya’t suminag ang Liwanag sa kanyang daraanan minsan, sa isa sa mga pagtitipon ko. Ang magiting na Katolikong sundalo na ito, isa sa pinaka matataas na heneral sa Mexico, siya’y may pagpapakumbabang dumulog sa may altar at tinanggap ang bautismo ng Espiritu Santo. Umuwi siya sa Mexico. Patuloy ’yung paghiling niya sa akin, na dumalaw ako roon. Sa wakas, napagpasyahan kong magtungo roon. Ginabayan ako ng Panginoon; nagkaroon ako ng pangitain. Binanggit ko ’yun sa maybahay ko. Nagpunta na roon.

At siya naman, dahil isa siyang mataas na heneral, apat na estrelyas ang ranggo niya sa pagiging heneral, nagpunta siya sa punong himpilan, sa pamahalaan. At, sila po dun, mahigpit sila sa mga Protestante sa dako roon, alam n’yo. Mangyaring may ideya sila na magiging malaking pagtitipon ito, kaya nagtungo siya roon at kumuha ng mga sundalong magbabantay. At nung mapagpasyahan na nila ’yun, kumuha sila ng malaking arena.

At sila ang maghahatid sa akin doon. Yung pamahalaan mismo ang magdadala sa akin doon.

Kaya, nung gawin na nila 'yun, 'yung—'yung obispo, isa sa mga kilalang obispo ng simbahang Katoliko, pinuntahan siya, dun sa gobernador, at ang sabi, "Ginoo, sa pagkakaunawa ko ay magdadala raw kayo roon ng isang di naman Katoliko."

Sabi, "Oo. Ano pong problema?"

"Aba," sabi nung obispo, "di kayo maaaring magpapasok ng isang lalaking katulad n'yan dito. Itong pamahalaang ito'y kilala ng lahat na di nakikiugnay sa bagay na tulad n'yan kahit kailan."

¹⁰⁹ "Pero," sabi, "pinayagan namin 'yun." Sabi niya, "Haya't," sabi, "ang lalaking 'yun ay isang respetadong tao. Nauunawaan ko na libo-libo ang nagpupunta para makapakinig sa kanya. Si Heneral Valderna, matalik ko siyang kaibigan." Sabi niya . . . At maging 'yung . . . Yung presidente'y Protestante rin kasi, alam n'yo, isa pong Methodist. Kaya ang sabi niya—sabi niya, "Ang lalaking ito'y respetadong tao, sa abot ng nalalaman ko." Sabi, "Si Heneral Valderna rito, naakay siya sa pananampalataya ng lalaking 'yun." Sabi, "Haya't, siya, sa abot ng nalalaman ko, ay isang respetadong tao." Sabi, "Libo-libong tao, sinasabi nila, ang magpupunta roon para makapakinig sa kanya."

At ang sabi nung obispo, "Anong klase ba ng mga tao ang tinutukoy n'yo, ginoo? Diba't mga mangmang. Yung ganoong uri ng mga tao ang magsisipunta roon, na makikinig sa isang taong katulad nun."

¹¹⁰ Sabi nung presidente, "Ginoo, limang daang taon n'yo na silang pinapastulan, ano kayang dahilan at nanatili silang mga mangmang?" Tumpak na tumpak. Talagang natumbok. Oh, grabe! Mistula ngang tinanggalan sila ng pangsuwag dahil dun. Siyanga, po. Oo.

¹¹¹ Pagkatapos nung ang munting sanggol na 'yun ay binuhay mula sa patay, nagpadala ako ng taong magpapatotoo nun sa doktor. Sinasabi kasi nung ginang, sa salitang Espanyol, "Ang sanggol ay namatay ng alas nuwebe kaninang umaga." At ang lakas ng buhos noon, ng ulan. Nasa sampung libong mga akay ang nadadala kay Cristo, gabi-gabi.

Nung isang gabi bago 'yun, isang matandang bulag ang nakatanggap ng kanyang paningin doon sa entablado. Oh, tatlo o apat na beses ang laki kumpara sa may tabernakulo rito, at mga *ganoong* kataas, 'yung inilapag nilang mga lumang balabal at mga sumbrero roon. At ako'y kinailangang . . .

¹¹² Ibinaba nila ako roon gamit ang lubid, doon sa arena, para makasampa ako roon. Naglakad na ako roon at nagsimulang mangaral, tungkol sa pamamagitan ng pananampalataya.

Lumapit si Billy, sabi, “Daddy, parang kailangan mo nang gumawa ng kung anong bagay, para sa babaing ’yun.” Sabi, “Tatlong daan na ang mga usher ko na nakatayo roon. Di nila mapigilan ’yung munting maliit na babae, na mga sandaang libra lang ang timbang, halos.” At maganda’t, munting ginang po siya na mga *ganitong* kataas lang, mga, oh, marahil pinaka unang sanggol niya ’yun. Siguro’y nasa dalawampu’t tatlo o dalawampu’t limang taong gulang pa lang ang babae.

¹¹³ At nakatayo siya roon, at ’yung buhok niya’y nakalaylay pababa, at may kargang munting sanggol. At sinisikap niya talagang sumingit sa linyang naroon. Itinutalak siya pabalik ng mga kalalakihan. Sumampa siya para makaliban sa kanila, na ’yung sanggol niya’y karga niya sa balakang niya, talagang sa anumang paraan na’t, gumapang man sa ilalim ng mga binti nila, o anupaman. Mangyaring sinundan tuloy siya sa ibabaw, at parang itataboy na sana siya mula sa ibabaw ng entablado.

¹¹⁴ At wala na nga silang maibigay na prayer card sa kanya. Sabi na lang ng anak ko, “Kung palapitin ko naman siya riyang, Daddy, dala ang kanyang anak na patay na, na wala rin siyang prayer card, at. . .” Sabi, “Hayan kasi ang iba pa sa kanila na nakatayo riyang, na dalawa o tatlong araw nang nakatayo riyang, sa ulan man o araw. At pauunahin natin ang babae sa kanila,” sabi, “baka magkaroon pa ng—ng kaguluhan dun.”

¹¹⁵ Sabi ko, “Walang problema ’yan.” Nandun din naman kasi si Kapatid na Moore, at medyo nakakalbo na rin siya katulad ko. At kaya ang sabi ko, “Hindi naman kilala nung babae kung sino ang sino, maraming tao.” Sabi ko, “Papuntahin. . .” At—at dalawang kapatiran, ang isa po sa mga kapatiran ay taga-rito sa tabernakulo, na yumao na’t nasa Kaluwalhatian na ngayon, di ko lang maalala ang pangalan niya ngayon, pero, nakatayo nga siya roon. Kaya ang sabi ko, “Kapatid na Moore, bumaba ka, ipanalangin mo ang sanggol. Di naman makikilala nung babae kung sino, kung ako ba ito o ikaw. Sige’t bumaba ka lang. At ang babae’y di rin nakakapag salita ng Ingles.”

At kaya ang sabi ni Kapatid na Moore, “Sige, Kapatid na Branham.”

¹¹⁶ Nagsimula na siyang bumaba. Sabi ko, “Gaya ng sinasabi ko, ang pa-. . .” At bigla na lang akong nakakita ng munting sanggol, munting Mehikanong sanggol na naroon sa harapan ko, na tumatawa. Sabi ko, “Sandali lang.” Tapos sabi ko, “Sige po’t papuntahin n’yo rito ang babae.”

Sabi ni Billy, “Di puwede, Daddy. Siya’y. . .”

Sabi ko, “Nakakita ako ng pangitain, Billy.”

Sabi, “Oh, kakatwa nga.”

¹¹⁷ Kaya hinawi namin ang karamihan ng mga tao roon nang paganoon at pinadaan ang babae. Heto na nga ang babae, siya

mismo'y napaluhod, na may hawak-hawak na rosa-rosaryo sa kanyang kamay. Sabi ko, "Tumayo ka."

Pagkatapos ang sabi ko, "Makalangit na Ama, ngayon di ko po alam kung anong gagawin Mo. Di ko po alam kung nais Mo lang na pagaanin ko ang loob ng babaing ito sa pamamagitan ng pananalangin sa kanyang sanggol o kung ano. Pero," sabi ko, "Ipatatong ko ang aking mga kamay sa ibabaw ng munting sanggol na ito, sa Pangalan ng Panginoong Jesus." Ganoon na ganoon po sa ginawa ko noon kay Kapatid na Way, habang nakasalampak siya roon sa may sahig, na patay na, nung isang araw. At may pagsipa doon sa loob ng kumot, at 'yung munting sanggol ay nagsimulang umiyak nang malakas. At nanumbalik po ang buhay nito. Noong . . .

¹¹⁸ Nagpadala ako ng magbabalita, si Kapatid na Espinosa, na samahan 'yung babae sa doktor, at kumuha ng sinumpaang dokumento mula sa doktor, "Na ang sanggol ay namatay nga." Haya't mga alas diyas na noon ng gabi. "Namatay ng umaga ng bandang alas nuwebe, sa opisina niya, dahil sa pneumonia." Nakakuha siya ng sinumpaang pahayag mula sa doktor.

Hindi nga mapigilan ng mga pahayagan na di mag-usisa sa bagay na 'yun, alam n'yo, kaya nagsipunta sila. Kinapanayam nila ako. At ang sabi nila sa akin, sabi niya, "Sa palagay mo ba ang mga banal na santo nami'y kayang gawin, din 'yan?"

Sabi ko, "Kung nabubuhay sila."

"Oh," sabi nung nakikipanayam, "di ka puwedeng maging banal na santo maliban na lang kung patay ka na." Hayan nga. Kita n'yo? At 'yung mga tao . . .

¹¹⁹ Nakita n'yo na ba 'yun, nung isang araw, kung saan may madre sila na gawa-gawa lang nila ang balita, sa pahayagan? Na, bagong santo raw ito na namatay na, oh, sangdaang taon na ang nakararaan, o parang ganoon, at ginawa nilang . . . siya nga'y tinanghal nila, idineklara nila siyang santo. At ibinalita nila na—na siya'y nabuhay mula sa patay at nanalangin para sa isang tao na may sakit na leukemia. Ganoon ba? Inilathala nga nila ito sa isa nilang magasin. Isipin n'yo na lang 'yung kung papaanong gumawa-gawa pa sila ng kuwento, at hayan naman mismo na daan-daang kaso ang ipinangyayari sa harap mismo ng mga tao. Ano 'yun? Sinusubukan nilang ibaling ang pansin ng iglesyang Protestante sa bagay na 'yun, kita n'yo, na parang ipinapaisip sa kanila ang ibang bagay.

At samantalang ang tunay na mga gawa ng Panginoon, na ganap namang pinapatotohanan, pinatutunayan, haya't di man lang nila halos maipamalita 'yun sa pahayagan. Hayan nga. Sila'y nakatanggap ng paanyaya at kanila namang tinanggihan ito. Ganoon, po.

¹²⁰ Di nila makuha-kuha na kahit gaano mang kasimple ang Mensahe, kasimple ang mga tao, ang pagtanggì sa bagay na

gaya nito ay magbubunsod mismo sa kanila na humantong sa kaguluhan.

¹²¹ May isang babae na nagsabi sa akin noon, sa Grants Pass, Oregon, di pa katagalan, isa pong Katolikong babae na siya nga'y nagpunta roon para mambatikos at isulat 'yun. Isa siyang tagapamalita sa pahayagan, may dala-dalang kaha ng sigarilyo sa kanyang kamay. At sabi nung babae, "Gusto kong makipag-usap sa iyo."

Sabi ko, "Ano po ba ang gusto n'yong sabihin?"

Sabi niya, "Gusto kitang tanungin ng ilang katanungan tungkol diyen sa relihiyon mo."

At sabi ko, "Ano po ba ang gusto n'yong itanong?"

At sabi niya, "Sa anong kapahintulutan na haya't ginagawa mo ito?"

¹²² Sabi ko, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo, dahil sa Makalangit na pagtawag." At nagtanong-tanong pa siya, na parang mataas siya. Sabi ko, "Sandali lang po."

Sabi niya kasi, "Kung ako ang magkakaroon ng anumang kaugnayan sa grupo ng mga mangmang na 'yan," sabi niya, "Di ko nga gustong maging Cristiano kung ganoon." Sabi niya, "At kung sila . . . Sinasabi-sabi nila na sila raw ang maghahari sa lupa balang araw." Sabi niya, "Sana wala na ako rito nun."

Sabi ko, "Huwag kang mag-alala. Wala ka roon." Sabi ko, "Ikaw . . . di mo kailangang ipag-alala 'yun."

"Aba," sabi niya, "kung anu-ano ang ginagawa nila't may mga sigawan pa!"

Sabi ko, "At sinasabi mo na isa ka kamong Katoliko?"

Sabi niya, "Ako nga."

¹²³ Sabi ko, "Di mo ba alam na ang pinagpalang birheng Maria ay kinailangan noong tumanggap ng Espiritu Santo at siya mismo'y nagsalita sa iba't ibang wika, at nagsayaw sa Espiritu, gaya ng kung ano ang ginagawa ng mga taong ito, bago siya tanggapin ng Diyos? Hindi ba't tinatawag n'yo siyang ina ng Diyos."

Sabi niya, "Kalokohan 'yan."

Sabi ko, "Sige sandali lang po. Aking . . ."

"Di nga dapat ako kumukonsulta sa Biblia."

¹²⁴ Sabi ko, "Kung ganoon papaano mo malalaman kung ano ang Katotohanan o hindi?"

Sabi niya, "Nakabase ako sa sinasabi ng simbahan ko."

¹²⁵ Sabi ko, "Ito ang Salita ng Diyos. Heto Siya mismo. Sige't hinahamon kita na tumingin Rito. At mangyaring si Maria ay naroo't kasa-kasama nila sa silid sa itaas, at tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo gaya ng iba pa sa kanila. At heto

kayo na sinasabi n'yo na ina siya ng Diyos.” Sabi ko, “Tapos tatawag-tawagin n'yo silang, ‘Sangkumpol lang ng kalokohan, na mga paurong?’” Sabi ko, “Huwag kang mag-alala. Hindi ka mapapa Roon. Di mo kailangang mag-alala nang husto, kung 'yun lang naman ang pinag-aalala mo. Ang dapat mo ngang ipag-alala ay 'yang sarili mong makasalanang kaluluwa, binibini.” At siya nga'y hinayaan ko na.

¹²⁶ Ngayon isipin n'yo nga ito, simpleng-simple. Ibinunsod nga ng Diyos na ito'y maging simple.

Papaanong nagawa ni Ahab, papaanong nagawa ni Jezebel, papaanong nagawa nung mga taong 'yun na iniisip nilang si Elias ay kung sinong mangkukulam lang, na iniisip nilang isa siyang espirituwalista? Mangyari ngang sinabi mismo ni Ahab, “Heto ang dahilan ng lahat ng problema ng Israel.”

Sabi ni Elias, “Ikaw ang nagdala ng problema sa Israel.”

¹²⁷ Papaanong naiisip ng bansang 'yun, na 'yung tinatanggihan nilang mensahe ng isang balbasing lalaking katulad nun, na di man lang nakasuot ng damit na pang-saserdote, at kung ano pa, na 'yun ang nagdadala ng kahatulan?

Papaanong naiisip ng Egipto, ang hari sa buong mundo, na mga faraon, na nasa matayog na antas nito't pangalan . . . ? Ang mundo nga'y di man lang nakaabot muli sa antas na 'yun, sa siyensiya at sa kung ano pa. Papaanong naiisip nila, na 'yung tinatanggihan nilang matandang propeta na walumpung taon ang gulang, may mga balbas na nakalaylay, nag-uuban na ang buhok, na may pagyabag na pumaroon, ay isang kriminal? At pumaroon mismo dala-dala ang isang mensahe, “Alinman ito sa pakakawalan mo sila, o pupuksain ng Diyos ang bansang ito.” Papaanong naisip 'yun ni Faraon? “Sumunod ka sa akin, Faraon.”

¹²⁸ Sabi ng Faraon, “Sumunod?” Oh, siya, na isang Faraon! “At heto ka na isang matandang lalaki, matandang baliw,” sa isip-isip nila, “gagapiin ang isang ginoo na katulad nito, tapos pupuksain pa raw ang bansa?” Pero nangyari nga. Oh, grabe!

Huminto po muna tayo, lumagi muna nang ilang minuto at dumulog ng panalangin, at magbulay. Ano na bang panahon itong kinabubuhayan natin? Nasaan na ba tayo? Haya't nasa isa na namang moderno't, maka-siyensiyang kapanahunan. Nararapat lang na magisip-isip tayo. Marahil, huminto muna kayo, ang mga tao po'y huminto at manalangin nang kaunti, at magbulay nang kaunti, haya't bubuti ang pakiramdam n'yo pagkatapos n'yong gawin ang bagay na 'yan. Tama nga.

¹²⁹ Ang Cristiano ay di isang piyesa, o kung anong mekanikal na liyabe sa isang malaki't sikat na rehimeng relihiyon. Ganun nga. Ang Cristiano ay di isang uri ng piyesa na nagpapa-andar nang tuluy-tuloy sa isang relihiyosong organisasyon. Ang isa pong Cristiano, haya't di po 'yan isang Cristiano. Ang Cristiano

ay pagiging katulad ni Cristo. At ang Cristiano ay di maaaring maging Cristiano hanggang si Cristo ay pumasok muna sa tao na 'yun, para ang Buhay ni Cristo ay sasa kanya. Pagkatapos ay mamumunga na 'yun ng Buhay na ipinamuhay noon ni Cristo, at gagawin n'yo ang mga bagay na ginawa noon ni Cristo.

¹³⁰ Ano po itong tinutumbok ko rito? Personal na kaugnayan kay Cristo. Ano po 'yun? Na kung ang buhay n'yo ba'y karapat-dapat sa Ebanghelyo?

Ngayon hayan nga ako na nagsikap na maglatag sa inyo ng pambungad na tagpo rian, para ipakita sa inyo, na heto ang mga lalaki't babae na mga bantog na babae, lalaki.

¹³¹ Sinabi ng Biblia. Napansin n'yo ba? Nung Linggo ng gabi, may nakalimutan lang akong isama roon, sa Genesis sa ika-6 na kabanata't ika-4 na talata. "Ang mga lalaking iyon na kumuha para sa sarili nila ng mga babae, bilang asawa, mga lalaki noong unang panahon, na mga bantog." Mga lalaking bantog, na inihulang susulpot muli. "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, ay gayundin naman sa Pagparito ng Anak ng tao." "Mga bantog na lalaki na nagsisikuha ng mga babae," di mga asawa, "mga babae; nalululong sa kakaibang laman."

¹³² Tingnan n'yo na lang ang Inglatera, mga ilang linggo ang nakalilipas. Tumingin po kayo sa Estado Unidos. Tumingin po kayo sa lahat, talamag ang prostitusyon. Mga bantog na mga kalalakihan, mga kilala, matataas ang tungkulin, nagdadala ng kahihyan sa bansa, sa pagkalulong nila sa kababaihan. Yung isang bantog na lalaki roon sa Inglatera, na parang mataas na pinuno sa militar, siyanga, aba, hindi n'yo ba napansin, may asawa nga siya na maganda. May litrato pa roon 'yung babae, nakalagay roon. Tingnan n'yo po 'yung patotot na 'yun na taga-Rusya, haya't mahalay siyang manamit, at inilalantad niya ang sarili niya roon, na binabandera ang laman niyang pambabae. At kaya nahuhumaling ang mga lalaki roon.

¹³³ Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay mga anak na lalaki ng Diyos. Ang kailangan natin na mga kalalakihan sa gobyerno, ay mga anak na lalaki ng Diyos. Ganoon nga. Dahil, ang isang mabuti't, banal na hari ay ipatitigil ang lahat ng mga kahibangan na 'yan. Walang mga tali na humihila. Katulad ng ginawa noon ni David, talagang pinahinto niya 'yun. Talagang ginagawa niya 'yun, dahil siya ang hari. At may ano lamang. . .

¹³⁴ Ang tunay na pamamaraan talaga, ay, ang Diyos ang dapat na Hari, at ang Diyos ay magsusugo ng propeta. Di ba't sinabi na ni Samuel sa kanila 'yan bago sila magkaroon ng hari? Ang sabi niya, "Ang Diyos ang Hari n'yo. May mga bagay ba akong nasabi sa inyo sa Pangalan ng Panginoon na haya't ang lahat naman ng 'yan ay diba't nagkakaroon ng katuparan?"

Sabi nila, "Di sa ganoon. Tama naman talaga 'yan."

"Nagpumilit ba akong humingi sa inyo ng ikabubuhay ko?"

“Di naman sa ganoon. Ni minsa’y di ka nagpumilit sa amin na magbigay para sa ikabubuhay mo.”

“Ni minsan ay wala akong sinabi sa inyo na anumang ibang bagay kundi ang matuwid lamang, sa harapan ng Panginoon.” Sabi, “Ang Diyos ang inyong Hari.”

¹³⁵ “Oh, alam naman namin ’yan. At alam din namin na ika’y mabuting tao, Samuel. Naniniwala kami na ang Salita ng Diyos ay dumarating mismo sa iyo, pero gusto lang talaga naming magkaroon ng hari, kahit paano.” Kita n’yo? Yun tuloy ang nakamtan nila.

¹³⁶ Naghangad ng organisasyon ang Pentecostal, sa kabila nun. Nakamtan nila. Siyanga. Naghangad na maging katulad ng iba pang mga kaiglesyahan. Hayan nga kayo. Sige hangarin n’yo lang, kung di talaga kayo papipigil. Pero ang Diyos ang ating Hari. Ang Diyos ang ating Hari. Siyanga, po.

¹³⁷ Ano ’yun? Dahil ang mga tao, gaya ng mga naroon noon sa panahon ni Cristo, gaya ng mga naroon sa iba’t ibang panahon, sila’y may dahilan lagi. May sari-sarili silang mga kredo. Di mo naman puwedeng sabihin, “Bumili ako—bumili ako ng baka, at kinakailangan ko pang obserbahan kung ito’y—ito’y magagamit sa pagtratrabaho o hindi, o magbibigay kaya ng gatas, o—o ano ba ang lahi niya.” Di mo puwedeng idahilan ’yan.

Pero heto ang klase ng mga pagdadahilan na sinasabi ng mga tao ngayon, “Isa akong Presbyterian. Di kami naniniwala Riyan. Isa akong Baptist. Di kami naniniwala sa kung anong gaya Niyan. Buweno, isa kasi akong Lutheran.” Mangyaring, wala ’yang kinalaman Dito. Di ibig sabihin n’yan ay Cristiano na agad kayo. Ang ibig sabihin lang n’yan ay kaanib kayo sa isang grupo ng mga taong naorganisa. At kaanib lang kayo sa kapisanan ng mga Lutheran, kapisanan ng mga Baptist, kapisanan ng mga Pentecostal. Wala naman talagang ganun na tatawaging Iglesyang Pentecostal. Wala naman talagang ganun na tatawaging Iglesyang Baptist. Kapisanan ng mga Baptist, kapisanan ng mga Pentecostal, kapisanan ng mga Presbyterian ang tawag.

Dahil may iisang Iglesia lang. At may iisang paraan lang para kayo’y makapasok Dito, at ’yun mismo’y sa pamamagitan ng Kapanganakan. Ipinapanganak kayo mismo sa Iglesia ni Jesus Cristo, at sa ganoon kayo nagiging kabahagi ng Kanyang Katawan, sa espirituwal na pagtatalaga sa Langit. Tapos hayan na ang mga tanda, na si Cristo ay sumasa inyo, na nabubuhay sa inyo.

¹³⁸ Mga Cristiano, oh, kinakailangan n’yong magkaroon ng personal na kaugnayan sa Diyos. Upang maging anak ng Diyos, kinakailangan n’yong magkaroon ng kaugnayan sa Diyos. Siya ay dapat na maging Ama ninyo, nang sa gayon kayo’y maging anak Niya. At tanging ang mga anak na lalaki’t mga anak na

babae lamang Niya ang ligtas, hindi po ang mga miyembro ng iglesya, bagkus mga anak na lalaki't mga anak na babae. May isang bagay lang na makakapagpausbong nun, 'yun ang bagong Kapanganakan. Ang bagong Kapanganakan ang tanging bagay na makakapagpausbong ng kaugnayan sa Diyos. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mga anak na lalaki't mga anak na babae. Pagkatapos kapag nangyari na ito, mangyari ngang mga kalalakihan. . .

¹³⁹ Heto nga ang katanungan na gusto kong iparating sa inyo. Sasabihin nung tao, "Ano na ang gagawin namin matapos na kami'y maipanganak na muli?" Marami po ang nagtatanong sa akin ng katanungang 'yan. "Ano nang gagawin ko pagkatapos, Kapatid na Branham?" Haya't kapag naipanganak ka nang muli, ang buong kalikasan mo'y mababago na. Patay ka na sa mga bagay na dating iniisip mo.

¹⁴⁰ "Buweno," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, nung umanib ako sa iglesya, nakamit ko na 'yan."

Buweno, kung ganoon, mangyaring, sinabi ng Diyos, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Mapasa hanggang ngayon ay nagpapagaling pa rin Siya ng mga maysakit. Siya'y nagpapakita pa rin ng mga pangitain."

"Pero, Kapatid na Branham, ang iglesya ko po!" Ngayon, di ka pa nga naipanganak na muli kung ganoon. Kita n'yo? Hindi nga maaari; dahil, kung ang mismong Diyos, kung ang Buhay Niya ay nariyan sa inyo, kung papaanong. . . kayo ay nariyan sa. . . buhay ng inyong tatay, at, kaya naman kung ang pinaka Buhay ng Diyos ay nariyan sa inyo, ang siya mismong Espiritu na naroon kay Cristo, ay nariyan sa inyo, papaano nga na ang Espiritu na nabubuhay kay Jesus Cristo at sumulat *Nito*, at pagkatapos sasabihing pumariyan sa inyo at tapos tatanggihan n'yo Ito? Kita n'yo? Hindi maaari. Madiin na sasang-ayon kasi Ito sa bawat Salita na ganoon nga.

¹⁴¹ Pagkatapos, kung sasabihin n'yo naman, "Buweno, isa po akong mabuting miyembro ng iglesya," wala nga 'yang anuman na kinalaman Dito.

Dito na lamang sa mga pagano. Doon sa Aprika, sa mga kapatid kong itim sa dako roon, nasumpungan ko mismo na ang moralidad ng mga tao roon ay mas mataas pa kaysa—kaysa sa siyamnapung porsiyento ng mga tao rito sa Amerika. Heto nga, na sa ilang mga tribo roon, kung ang isa pong kabataang babae ay di pa naikakasal sa kung anong partikular na edad, o kung siya'y nasa hustong sukat na't walang may gustong makapangasawa siya, alam nila na may kung anong mali. Itatakwil nila siya sa lipunan. Ipatatanggal sa kanya ang pintang-tanda ng kanyang tribo, at magpupunta siya sa siyudad, pagkatapos siya'y ituturing na suwail. At kapag siya nama'y ikakasal, siya nga'y susuriin kung birhen pa. Kung ang munti pong lambong

ng pagkabirhen niya'y nasira na, kailangan niyang sabihin kung sino ang may gawa nun. At dalawa sila na papatayin, mismo. Hindi ba't napakaraming pagpatay ang mangyayari sa Amerika kung gagawin 'yan dito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Tapos sila pa ang tatawagin n'yong mga pagano? Oh, naku! Puwede nga silang pumarito sa mga tao rito, na nag-aangkin sa mga sarili nila na mga miyembro raw sila ng iglesya, at ituro sa mga taong ito kung paano mamuhay nang malinis. Siyanga.

¹⁴² Ni wala akong nasumpungan dun na kaso ng seksuwal na sakit sa buong paglalakbay na 'yun sa Timog Aprika. Wala kasi silang ganoon dun. Hayan nga. Kita n'yo? Dito lamang 'yang marumi't malaswang pamumuhay sa atin, na mga taong puti. Ganoon nga. Napalayo sa Diyos.

¹⁴³ Kaya kapag nangyari na 'yun, ang bagay na gagawin mo mismo, ay masusumpungan mo ang Espiritu na pumariyan na sa inyo, mula sa bagong Kapanganakan, sasampalataya ka at gagawin na ang lahat na sinasabi ng Diyos sa Kanyang Salita na dapat mong gawin. At lahat ng sinasabi ng Biblia sa'yo na dapat mo ngang gawin, madiin mong sinasang-ayunan ito ng "amen." At hindang-hindi ka titigil, araw at gabi, hanggang sa matanggap mo ito. Ganoon nga. Ganoon nga. At sa lahat ng panahon, ikaw nga'y nakatitiyak, higit sa lahat ng mga bagay, na ipinamumunga mo ang bunga ng Espiritu.

¹⁴⁴ Sasabihin n'yo, "Makapagsasalita kaya ako sa iba't ibang wika?" Marahil magagawa mo, at marahil hindi rin. "Ako po kaya'y makahihyaw?" Marahil magagawa mo. Marahil hindi.

Pero may isang tiyak nga na bagay na gagawin at gagawin mo. Mamumunga ka sa Espiritu. At ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pananamapataya, pagpapa hinuhod, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis. Mawawala na mismo 'yang pagkamainitin mo ng ulo. "Oooh!" Tandaan n'yo, kapag mayroon pa kayo n'yan, lalasunin nga nito ang Espiritu Santo palabas sa inyo. Kita n'yo? Kapag nariyan ka pa rin sa kalagayan na 'yan na gusto mo pa ring makipag-talo sa lahat ng makasalamuha mo, may kung anong bagay na mali. Kapag nariyan ka pa rin sa kalagayan na 'yan kung saan may . . . may isang ministro halimbawa na magbabasa mula sa Biblia, na maling gawin ang isang partikular na bagay, pagkatapos nga'y, ikaw . . . Alalahanin n'yo, haya't wala man lang kahit na ano na pagka-Cristiano sa pag-asta ng ganyan. Diyan mismo, kaya, "Sa kanilang mga bunga ay mapagkikilala n'yo sila." Yun ang sinabi mismo ni Jesus. Kita n'yo?

¹⁴⁵ Kung 'yan ang Salita, at sinabi 'yun mismo ng Diyos, 'yang Espiritu na 'yan na nasa inyo ay tatalima sa Salita na 'yan, sa lahat ng pagkakataon. Dahil, ang tunay na Espiritu Santo ay tatalima't tatalima mismo sa Salita, dahil ang Salita ay Buhay

at Espiritu. Sinabi ni Jesus, “Ang Aking mga Salita ay Buhay.” At kung kamit mo talaga ang Buhay na Walang Hanggan, at Siya ang Salita, papaanong tatanggihan ng Salita ang Salita? Kita n’yo? Anong uri ng pagkakakilanlan ang pagpapakilala n’yo ngayon sa Diyos kung ganyan? May isang bagay lamang para malaman, na isa kang Cristiano, ’yan ay kapag buo ang pagsang-ayon mo sa bawat Salita ng Diyos.

¹⁴⁶ At masusumpungan mo ang sarili mo na nagmamahal na sa inyong mga kaaway. May magsasabi kunwari, “Buweno, wala siyang kuwenta’t isang holy-roller lamang.” Tapos bigla ka na lang... Ah! Mag-ingat po. Um-hum. Mag-ingat. Pero kapag dumating ka sa punto, na ikaw mismo, talagang may pag-ibig ka sa tao na ’yun! Kahit na ano pa ang panlilibak nila, hayan ka nga’t iniibig mo pa rin sila. Kita n’yo?

¹⁴⁷ Pagkatapos malalaman mo na lang, hayan ang pagtitimpi mo na humahaba na nang *ganoong* kahaba, hanggang sa wala na itong dulo. Kahit na kung sinu-sino na ang magparatang ng kung anu-ano tungkol sa iyo, “Buweno, wala akong pakialam kung anuman ang sinasabi mo!” Hindi na kayo nagpapantig. Kung kayo ma’y magpantig, siguraduhin n’yong manalangin muna kayo, bago kayo makipag-usap uli sa kanila. Ganoon po. Ganoon po.

Huwag na huwag kayong makisali sa mga paninira. Huwag n’yong naising makisali sa mga paninira; na gusto n’yong may susulpot sa iglesya, magsasabi, “Alam mo ba? Sasabihin ko sa iyo, aba’y si *Ganito-at-ganoon* gumawa ng *ganito-at-ganoon*.”

Sabihin n’yo, “Ngayon, kapatid, mahiya ka.”

¹⁴⁸ Pero kung ang isasagot n’yo, “Oh, ganoon ba?” Makikinig ba kayo sa kasiraang ’yun? Mag-ingat kayo.

Ang Espiritu Santo’y di saluhan ng basurang mga bagay. Kita n’yo? Hindi, hindi. Hindi, hindi. Ang puso na nilalagakan ng Espiritu Santo, ay puno ng kabanalan, kadalisayan. “Hindi nag-iisip nang masama, hindi gumagawa ng masama; buo ang pananampalataya; nagtitiis, nagpapahinuhod.” Kita n’yo?

¹⁴⁹ Huwag na huwag kayong makipagtalo. Kung ang pamilya’y nagpasimula halimbawa ng pagtatalo, huwag na huwag kayong makikipagtalo sa kanila. Sasabihin kunwari ng inyong nanay, “Ayaw na ayaw na kitang makikita na nagpupunta ka roon, sa lumang simbahan na ’yan, kahit kailan. Buweno, ikaw, panay ’yun na lang ang nasa isip mo, pinahahaba mo pa nang husto ’yang buhok mo. Parang lola ka na sa itsura mo.” Huwag po kayong makikipagtalo sa kanya.

Sabihin n’yo, “Sige po, nanay. Ayos lang po ’yan. Iniibig ko pa rin kayo, ano’t anuman. At manalangin po ako para sa inyo hangga’t nabubuhay ako.” Kita n’yo?

¹⁵⁰ Ngayon, huwag kayong makipagtalo. Kita n'yo? Init ng ulo lang kasi ang idinudulot ng init ng ulo. Haya't malalaman n'yo na lang, pinipighati n'yo na ang Espiritu Santo na lumayo mula sa inyo, dahil nakikipagtalo pa kayo. Kaya tatalilis na palayo ang Espiritu Santo sa mga pakpak Nito. Init ng ulo lang kasi ang idinudulot ng init ng ulo.

At pag-ibig ang idinudulot ng pag-ibig. Kayo po'y mapuno nawa ng pag-ibig. Sinabi ni Jesus, "Dito makikilala ng lahat ng mga tao na kayo'y Aking mga alagad, kung kayo ay may pag-ibig, para sa isa't isa." Yan nga ang bunga ng Espiritu Santo, pag-ibig.

¹⁵¹ At alam n'yo ba, na kayo'y mumunting mga manlilikha rin, kayo mismo? Alam n'yo ba 'yan? Siyanga. Haya't may mga tao na kayong nakasalamuha na talagang gustung-gusto n'yong makasama. Di n'yo alam kung bakit. Yung bang tipo ng mga tao na talagang maibigin. Nakakita na po ba kayo ng ganoon? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Talagang mabait, na doon nga, gustung-gusto n'yo silang makasama. Yun . . . Sila po'y may kakayahan na gumawa ng ganoong pakiramdam sa paligid, sa pamamagitan mismo nung buhay na ipinamumuhay nila, sa paraan ng pagsasalita nila, sa pakikipag-usap nila.

Tapos, mayroon ding ilan, na sa tuwina, gusto n'yong—gusto n'yong iwas-iwasan sila. Palagi kasing, gusto nilang pag-usapan ang kung anong bagay na masama, at pagkuwentuhan ang kung sino. Masasabi mo na lang, "Oh, naku! Hayan na sila. Magsasabi na naman 'yan ng masama tungkol kay ganito-ganyan. Hayan na siya, magkukuwento na naman siya tungkol sa lalaking *ito*. Wala silang ibang ginawa kundi magkuwento ng kung anong maruruming biro, o kung anong bagay tungkol sa kababaihan, o kung anong katulad nun." Talagang ayaw n'yong mapupunta sa paligid nila. Kita n'yo? Sila man ay lumilikha. Mistula nga, na kay babait nilang tao, pero ganoong pakiramdam sa paligid ang nililikha nila.

At ang mga bagay na iniisip n'yo, mga bagay na ginagawa n'yo, mga kilos, mga bagay na pinag-uusapan n'yo, lumilikha 'yan ng pakiramdam sa paligid.

¹⁵² Nagpunta ako minsan sa opisina ng isang lalaki, dito sa siyudad. At 'yung lalaki po'y katiwala, o diyakono, siyanga, sa isang mainam na simbahan. Nagpunta ako para makipagkita sa lalaki tungkol sa isang gawain. At may radyo po roon sa loob, na ang tugtog ay rock-and-roll o twist, kung anuman po 'yun, talagang napaka ingay nung tugtog. At sa palagay ko may mga apatnapung larawan dun na nakapaskil sa kanyang opisina, ng hubad na mga babae. Ngayon, kahit na ano pang sabihin n'yo sa akin kung gaano kayong ka-diyakono, o gaano kayong kaganoon. Hayaan n'yong tingnan ko kung ano ang gustung-gusto n'yong tingnan-tingnan, at kung anu-ano ang binabasa n'yo, at

kung anu-anong klase ng musika ang pinakikinggan n'yo, pati ang grupo ng mga taong sinasamahan n'yo, at sasabihin ko sa inyo kung anong klaseng espiritu ang mayroon kayo ryan sa inyo. Kita n'yo? Siyanga.

¹⁵³ Maririnig n'yo nga 'yung lalaki na magsasabi, "Ako nama'y *ganito-at-ganoon* ang nagagawa? Ang grupo na 'yan. . ." Hayan nga't alalahanin n'yo, di ko alintana anuman ang sabihin niya. Yung pananalita man niya'y malakas ang pagkakabigkas. Yung kilos niya mismo'y mas malakas kaysa sa anupamang bagay na sinasabi lang niya. Magagawa nga niyang magpatotoo, sabihin na siya'y Cristiano, sige, at marahil nakagagawa ng mga bagay-bagay. Pero tingnan n'yo ang uri ng buhay na ipinamumuhay niya. Yun ang magsasabi kung ano siya.

¹⁵⁴ Ngayon, maiisip n'yo ba 'yun, na ang taong may buhay na kagaya nun ay magsasabi, "Ang maniwala sa Makalangit na pagpapagaling, bagay lang 'yan sa mga ibon. Sa mga panahong nagdaan lang 'yan. Wala nang ganyan ngayon?" Buhay ba 'yan na maituturing na karapat-dapat sa Ebanghelyo, na, "si Cristo ay nasugatan dahil sa ating pagsalangsang, at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay tayo'y nagsigaling"? Sasabihin n'yo, "Pero ako nama'y isang diyakono." Di ko alintana 'yan. Maski isa ka pang obispo.

¹⁵⁵ Minsan narinig ko noon si Obispo Sheen na nagsabi, mga dalawang taon na ang nakararaan, sa programa sa radyo; di na ako tumututok sa kanya mula noon muli. Nagsabi siya minsan, "Ang isang taong mananampalataya at susubok na mamuhay sa pamamagitan ng Biblia, ay parang isang tao na sumusubok na lumakad sa maputik sa tubig." Si Obispo Sheen, bigla nga siyang bumaling, ang sabi, "Pagdating ko sa Langit, alam n'yo ba? Kapag nakatagpo ko na roon si Jesus, sasabihin ko sa Kanya, 'Ako si Obispo Sheen,' at sasabihin Niya, 'Oh, siyanga, naikuwento ka na sa Akin ng nanay Ko.'" Paganismo, mga tao na nilalapastangan ang Salita. Ang Diyos nawa'y mahabag. Di po ako ang tagahatol. Kita n'yo?

Ang Salita na 'yan ay Katotohanan. Tama. At makikilala ng Espiritu ng Diyos ang Kanyang Sarili Mismong Isinulat. Siya mismo'y napagkikilala sa Kanyang Isinulat. Ito—Ito—Ito kasi'y nangungusap tungkol sa Kanya. At kayo'y magkakaroon ng pagkakakilanlan sa pamamagitan ng pagsampalataya n'yo Rito, at pagkakalooban kayo mismo Nito ng mga katibayan ng pagkakakilanlan.

¹⁵⁶ Huwag kayong makipagtalo sa iba. At huwag—at huwag n'yong payagan ang mga pagtatalo-talong ito sa pamilya, gaya ng nasabi ko na. Ang pag-ibig ay nagbubunsod ng pag-ibig. At ang init ng ulo ay nagbubunsod ng init ng ulo.

¹⁵⁷ Ngayon, ngayon tunghayan natin. Tingnan n'yo po si Jesus, pansumandali. Siya ang inyong halimbawa. Umaasa ako na di

kayo napapagod nang husto. Tingnan n'yo. Tingnan po natin si Jesus, pansumandali. Siya ang halimbawa natin. Sinabi Niya mismo, "Sapagkat binigyan Ko kayo ng halimbawa, upang gawin din naman ninyo sa iba ayon sa ginawa Ko sa inyo."

¹⁵⁸ Ngayon masdan. Noong dumating Siya sa sanlibutan, nung ganoon na lamang kalala, ang kawalan ng pananampalataya sa mundo noon kung papaanong ganoon na ganoon din ngayon, ay hindi nga Siya nun nahadlangan. Nagtuloy-tuloy pa rin Siya sa pangangaral ano't anuman, at nagpapagaling maski ano pa. Di Siya nailang. Maski may mga kritiko. Ang Lalaki ngang ito'y talagang binatikos nang husto mula pa nung Siya'y Sanggol hanggang sa Siya'y mamatay sa krus. Yun nga ba'y nakapigil sa Kanya? Hindi, po. Ano ba ang Kanyang layon? "Gawin sa tuwina ang isinulat ng Ama. Gawin sa tuwina ang bagay na nakalulugod sa Kanya."

¹⁵⁹ Tingnan n'yo po si Jesus. Sinasabi-sabi natin na lubusan na ang pagpapakumbaba natin? Haya't noong ang Diyos Mismo ay naging Sanggol, sa halip na pumarito sa—sa isang munting kuna sa isang dako na isang maayos-ayos na tahanan, heto't ipinanganak doon sa ibabaw lamang ng dumi ng hayop sa isang sabsaban, sa piling ng mga umuungang mga guya. Basahan ang inilampin nila sa Kanya, na kinuha pa mula sa pamatok ng baka. Pinakadukha sa lahat ng pinakadukha, at, sa kabila nun, ay ang Maylalang ng kalangitan at lupa.

¹⁶⁰ Isa ngang maginaw, na maulang gabi, ang sabi nila, "Guro, kami po'y uuwi ng tahanan kasama Mo."

¹⁶¹ Sabi Niya, "Ang mga asong-gubat ay may lungga, at ang mga ibon ay may mga pugad, pero wala Akong mapaghimlayan ng Aking ulo."

Ang Diyos, si Jehovah, ibinababa ang Kanyang Sarili at naging Tao; kinatawan sa isang makasalanang laman, para tubusin kayo at ako. Sino tayo kung ganoon? Siya ang ating halimbawa. Sino ako? Walang-wala.

¹⁶² Binabanggit ko nga sa isang tao, kaninang hapon, sa isang munting pagtitipon. Sabi ko, "Bawat anak na ipinanganak ng Diyos ay kinakailangang masubok, unang-una, idaan sa hirap." Naalala ko 'yung sa akin noon, o 'yung pinaka matindi kong panahon. Mangyaring kapag ang isang—kapag ang isang tao ay maipanganak na muli, may kung anong munting dako siya roon, na kasinglaki ng kuko sa daliri, na inilalagay ng Diyos sa loob niya, sistema, at didiretso 'yun sa puso niya at doon nga'y aangkla 'yun. Tapos ibubunsod siya ni Satanas na patunayan 'yun. At kung wala 'yun dun, wala ka.

¹⁶³ Naalala ko sa may ospital noon, nung ako'y dalawampu't dalawang taong gulang pa noon, dalawampu't tatlo, marahil, mga ganoon, nasa kabataan pa lang. At ang tatay ko, siya nga'y naghihingalo sa mga bisig ko, at ako'y nakikipag-usap noon sa

Diyos na siyang tagapagpagaling. At ang sarili kong tatay na siya nga'y inatake noon sa puso, idinantay niya ang ulo niya sa may bisig ko, at ipinapanalangin ko siya noon; at kitangkita ko kung papaanong itinutuon niya ang mga mata niyang 'yun at ako'y tinitingnan niya, at bumigay na, para katagpuin na ang Diyos. Dinala ko siya't inilibing sa tabi ng kapatid kong lalaki, at ang mga bulaklak ay sariwang-sariwa pa noon sa libingan niya, at hayun ako na nangangaral tungkol sa isang Diyos na nagpapagaling ng mga maysakit. Ang trabaho ko'y sa Public Service Company pa noon, dalawampung sentimo ang kinikita bawat oras, at ang maybahay ko ay nagtrabaho rito sa pabrika ng mga kamiseta; para makatulong sa kabuhayan ng munti pa naming labing-walong buwan na gulang na anak na lalaki, si Billy Paul, at ang walong buwan na bata na dinadala pa niya noon.

Nakikita ko si Kapatid na babaing Wilson na itinutungo niya ang kanyang ulo. Naaalala niya 'yun; sina Roy Slaughter at ang iba pa sa kanila na mga matatagal na rito.

¹⁶⁴ Anong ginawa ko? Naglakad po ako sa mga lansangan, may baon na pinalamanang tinapay, bababa ako mula sa poste, at magpapatotoo sa lahat ng dumaraan doon, tungkol sa pag-ibig ni Jesus Cristo. Magpupunta sa mga talyer nila't makikiusap na kung maaari ba akong makigamit dun, makikipag-usap dun sa mekaniko. Magpupunta roon, sasabihin, "Kalalakihan, naligtas na ba kayo? May bagay kasi akong natagpuan sa aking puso." Nagpupunta ako sa tindahan kahit dis oras na ng gabi. Uuwi ng alas dos o alas tres na ng umaga, dahil sa mga tawag ukol sa mga maysakit nang buong magdamag. Hindi. . . Halos upo lang ang pahinga, magpapalit ng damit at magsusuot na naman ng unipormeng pantrabaho. At mauupo nang kaunti sa upuan at magpapahinga hanggang sa magliwanag, tatayo at lalarga na naman. At namamayay ako nang husto, dahil sa pag-aayuno at pananalangin, na tuloy pa rin mismo sa pananalangin kahit isinusuot ko na ang mga espuwela ko, para makaakyat na ng poste. Nangangangaral, at ipinapangaral na ang Diyos mismo'y dakila, ang Diyos ay kaawaan, ang Diyos ay pag-ibig, sa mga tao.

At, heto, na ang tatay ko'y namamatay sa mga bisig ko. At ang mga kapatid kong lalaki'y namatay, napatay habang narito ako noon sa pulpito sa munting, Pentecostal na iglesya ng mga itim, nangangaral. May dumating para magbalita sa akin, "Ang kapatid mong lalaki ay napatay dun sa highway. Nahagip siya ng kotse't napatay siya roon." Yung dugo mismo ng kapatid niya'y umaagos sa damit niya, kung saan niya siya kinuha sa highway. Katatapos ko lang siyang ilibing, ang tatay ko nama'y namatay. Pagkatapos, heto rin na ang asawa ko'y nakahimlay din doon.

¹⁶⁵ At nagpunta't, pumarito ako sa tabernakulo rito. Mula rito, kung saan nakatayo ang entablado ng ito, sinabi ko sa mga tao,

anim na buwan bago 'yun mangyari, "May darating na baha. At may nakita akong Anghel na may dala-dalang panukat, at sinukat, 'Dalawampu't dalawang talampakan ang magiginig taas nito sa may Spring Street.'"

Sina Sandy Davis at ang iba pa sa kanila na nakaupo rito noon, sila'y natawa, ang sabi, "Wawalo o sasampung pulgada nga lang noong 1884, iho. Naririnig mo ba itong sinasabi mo?"

¹⁶⁶ Sabi ko, "Mangyayari 'yun. Dahil, nakita ko mismo sa isa sa mga pangitain ko, at sinabi Nito sa akin na magkakaganoon nga. At mangyayari talaga." At haya't may marka po sa Spring Street, mapasa hanggang ngayon, na tanda nung dalawampu't dalawang talampakan ng tubig. Sabi ko, "Nakarating nga ako sa tuktok ng tabernakulong ito sakay sa isang bangka." At 'yun mismo ang ginawa ko.

¹⁶⁷ Nung panahon na 'yun, may sakit ang asawa ko. Siya nga'y ipinanalangin ko. At nagpunta ako rito sa tabernakulo, may mga taong naghihintay para sa kanya. Sabi ko, "Naghihingalo na siya."

"Oh, pero siya'y asawa mo, siyanga."

¹⁶⁸ Sabi ko, "Mamamatay na siya."

Bumaling ako roon at nanalangin nang nanalangin nang nanalangin. At iniabot ko ang mga kamay ko. Hinawakan niya ang kamay ko. Sabi niya, "Billy, kakatagpuin kita sa umaga, tatayo Roon." Sabi, "Tipunin mo ang mga bata at katagpuin mo ako sa malaking Pintuan."

¹⁶⁹ Sabi ko, "Sige't sumigaw ka lang ng, 'Bill.' Paroroon ako." Kita n'yo? At yumao na siya. Inihimlay ko siya roon sa morge.

Umuwi na ako, para humiga. At nung humiga na ako. . . Si munting Billy Paul na nanunuluyan kina Gng. Broy at sila dun, siya nga'y malubha ang sakit. Inaasahan na ng doktor na siya'y mamamatay anumang oras. Nananalangin ako noon para kay Billy. At hetong dumarating si Kapatid na Frank at sinundo ako. Sabi, "Ang anak mong sanggol ay naghihingalo, ang munti mong anak na babae."

¹⁷⁰ Nagpunta ako sa labas ng ospital. Di ako pinapayagan ni Doktor Adair na pumasok, sabi, "May meningitis siya. Baka madala mo ito't mahawa mo pa si Billy Paul." Inutusan ang isang nars na bigyan ako ng kung anong pulang inumin, parang anestetiko, o kung ano para kumalma ako. At hinintay kong makaalis sila nung silid, itinapon ko 'yung inumin sa labas sa may bintana. Dumaan ako sa likod na pinto, nagpunta roon sa pinaka ibabang palapag.

Doon nga'y nakahimlay ang anak ko, sa tabi lamang nung ospital, may kung anong nakabukod na dako roon, dinadapuan na ng mga langaw ang munti niyang mga mata kagaya nun. Kumuha ako ng parang kulambo, binugaw ko ang mga langaw,

at inilagay ko 'yun sa ibabaw niya. Lumuhod po ako, sabi ko, “Diyos, hayan po na ang tatay ko’t kapatid kong lalaki, sa dako roon, at may mga bulaklak pa sa kanilang libingan. Naroon naman si Hope, nakahimlay sa isang dako. At heto po ang anak ko, naghihingalo. Huwag Mo pong kunin siya, Panginoon.”

¹⁷¹ Kanya ngang binabaan ako ng mga kurtina, na para bang ang ibig sabihin, “Tumahimik ka. Hindi Ko gustong makarinig mula sa iyo, ng kahit na ano.” Ni ayaw nga Niyang mangusap sa akin noon.

¹⁷² Mangyaring, noong mistula bang di Siya nangungusap sa akin, hayun na ang pagkakataon ni Satanas. Ang sabi niya, “At ang akala ko ba ang sabi mo Siya’y mabuting Diyos. Para saan pa itong lahat ng pagsusumamo mo? Isa ka lamang paslit. Sige tumingin ka sa iyong paligid, sa buong bayan. Bawat babae at bawat lalaki na nakakasalamuha mo ay iniisip na nawawala ka na sa katinuan mo. Nagkaganoon ka na.” Ngayon, di nga niya masabi na walang Diyos, dahil nasaksihan ko nga Iyon mismo. Pero ang sinabi niya sa akin ay wala raw malasakit ang Diyos sa akin.

¹⁷³ Naupo ako roon magdamag, maghapon. Ang sabi ko sa Diyos, “Ano po ang nagawa ko? Ipakita Mo sa akin, Panginoon. Huwag Mo pong itulot na ang mga walang malay ang magdusa nang dahil sa akin, kung ako man ay may nagawang mali.” Di ko alam noon na Kanyang sinusubok pala ako. Mangyaring ang bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangang masubok. Sabi ko, “Sabihin Mo po sa akin kung ano ang nagawa ko. Itutuwid ko. Ano po bang nagawa ko’t di po ba’t nangangaral lamang ako maghapon, magdamag, at itinatagubilin ko na sa Kanya ang buhay ko, sa lahat ng oras? Ano po ang nagawa ko?”

Sabi ni Satanas, “Tama. Kita mo, ngayon, kapag ikaw na, at heto ka na sinasabi mo sa mga tao na naniniwala ka na Siya nga’y dakilang tagapagpagaling, at heto naman na ang anak mo’y nakaratay sa dako roon, mamamatay na. Ni di ka Niya pinakikinggan. Ang asawa mo’y namatay na lang nang dahil sa tuberkular na pneumonia. Sinasabi mo may kakayahan Siyang magpagaling ng mga kanser, at heto nga naman Siya. Ngayon, sinasabi mo na Siya nga’y mabuti, at kung papaanong ganoon Siyang kabuti sa mga tao. Pero papaano kung ikaw na?”

¹⁷⁴ Pagkatapos nag-umpisa na akong makinig sa kanya. Ako nga’y nakinig sa mga pangangatwiran. Sa isip-isip ko, “Tama.”

Sabi, “Magagawa naman Niya. . .kahit di mo na bigkasin ang Salita, *susulyap* lamang sa iyong sanggol, at mabubuhay na ito.”

Sabi ko, “Tama.”

“At sa laki nang nagawa mo para sa Kanya, at sa kabila n’yan ay ganito ang igaganti Niya sa iyo.”

175 Sabi ko, “Tama.” Bigla na lang akong napaisip, “Buweno, ano kaya?” Kita n’yo? Ang lahat nga’y nag-uumpisang gumuho, kapag makikinig ka sa mga pangangatwiran. Pero, pagdating Doon, Ito nga’y nakahimpil lamang doon. Nakapanatili lamang Ito roon. Handa na sana ako noong magsabi, “Kung ganoon ay aayaw na ako.”

Mangyari ngang kapag dumating sa punto na natatangay ka na ng lahat ng kapangyarihan ng pangangatwiran, hayan ngang tumutugaygay na ito sa Buhay na Walang Hanggan, sa bagong Kapanganakan na iyon. Ano kaya kung Ito’y wala roon noon? Ako kaya kung Ito’y di roon gumawa? Haya’t di natin makikilala ang isa’t isa kagaya ng pagkakakilala natin ngayon. Ang iglesyang ito’y wala po sana rito ngayon, di pa kasama ang makailang libo’t makailang milyon sa buong mundo. Pero, salamat sa Diyos, Ito’y narito.

176 Pagkatapos mangyaring naisip ko, “Ano? Sino lang ba ako, kung tutuusin? Sino ba ako, para kuwestyunin ang Kanyang pagka-makapangyarihan? Sino ba ako, para kuwestyunin ang Manlilikha na nagkaloob sa akin ng mismong buhay na ito sa lupa? Saan ko ba natanggap ang sanggol na ’yun? Sino ang may bigay nun sa akin? Hindi nga sa ganang akin, kung tutuusin. Ipinahiram Niya lamang ito sa akin, nang kaunting panahon.”

Sabi ko, “Satanas, lumayo ka sa akin.” Pumunta ako roon, ipinatong ko ang kamay ko sa ibabaw ng sanggol. Sabi ko, “Pagpalain ka ng Diyos, giliw. Sa ilang saglit, dadalhin ka na ni tatay roon, ilalagay ka na sa mga bisig ni nanay. Dadalhin na ng mga Anghel ang munti mong kaluluwa sa ibayo. At ikaw nga’y kakatagpuin ko sa umagang iyon.”

Sabi ko, “Panginoon, Ikaw ang nagbigay sa kanya sa akin. Hetong kinukuha mo na siya. Ako ma’y paslangin mo, katulad ng sinabi ni Job, gayunman, iniibig Kita’t sinasampalatayan Kita. Ako ma’y dalhin mo patungong impyerno, iibigin pa rin Kita, sa kabila ng lahat ng ’yan. Di ko kayang lumihis doon.” Hayan nga.

Kung sa pagiging intelektuwal lang, gumuho na siguro ang lahat. Pero ang kailangan na kailangan mo nga’y personal na kaugnayan. Kinakailangan mong maipanganak na muli.

177 Yan ang dahilan kung bakit nalilihis ang mga ministro, sa matitinding paratang na ’yan at mga bagay-bagay. Sinasabi nila, “Wala naman talagang Makalangit na pagpapagaling. Wala ngang ganyan.” Di pa kasi sila nakatutungtong sa banal na dako, katulad nga ng ipinapangusap ko kaninang umaga. Wala silang kaalaman tungkol Dito. Papaano nila masasabi na sila’y mga anak ng Diyos, at tumatanggi naman sa Salita ng Diyos? Papaano n’yo nagagawa ’yun, na tatanggi sa mismong Espiritu Santo na tumubos sa iyo?

178 Oh, pagkatandaan lamang, ibinaba ni Jesus ang Kanyang Sarili, hanggang kamatayan, para sa inyo. Di Siya lumaban. Noong duraan nila ang Kanyang mukha, hindi Siya gumanti ng dura. Noong hilain nila ang Kanyang balbas, di Siya gumanti ng hila sa kanila. Noong sampalin nila Siya sa isang panig ng mukha, at sa kabila, hindi Siya gumanti ng sampal. Nanalangin Siya para sa kanila, lumakad doon, nang may pagpapakababa. Siya nga'y halimbawa ng pagpapakababa.

179 Siya'y puspos ng pananampalataya. Bakit? Batid Niya kasi na ang Kanyang mga Salita ay di maaaring mabigo. Lubos na ipinamumuhay Niya ang Salita hanggang sa mahayag na Siya ang Salita.

Oh Diyos! Hayaan n'yong itaas ko pareho ang aking mga kamay sa Diyos, sa harap ng mga narito. Itulot nawa na aking maipamuhay ito nang gaya nun. Na maipangyari na ang Salita na ito, na ako at ang Salita na ito'y maging iisa na: na ang mga salita ko'y maging itong Salita mismo; mapagbulay-bulay ito sa aking puso; na Siya ang maparito sa puso ko, sa diwa ko; na maitali ang Kanyang mga kautusan sa haligi ng aking talino; maitali ang mga ito sa haligi ng aking puso; na maipangyaring Siya ang makita ko; kapag dumarating ang tukso, ay si Jesus nawa ang aking makita; kapag wala nang nangyayaring matino sa mga bagay-bagay, mangyari nawang Siya ang makita ko; na kapag nasa hangganan na ako, at ang kaaway ay binubuyo ako na magalit, ay makita ko nawa si Jesus, kung ano ang gagawin Niya?

180 Siya nga'y naroon nakababad mismo sa Salita, na anupa't Siya at ang Salita ay naging siya ring iisang bagay. Masdan.

181 Di Niya kailangang makipagtalo. Batid Niya na Siya at ang Salita ay iisa. Batid Niya na Siya ang Salita ng Diyos na nahayag, at mangyaring ang utos ng Diyos ay dadaig mismo sa sanlibutang ito sa huli. Batid Niya 'yun, sa Salita Niya. Taglay Niya ang pananampalataya. Batid Niya kung saan Siya naroon. Di Niya kailangang magpaliwanag at magsasabi, "Heto, sige't maaari na kayong pumanig sa dako *rito*."

182 Sabihin man ng diyablo, "Ngayon, tingnan Mo, Ikaw nga'y may kakayahan na gumawa ng mga himala. Alam Mo na 'yang taglay Mong pananampalataya ay malaki talaga. Nakagagawa Ka ng mga himala. Sige't tatayuan Kita ng gusali, na doble ang laki kaysa dun kina Oral Roberts. Dahil nga, ang lahat ng mga tao'y... Pero ang—ang nag-iisa na dapat Mo lang gawin, ang maipakita itong lahat. Tumalon ka lang sa ibabaw ng gusali rito, magpatihulog Ka, dahil nasusulat, kita Mo, 'Aalalayan Ka ng mga Anghel, baka masaktan ang paa Mo sa may bato.'" Kita n'yo?

Alam Niya na may kapangyarihan Siya. Alam Niya na kaya naman Niyang gawin 'yun. Alam Niya na naroon mismo 'yun

sa Kanya, pero di Niya minithi na gamitin 'yun hanggang sa ito nga'y sabihin muna sa Kanya ng Diyos. Kita n'yo? Ang adhika nga Niya'y ang Diyos na naroon sa Kanya, ang maipahayag na Salita nang buong-buo. At alam Niya, na kapag magsalita Siya nang kahit na anupaman, 'yun nga'y ang Salita ng Diyos; at bagamat ang kalangitan at lupa ay lumipas, ang Salita na 'yun ay mananaig balang araw.

¹⁸³ Hindi Siya mahilig makipagtalo ni mapangambahin. Kanya lamang binibigkas ang mga Salita ng Diyos. Bawat Salita na lumalabas sa Kanyang mga labi ay pinahirang Salita ng Diyos.

Hindi ba't napaka inam nun na masasabi natin 'yun, "Ang aking salita at ang Salita ng Diyos ay iisa. Ang sabihin ko, Kanya mismong kikilalanin ito, dahil wala akong ginagawa na iba maliban na sabihin Niya muna sa akin"? Oh, hayan nga ang halimbawa para sa inyo. Hayan ang isang buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo.

¹⁸⁴ Hindi 'yung mga saserdote na ganun na lamang kaedukado at kapulido, at mayroon nitong lahat ng matataas na parangal, at tatayo roon at mananalangin nang mahaba, at maninila sa bahay ng mga babaing balo, at maninila sa matataas na upuan sa—sa kongregasyon, at sa lahat ng mga bagay na naroon. Sila nga'y. . . Hindi 'yun buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo.

Pero Siya'y karapat-dapat sa Ebanghelyo, na ganoon na lamang kahusto, na sinabi ng Diyos, "Ito ang sinisinta Kong Anak, na labis Kong kinalulugdan. Pakinggan ninyo Siya. Ang Aking Salita ay Siya. Siya ang Aking Salita. Siya at Ako ay iisa."

¹⁸⁵ May kabatiran, masdan n'yo po ito ngayon. May kabatiran Siya na mapapanagumpayan ng Kanyang Salita ang mundo sa huli. Batid Niya mismo kung saan nanggaling ang Kanyang Salita. Batid Niya na di Ito mabibigo kahit kailan, 'yan nga ang dahilan kung kaya't sinabi Niya, "Kapwa kalangitan at lupa ay lilipas, subalit ang Aking Salita ay di kailanman mabibigo." Kita n'yo? Magagawa Niyang sabihin 'yun. Hayun mismo ang isang Tao Na ang Kanya at ang Salita ng Diyos ay naging isa. Sinabi Niya sa kanila. . .

"Dapat ninyong gawin ang *ganito* at *ganoon*."

¹⁸⁶ Ang sabi niya, "Sinong makahahatol sa Akin ng kasalanan? Sinong makapaparatang sa Akin?" Ang *kasalanan* ay "di pananampalataya." "Kung Ako, ay sa pamamagitan ng daliri ng Diyos, nakapagpapalayas ng mga demonyo, sa pamamagitan naman nino't nakapagpapalayas ang inyong mga anak?" Kita n'yo? Kung di sa ganoon, malamang ay sa kung anong bagay. Kita n'yo? "Kung Ako. . ."

Sabi nila, "Buweno, nakakapagpalayas din naman kami ng mga demonyo."

187 Sabi Niya, “Kung sa pamamagitan ng daliri ng Diyos Ko ito ginagawa, na isang pinagtibay na Salita ng Diyos, kung ganun ay sa pamamagitan nino nakapagpapalayas ang inyong mga anak? Kung ganoon sige't kayo ang humatol.”

188 Ang mga tao nung panahon Niya, at hayan nga ang mga tao noon na pinagtatawanan Siya, nililibak Siya. Pero, Siya, kanila ngang hinihiya Siya, sa kung anu-anong paraan na magagawa nila. Pinagsabihan Siya ng lahat na ng iba't ibang klase ng kasamaan, laban sa Kanya, pero Siya nga'y nagpatuloy pa rin.

Ngayon gusto ko pong magtapos dito sa ilang sandali, sa pagsasabi nito.

189 Ang mga tao sa panahon ngayon ay sangkumpol ng mga neurotiko. Ang mga tao sa panahon mismo ngayon ay kumpol ng mga neurotiko. Takot na takot silang panghawakan ang mga pangako ng Diyos. Mga tao sa iglesya, ang organisasyong pang-iglesya, ang organisasyong pang-iglesya'y takot na tanggapin ang hamon ng Kasulatan ng Diyos para sa kapanahunan na ito. Napagtanto nila. Napagtanto nila na ang kanilang modernong kalagaya't kanilang panlipunang ebanghelyo na ipinapangaral nila ay di makatutugon sa hamon ng oras na ito, kung paano noon si Samson na di angkop na tumugon sa kalagayan niyang 'yun. Kinailangan ang Diyos.

At heto ang programa na nangako nito. Dadako po ako riyang sa ilang minuto.

190 Gusto ko pong maglumagi sa salita na 'yan, pansumandali. Gayong sinasabi-sabi nilang mga Cristiano sila, nagsitanggap sila ng mga kredo, mga kredong gawang-tao, na ipinagpalit sa lugar ng Salita ng Diyos. Kaya mangyaring, nagagawa nilang tanggapin ang kredo, dahil gawa 'yun ng tao. Pero takot sila na ilagak ang pananampalataya nila roon sa Diyos na inaangkin naman nilang iniibig nila. Ganun nga. At pagkatapos sasabihin n'yo na ang buhay na 'yun ay karapat-dapat sa Ebanghelyo? Di maaari, kahit na sila'y mga miyembro pa ng iglesya. Haya't di pa rin 'yan karapat-dapat sa Ebanghelyo. Hindi, talaga.

191 Ang Ebanghelyo! Sinabi ni Jesus, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilikha. Ang mga tandang ito'y lalakip sa mga mananampalataya.”

At kung tatanggihan n'yo ang sinasabi rito na paglakip sa mga mananampalataya, papaanong may buhay kayo. . . Kahit sabihin pa nating, marahil hindi ka nakapagsalita ng anumang bagay na masama, marahil tinutupad mo ang sampung utos, wala nga 'yan ni katiting na kinalaman dito. Hindi pa rin 'yan karapat-dapat sa Ebanghelyo. Kita n'yo? Hindi maaari.

Tumutupad silang mga saserdote, at di pa rin sila karapat-dapat. Ang sabi Niya, “Kayo'y sa inyong amang, diyablo.” Sino nga ang makapagtuturo ng daliri't makapag-aakusa sa mga kalalakihang ito? Ni isang maliit na tanda lang ng pagkakasala,

haya't sila nga'y babatuhin nang walang awa. Talagang banal na mga kalalakhian! At sinabi pa rin ni Jesus, "Kayo'y sa inyong amang, diyablo," noong dumating ang Ebanghelyo.

¹⁹² Gayong tinatawag nila ang mga sarili nilang Cristiano, ay mahilig pa rin sila na manghawakan sa mga kredo, sa kanila mismong mga kredo. Oh! Ito kasing mga kredo'y nagpupunla at nagpapabunga ng kaisipan ng modernong mga tao sa panahon ngayon. At ang isang tao na naghahangad ng katagumpayan sa panahon na ito, ay kinakailangan na sumabay sa modernong kalakaran ng pag-iisip. Hayaan n'yong sabihin ko 'yan nang madiin at malinaw. Kita n'yo? Ang isang tao, kung ang hangad mo'y tagumpay, kinakailangan mong sumabay sa modernong kaisipan ng panahon ngayon. Heto. . . Hayan nga sila sa paligid, sasabi-sabihin, "Oh, hindi ba't nakakahanga siya? Hindi ba't nakakamangha siya? Kaya niyang tumayo roon nang dire-diretso, at hindi niya tayo pinapanatili rito nang lampas sa labing-limang minuto. At heto nga ang pastor natin na hindi tayo sinasaway sa mga bagay-bagay na ganito."

Nakakahiya ang pastor na ganoon. Sinumang tatayo sa pulpito na 'yan at titingin sa kasalanan ng kapanahunang ito, at ni di man lang ito isisiwalat, may kung anong mali sa tao na 'yun. Di siya karapat-dapat sa Ebanghelyo na inaangkin niya na ipinapangal daw niya. Siyanga. Kaya, sa ginagawa nilang 'yan, sila'y nagdadahilan mismo sa sarili nila, sa pagsabi, "Ngayon, ang tingnan mo, ay itong kongregasyon ko!"

¹⁹³ May—may isang lalaki na nagpunta rito, di pa katagalan, ng isang malaking iglesya, at nagsusulat siya noon ng sanaysay. At ang sabi niya, "May isinusulat ako tungkol sa Makalangit na pagpapagaling." Sabi, "Kapatid na Branham, iniibig ka namin, dun sa aming denominasyon." Isa po 'yun sa pinaka malaking denominasyon na mayroon, isa sa pinaka malaki sa bansa, o maging sa mundo. At ang sabi niya, "Iniibig ka namin, dun sa denominasyon naming ito." Naparito siya noon sa Jefferson Villa. Pero, ang sabi, "Naparito ako para matuto pa tungkol sa Makalangit na pagpapagaling na ito." Sabi niya, "May isa lang puna na nakita ng aking iglesya." Kita n'yo? Sabi niya, "Ikaw po raw ay laging nakikipagbuklod sa piling ng napakaraming mga Pentecostal."

Sabi ko, "Buweno, ngayon, alam mo, totoo naman 'yan." Sabi ko, "Totoo 'yan. Alam mo, kung tutuusin gusto ko ngang magkaroon ng pagkakataon na makalayo mula sa kanila." Sabi ko, "Sasabihin ko sa'yo. Pupunta ako sa bayan mo, sabihin mo sa iglesya mo na itaguyod ako."

"Oh," sabi niya, "hindi nila gagawin."

Sabi ko, "Yan mismo ang iniisip ko. Yan mismo ang iniisip ko."

194 Sabi, “Kita n’yo po, ang denominasyon ko kasi’y hindi tumatayo sa bagay na ’yan.” Yan nga’y katulad na katulad sa pagdadahilan, na, “Bagong kasal kasi ako,” o “bumili kasi ako ng magkatuwang na bakang lalaki.” Hindi ko alintana gaano mang karaming digri ng pagka-doktor ang mayroon ka, at kung gaano ka mang tinitingala, sa iyong denominasyon. Yang ganyang pagmi-ministeryo ay di karapat-dapat sa Ebanghelyo na nasusulat mismo sa Aklat na ito. Siyanga.

195 Sinupamang miyembro ng iglesia na papanig sa bagay na tulad nun, at aangkinin na Cristiano raw sila! At sa paglabas naman dun ay mamumuhay na. . . At ang mga kababaihan ay pinuputulan ang kanilang buhok, at nagsusuot ng mga damit na sinasabi ng Biblia na huwag nilang isusuot. Yang ganyang kalakaran ng mga kalalakihan sa panahon ngayon, “isang anyo ng kabanalan,” pero umiinom ng alak at naninigarilyo, at ilang beses mag-aasawa at nagiging mga diyakono pa sa iglesia at nagiging mga pastor pa nga, at kung ano pa. At ang mga tao na pinapayagan ang mga bagay na gaya n’yan, ang buhay na tulad n’yan ay di karapat-dapat sa Ebanghelyo.

196 Ang isang babae na lalakad, tatawag-tawag sa telepono at makikipag daldalan, at magpapasimula ng alitan sa iglesia, at mga bagay na tulad nun, di nga ’yan buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo na dapat nating ipakilala. Sinuman na magiging mitsa ng pagkakawatak-watak sa iglesia, at magsisimula ng alitan sa pagitan ng mga tao, at mga bagay na tulad nun, ay di karapat-dapat sa Ebanghelyo na ipinapangaral natin. Ganoon ’yun mismo. “Isa itong anyo ng kabanalan, tinatanggihan ang kapangyarihan nito,” ang kapangyarihan ng Diyos na dapat sana’y maglalayo sa inyo mula sa mga ganito.

197 Pansinin, ngayon, hindi nga nila ginawa. Wala sa kanila na gawin ’yun. May dahilan sila, na, di raw kasi naniniwala Rito ang iglesia nila. Sila. . .

Buweno, pero, si Jesus haya’t sasabihin—sasabihin nga ito sa tao, sa gabing ito, mangungusap sa puso ng taong ’yun at magsasabi, “Ibig Kong humayo ka, na buong Ebanghelyo ang ipangaral mo.”

“Hindi po tumatayo ang iglesia ko Rito, Panginoon. Ako po’y pagpasensyahan Mo na po, kung itutulot Mo. May iba pa naman akong mabuting pamamahala. Ako—ako—ako, alam Mo, na ako’y isang pastor, sa isa sa pinaka malalaking iglesia rito sa siyudad, Panginoon. Oh, pinupuri namin ang Iyong Pangalan sa dakong ’yun! Siyanga, Po. Ganoon ang ginagawa namin. Di ko lamang magagawa ’yun.” Siyaring dahilan, siyaring bagay. Kaya di sila makapunta-punta sa espirituwal na piging na ’yun ng Kanyang ipinangako’t, pinatototohanang Salita.

198 Hindi ba’t sinabi ni Jesus, “Kung saan naroon ang bagong katay na karne, ang mga agila ay nagkakatipon”? “Mga agila,”

hindi buwitre, siyanga. Mga agila! Kung saan naroon 'yung bulok, at 'yung—'yung—'yung bangkay, doon nagkakatipon ang mga buwitre. Pero kung saan naroon ang sariwa, malinis na Karne, doon nagkakatipon ang mga agila. Kita n'yo? Tunay. Kung saan naroon ang Salita, ang Pagkain ng agila, doon sila nagkakatipon.

¹⁹⁹ Kaya ganoon na lang na di sila pumaroon sa espirituwal na piging kung saan sila inanyayahan. Naniniwala ba kayo na ang Diyos ay nagbigay na noon pa man sa Amerika ng paanyaya, nitong huling labing-limang taon, na pumaroon sa dakilang rebaybal, sa espirituwal na piging? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pumaroon ba sila? Hindi, po. Hindi, po. Kaya, 'yang pagtangi nilang pumaroon, 'yung ba'y buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo, bagamat inaangkin nilang ganoon daw sila?

²⁰⁰ Mangyaring may lumapit sa aking lalaki, di pa katagalan, at naupo sa may hapag, at ang sabi, "Kapatid na Branham, gusto kitang makamayan sa kabila ng hapag na ito," isa pong tanyag na lalaki, "Gusto kong makamayan ka. Nalulugod ako sa iyo." Naparoon ako sa isang simbahan at napakinggan ko ang lalaki na 'yun na nangaral. Sabi, "Nalulugod ako sa iyo. Naniniwala ako na ika'y lingkod ng Diyos."

Sabi ko, "Salamat, doktor. Nalulugod din ako sa iyo, oo."

Sabi niya, "Gusto kong sabihin sa iyo kung gaano kitang kinalulugdan, bilang kapatid." At sabi, "Nakikita mo ang munti kong reyna na nakaupo rito, ang aking asawa? Naaalala mo ba siya?"

Sabi ko, "Naaalala ko."

Sabi, "Tinangingan na siya noon ng doktor na dalawang linggo na lang daw siyang mabubuhay, dahil sa sarcomas na kanser. At nagpunta ka noon sa bayan at ipinanalangin mo siya. At tumingala ka noon, at nakakita ng pangitain. Bumaling ka pagkatapos at sinabi mo sa akin, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON, siya'y gagaling.'" Yung malaking bukol sa likod niya, bigla na lang lumubog nang *paganoon*, na dati'y parang namamaga't malaking. . . parang bahagi ng dibdib ng babae na nahila paloob, dun sa likod niya, sa mismong gulugod. Wala ngang kahit na anong marka na natira roon, hanggang sa araw na ito. Sabi, "Haya't nakaupo riyang ang reyna ko, buhay na buhay ngayon." Sabi, "Ano pa bang bagay ang magagawa kong iba kundi ang ikalugod ka, dahil sa pananalangin mong 'yun na may kalakip na pananampalataya? Papaano akong mapipigilan na maniwala na ika'y—ika'y lingkod nga talaga ng Panginoon, haya't nung tumingin ka sa akin, ay sinabi mo nang eksakto kung ano ang mangyayari?" Sabi niya, "Ngayon may bagay lang ako na ipararating sa iyo, Kapatid na Branham." Sabi niya, "Ako

kasi'y kabahagi ng malaking kalipunan ng mga Pentecostal na mayroon ngayon."

Sabi ko, "Siyanga, po. Alam ko po 'yun."

Sabi niya, "Kinausap ko mismo ang mga kapatiran, di pa katagalan, at sinabihan nila ako na makipag-ugnay sa iyo, at sabihin sa iyo na malaking kahinayangan na dinala mo ang pagmi-ministryong ito na bigay ng Diyos para roon sa grupo ng mga tao sa may ilog at sa palibot nun."

Sabi ko, "Ganoon ba?"

Sabi, "Ganoon nga." Sabi, "Ipinadala ng Diyos ang pagmi-ministryong 'yan para sana sa mga nasa sentro, sa mga mas marangal, sa mga kilala."

²⁰¹ Doon nga'y nakita ko mismo ang diyablo na nagsasalita. Sa isip-isip ko, "Sige. 'Magpatihulog ka mula sa bundok na ito, at magpakitang-gilas, alam mo, mula sa gusaling ito.'" Kita n'yo? Kita n'yo?

Sa isip-isip ko, "Masyado na siyang nalihis sa malayo." Gaya ng sinasabi-sabi ng butihin kong nanay noon, "Bigyan mo ang baka ng mahaba-habang tali, siya na ang magtatali sa sarili niya."

Sabi ko, "Ganoon po ba?"

"Oo." Sabi, "Nakakapanghinayang, samantalang nagagawa mo ang katulad n'yan?" Sabi, "Ano na ba ang estado mo sa buhay? Sa ngayon tiyak akong hirap na hirap kang matustusan ang iyong makakain." At sabi, "Tingnan mo si Oral Roberts at sila, na humakbang na sa sentro, at nagsisihayo sa labas na ang pagmi-ministryo nila'y sangbahagi lang ng sandaang kabuoan ng pagmi-ministryo na kamit mo. Tingnan mo kung ano nang naabot nila."

Sabi ko, "Oo. Ganoon nga." Kita n'yo?

Tapos sabi niya, "Kukupkupin ka ng grupo ko. Hayan nga't tatanggapin ka namin, bilang—bilang isa sa kapatiran namin. Ibibigay nila sa iyo ang buong karapatan sa pagbubuklod, at magpapagamit pa kami sa iyo ng sariling eroplano, at sasahod ka mula sa amin ng limang-daan kada linggo, o mas malaki pa kung gusto mo. At ipadadala ka namin sa bawat pangunahing siyudad sa buong bansa." Ito po'y totoong nangyari sa Phoenix, Arizona, magkaharap kami sa hapag. At sabi niya, "At kami na ang magbabayad ng iyong. . ." Sabi, "Tapos buong mundo nga ito mismo, malaking mundo, mga dignitaryo, mga bigating tao mismo, mga mataas-pa-sa-mataas. . ." Sabi, "Matagal-tagal ka na ring humaharap sa mga mahihirap-at-mabababa. Ang mga narito sa amin ay matataas-at-mayayaman." Sabi, "Ipakita mo sa kanila ang kamay ng Panginoon. Tapos pasasamahin ko ang asawa ko sa biyahe, at ang iba pa, para patunayan na 'yang mga bagay na sinasalita mo ay nangyayari talaga."

202 Sabi, “Ganoon, nga. Magiging napaka inam nun.”

Ngayon, kita n’yo, ang lalaking ito, na ang posisyon niya ay D.L., L.L.D., isa pong manunulat ng libro, kita n’yo, doktor ng literatura, napaka husay na manunulat, mabuting tao. Nakita n’yo na? Ni di man lang niya nalalaman ang Kasulatan.

Alam n’yo ba na ’yung Anghel na nagpamalas ng ganoong uri ng mga gawa ay di nagpunta sa Sodoma? Nanatili Siya roon kasama ang grupo ng mga tinawag-palabas, kay Abraham.

Mangyaring wala talaga siyang kaalaman dun. Hinayaan ko lang siya, na maupo dun nang kaunti pa. Gusto kong makita kung ano ang kapalit. Sabi ko, “Buweno, anong kailangan kong gawin?”

Sabi, “Buweno, Kapatid na Branham, isang bagay lang ang nabanggit nila . . . Napag-usapan na namin ito nang maigi, may ilan lang na maliliit na bagay, maliliit na mababaw na mga bagay lang naman tungkol sa itinuturo mo, na siguro’y kung puwede mong maisantabi ang mga ’yun.”

Sabi ko, “Halimbawa ng, ano, kapatid?”

“Oh,” sabi niya, “itong pagbabautismo mo, alam mo. Alam mo, ’yung pagbabautismo mo kasi’y parang sa oneness, parang ganun.” Sabi, “Mumunting bagay lang tulad nun.”

Sabi ko, “Oh?” Pinatuloy ko pa.

Tapos ang sabi niya, “Yung tungkol sa unang katibayan; at tungkol sa mga babaing mangangaral; at ilan pang mumunting mga bagay na tulad nun.”

203 Sabi ko, “Uh-huh?” Sabi ko, “Alam mo, ikinagugulat ko nga na ang isang lingkod ng Diyos ay magsasabi sa isa pang lingkod ng Diyos, matapos na magbigay ka ng pagpupugay sa akin gaya ng ginawa mo, at tinawag mo pa akong propeta, at may kabatiran naman na ang Salita ng Panginoon, o ang kapahayagan ng Salita, ay dumarating sa propeta. At bigla ka na lang babaling, Doktor Pope, (hindi nga batayan ang titulo na ’yun ng mahusay mong karunungan), at heto na sasabihin mo at hihilingin, sa isang lingkod ng Diyos, na heto’t sasabihin mo sa isa pang lingkod ng Diyos na makipagkompromiso siya sa bagay na ’yan na . . . ? . . . napakahalaga sa kanya kaysa sa buhay niya mismo.” Sabi ko, “Hindi, maaari, Kapatid na Pope. Kahit ano pang mangyari hindi ako papayag na gawin ’yan. Hindi, po.”

Ano ’yun? May isang butil ng Buhay na Walang Hanggan; sa mabuhay o sa mamatay, mapag-aalaman kung ikaw ba’y magiting na tao o hindi magiting na tao.

204 Napadaan ako, nung isang araw . . . Di naman sa ibinababa ko ang dalawang lalaking ito. Napatingin ako roon, at may malaking nakapaskil na larawan sa Tulsa, Oklahoma; parating na bagong eskuwelahan ni Oral Roberts, isang seminariyo para pag-aralin ang mga ministro. Ang magiging kabuoang halaga

po nun (At kakilala ko sina Demos Shakarian, Kapatid na Carl Williams, at sila na miyembro ng lupon ng mga tagapangasiwa ng eskuwelahang 'yun.) haya't limampung milyong dolyar, na 'yung gusali pa lang ay tatlong-milyong-dolyar na; bilang isang Pentecostal na kalalakihan, napakalaki nung ibinigay na 'yun ng Diyos para sa kanya.

²⁰⁵ Sa isip-isip ko, "Ako, magkakaroon ng seminaryo? Laban nga ako sa ganoon, sa simula't sapul."

²⁰⁶ At ang nakasaad pa nga roon, "Ang parating na tahanan ng malaking seminaryo ni Oral Roberts." Pagsapit dun sa unahan ng daan, naroon 'yung malaki't modernong gusali na 'yun. At si Oral Roberts po, sa maliit na tagpi-tagping tolda lang doon, nagpunta siya noon sa pagtitipon ko sa Kansas City, Kansas.

Mayroon ding nakasaad dun, "Ang parating na tahanan ni Tommy Osborn," oh, grabe, siguro'y tatlo- o apat-na-milyong-dolyar na gusali 'yun na ipinatatayo roon.

At doon, si Tommy Osborn, isa sa pinaka kalugud-lugod na Cristianong kalalakihan. Isa siyang tapat na tao, isang tunay na isinugo ng Diyos. Nakatayo siya noon sa may tawid lang ng kalsada; may munti't, sabik na sabik na batang lalaki, isang munting batang lalaki at batang babae sa kotse; nagmadaling, lumabas. Sabi, "Kapatid na Branham, naroon nga ako noon nung makita ko 'yung baliw na 'yun ay sumugod dun. At nakita ko na itinuro mo ang daliri mo sa harap mismo ng lalaki, at nagsabi, 'Sa Pangalan ni Jesus Cristo, lumabas ka sa taong 'yan.' Nakita ko mismo na 'yung lalaki'y napaluhod sa paanan mo; matapos na sabihin niya ang pagbabanta kung ano ang gagawin niya, sabi, 'Ngayong gabi, pababagsakin kita sa gitna ng mga narito na animnapu't limang daan ang bilang.'" At sabi, "Nakita nga kita roon na nakatayo, ni di ka man lang nagtaas ng boses, at nagsabi lang, 'Sa Pangalan ng Panginoon, dahil sa ginawa mong 'yan na hinamon mo ang Espiritu ng Diyos, ngayong gabi, babagsak ka sa paanan ko.' Sabi nung lalaking baliw, 'Aba't ipamumukha ko sa iyo ang mga paa na sinasabi mong babagsakan ko.'"

²⁰⁷ Tapos ang sabi ko, "Lumabas ka mula sa kanya, Satanas." Ang lalaki nga'y bumagsak nang patalikod at napadiin nito ang mga paa ko sa may sahig.

Sabi niya, "Ang Diyos ay Diyos, Kapatid na Branham. Yun nga." Sabi, "Naglumagi ako na parang pako sa loob ng isang bahay sa loob ng dalawa o tatlong araw." Wala nga siyang inililihim. Sasabihin at sasabihin niya talaga ang tungkol dun. Hindi niya ikinahihiya. Sabi, "Sa palagay mo ba may kaloob ako ng pagpapagaling?"

²⁰⁸ Ang sabi ko, "Huwag mong pagtuunan 'yan ng pansin, Tommy. Isinugo ka para ipangaral ang Ebanghelyo. Humayo ka, ipangaral Ito. Sumama ka kay Kapatid na Bosworth doon."

209 Napatingin ako roon, at nakita ko. Haya't mas nauna ako sa dalawang kapatiran na 'yun.

Sa isip-isip ko, "Hayan nga si Oral Roberts na may limang-daang siyang mga makinarya, kaya di na kailangan ng kamay pa ng tao para buksan 'yung mga liham; apat na milyong dolyar sa liham, noong nakaraang taon lang." Apat na milyon; sangkapat ng lahat ng salapi na nalilikom, sa buong sangka-Cristianuhan, sa lahat. Sangkapat ng salapi sa buong sangka-Cristianuhan ay napupunta sa isang tao. Napaka gandang lugar! Bumisita nga ako roon para makita mismo.

210 At, ngayon, is Oral po'y kapatid ko. Grabe! Ganoon na lang akong nalulugod sa kanya. Isa siyang tapat na tao, tunay na lalaki, at kinalulugdan ko siya. At mataas ang respeto niya sa akin, at ganon din ako sa kanya, siyanga. Hindi lang kami nagkaka sang-ayon sa—sa Kasulatan.

At, si Tommy Osborn, walang katulad. Mataas ang respeto ko sa kanya. Isa siya sa pinaka maiinam na lalaki na nakilala ko, si Tommy Osborn.

"At itong mga lalaking ito," sa isip-isip ko, nung bumisita ako sa kani-kanilang opisina at nakita ko 'yung kung anong mayroon sila roon, "Sa palagay ko nakakahiya naman para sa kanila na bumisita't, makita ang opisina ko": iisa't maliit lang na makinilya, at kami-kami lang ang nagtutulong-tulong para ipadala 'yung mga liham. At walang-wala nga! Nakaupo ako noon sa likuran ng trailer, nung mga sandaling 'yun. Sa isip-isip ko, "Ano kaya ang dahilan at ako'y ganon lang?"

Tapos naglakad-lakad ako roon. Sa isip-isip ko, "Buweno, 'Parating na tahanan ni Oral Roberts.'" 'Parating na tahanan ni Tommy Osborn.' Ang isa'y di hihigit dun sa isa pa."

Kaya, hayun nga ako sa daan. Sa isip-isip ko, "Pero paano naman ako?"

211 At bigla na lang May nagsabi, "Tumingala ka."

212 Naisip ko, "Siyanga, Panginoon, itulot Mo lang na ako'y makapaglagag ng mga kayamanan sa Langit, dahil naroon po nakalagak ang aking puso." Ngayon, di ko po sinasabi 'yun para ako'y kaawaan. Sinasabi ko lang po 'yun dahil 'yun talaga ang nangyari, at alam ng Diyos na totoo 'yun. Kita n'yo?

213 Saan nakalagak ang mga kayamanan n'yo? Naghahangad ba kayo na maging isang sikat na hinahangaang tao? Kung ganyan kayo, kayo'y walang halaga. Dapat kayong makarating sa punto na di n'yo na hinahangad na maging kung sinong sikat na tao na hinahangaan. Ang hangad n'yo na'y maging mababa't munting lingkod ni Cristo. Yun ang daan na dapat tahakin. Yun mismo.

214 Si Kapatid na Boze at sila dun ay bumubuo ng simbahan sa Chicago. Mangyaring naitagubilin nila 'yung iglesyang 'yun sa Philadelpia sa denominasyon na 'yun. Ngayon pinag-uusapan

nila kung kukuha ba sila ng isang lalaki na lapat na lapat sa likod niya ang amerikana nang *paganito*, isang DD. Sabi ko, “Malilihis kayo n’yan. Kung gusto n’yong makahanap ng isang tunay na pastor para sa iglesyang ’yan, ang kunin n’yo ay isang munting kalugud-lugod na lalaking halos hindi niya mabasa ang kanyang pangalan, at ang puso niya’y nag-aalab sa Diyos. Yun ang lalaki na kunin n’yo. Yun ’yung gusto n’yong kunin, ’yun bang wala ang pag-iisip sa ganitong mga bagay, ’yun bang di kayo didiktahan at ipapadpad sa kung saan, at ilulubog pa kayo sa kung anu-anong pagkaka-utang, at lahat na, at sadya ngang pinapakain lamang kayo ng Salita ng Diyos. Yun ’yung klase ng tao na dapat n’yong kunin.”

Kaya ganoon na lang, na may mga tao talagang tumatanggi na pumaroon sa espirituwal na piging. Magtatapos na po ako. Lumampas na po ako sa oras. Sa loob po ng anim na minuto, magtatapos na tayo, loobin ng Panginoon.

²¹⁵ May narinig ako minsan na may nagsabi, “Pero, Kapatid na Branham, tiyakin mong masusuportahan mo ’yang pahayag mong ’yan.” Sabi pa, “Ang mga taong ito’y di neurotiko. Ang mga taong ito’y di neurotiko. Edukado pa nga sila.” Edukadong neurotiko, kung ganun. Tama. Oo. “Di sila neurotiko. Edukado pa nga sila.”

Kung ganoon sige’t tatanungin ko kayo ng isang tanong. Kita n’yo? Ipagpaumanhin n’yo. Gusto kong tanungin kayo ng isang katanungan kung ganoon. Sige’t ipaliwanag n’yo sa akin ang kanilang mga ikinikilos sa panahon ngayon, kung di sila mga neurotiko. Sabihin n’yo sa akin kung anong nagbubunsod sa kanila na gawin ang mga bagay na ginagawa nila, kung di sila mga neurotiko; kita n’yo, bawat isa nga’y sa sarili niyang denominasyon ang hatak, gahaman. Di ganoon si Jesus. Wala Siyang kung anong hinahabol-habol. Kita n’yo? Hindi Siya gahaman. Siya ang ating halimbawa.

²¹⁶ Sa krimen pa lang, itong bansa, itong bansa nga’y napaka raming mga krimen na kumpara noon. Anong problema? Mga kabataan, miyembro ng simbahan, mga kumikitil ng buhay, mga kalalakihan na babarilin ang asawa nila’t pamilya, tapos nanununog pa ng sarili nilang anak. At tingnan n’yo mismo ang pagtaas ng kriminalidad. Di pa ba sila n’yan neurotiko? Kung ganoon ano itong nangyayari? Ano itong ikinikilos nila?

Mga bansang haling na haling sa kapangyarihan, bawat isa ay naghahangad na kunin ang lahat. . . ang lahat pa ng iba at tipunin sila sa ilalim ng iisang bandila, iisang bansa, na maging bandila nila’t bansa nila. Haling na haling sa kapangyarihan!

²¹⁷ Imoralidad, aba, ang sanlibutan ay naging masyado nang imoral kumpara noon. Hubad na mga babae sa lansangan, hubad na mga babae, at sinasabi nila na nasa tama silang pag-iisip? Hindi maaari. Hindi maaari.

218 Pakinggan n'yo. May isang tao sa Biblia na naghubad ng kanyang kasuotan, at 'yun ay si Pulutong. Wala siya sa tamang pag-iisip niya. Nung masumpungan siya ni Jesus at nagbigay sa kanya ng tamang pag-iisip, isinuot niya ang kanyang damit. Ganoon nga.

Anong nagbubunsod sa inyo na maghubad? Ang diyablo. Ganoon nga. Tapos sasabihin nila na di sila neurotiko? Sige't simulan n'yo sa kalsada rito, at magmaneho ka nang apat na bloke ng lungsod kung di ka makakita ng hubad na babae, at bumalik ka rito't sabihin sa akin. Sige. Alamin n'yo.

219 Tapos sasabihin n'yo na hindi sila neurotiko? Kung ganoon anong problema? Hindi nga masasabing nasa tama silang pag-iisip. Ang isang babae na nasa tamang pag-iisip ay hinding-hindi 'yan gagawin; may higit siyang kaunawaan. Alam niya kung anu-ano ang makakasalamuha niya sa labas: sari-saring diyablo na haling sa laman, napaka rumi, naka susulasok, naka ririmarim, na mga lasenggo, mamamatay-tao, lahat na. Tapos sasabihin n'yo . . .

220 Ang mundo nga'y masya-syado na sa pag-inom ng alak sa panahon ngayon. Mas maraming pera ang ginugugol nila para sa alak, dito sa Estados Unidos, kumpara sa ginagastos nila na pambili ng pangangailangan sa bahay. Sa palagay ko'y parang nasa . . . di ko lang maalala kung gaanong kalaki ang itinaas ng utang dahil sa alkohol bawat taon, sa bansang ito, kumpara sa dati. At anong ibinubunsod ng pagkalulong sa alkohol? Haya't sa institusyon ng mga baliw ang bagsak mo.

221 Kanser. Ito 'yung panahon na ang mga doktor ng medisina mula sa saanmang panig ng mundo'y nagsusulat sa magasin, at sasabihin sa inyo, "Bagon-bagon ang may kanser." Sigarilyo. Sinubok nila ang sigarilyo sa mga daga, at napatunayan na talagang nagdudulot ito sa inyo ng kanser sa baga. Pitumpung porsiyento sa kanila'y nagkakaroon ng kanser dahil sa paghiti ng sigarilyo. At heto ang mga kababaihan at mga kalalakihan na basta na lang hihiti at bubugahan kayo sa inyong mukha. Kung di pa 'yan pagka-neurotiko, ano pa ang neurotiko?

222 Gayong, ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo'y naipapangaral na't napapatunayan, at ang Diyos ng Kalangitan sa anyo ng Kanyang Haliging Apoy ay kumikilos sa ibabaw ng mga tao at ipinapakita na si Jesus Cristo ay nasa huli na niyang yugto ng Kanyang Pagparito, nagbibigay sa kanila ng huling tanda. At tatawanan lang Ito at lilibakin Ito, at sinasabi naman nilang mga miyembro sila ng iglesia; at pagkatapos sasabihin nila na di sila mga neurotiko? Pakipaliwanag nga 'yan. Lumalampas na ako sa oras ko. Pero sige't tanungin n'yo kung di sila mga neurotiko. Siyanga. Sila'y edukadong mga neurotiko. Yun nga mismo. Ipaliwanag mo ang kondisyon nila. Di mo magagawa.

223 Nagpuputol sila ng buhok, nagsusuot ng makasanlibutang mga damit, maglalakad sa lansangan na ganoon ang itsura. At heto ang Biblia ng Diyos na nagbabala na laban diyan, na ano pa't ipinagbabawal sa kababaihan na manalangin na putol ang buhok. At sinasabi na ang lalaki. . . At kung gagawin 'yan ng babae. Na sinasabi niya, heto siya't, asawa nitong lalaki, pero siya nama'y imoral, sa sarili niya, at kaya ang lalaki ay may sapat na karapatan para hiwalayan ang babae at palayasin ang babae palayo sa kanya. Ganoon nga mismo. Yan ang sinasabi ng Salita ng Diyos, at ang mg kababaihan ay napapakinggan naman ito, at ang kaso'y magpapatuloy pa rin sa maiiksi nilang buhok, at tatawagin ang sarili na isang Cristiano kuno. Kung di pa 'yan pagka-neurotiko, ano ang pagka-neurotiko? Gusto kong may magsabi sa'kin kung ano ang pagka-neurotiko, kung ganoon. Siyanga. Mga neurotiko sila.

224 Ang tataas ng pinag-aralan, may mga digri-digri, nakapag-kolehiyo! Naglaan tayo ng mas maraming panahon para turuan ang ating mga anak, ng—ng algebra at biology, kaysa sa ituro ang Biblia at si Jesus Cristo. Wala ngang bata sa bansang ito na di sa iyo masasabi kung sino si David Crockett. Samantalang wala pang sangkatlo ng mga kabataan ang makapagsasabi sa inyo kung Sino si Jesus Cristo. Kung ganoon, hindi ba't pagka-neurotiko 'yan? Tunay, ganoon nga. Kung tutuusin marami at marami at marami pa tayong masasabi, tungkol sa ginagawa-gawa nila!

225 Isipin n'yo. Haya't ini-endorso pa ito ng mga kaiglesyahan, samantalang kinokondena ito ng Biblia. Ang ministryo ba'y neurotiko? Edukadong neurotiko. Ganoon na ganoon mismo. Ini-endorso pa mismo ng mga kaiglesyahan.

226 Alalahanin n'yo si Lot. Isa siyang matalinong tao. Tingnan n'yo siya, kahit kaunting sandali pa ngayon. Huwag—huwag. . . Huwag po tayong. . .

Ipagpaumanhin n'yo kung lumalampas tayo ng kaunti pang minuto. Ito po'y—ito po'y napaka importante lang. Ito po kasi'y ipapadala. . . Pakinggan n'yo lang po ako habang ginagawa ko ang teyp na ito.

227 Tingnan n'yo. Tingnan n'yo. Huminto muna tayo sandali. Manalangin nang ilang saglit, sa inyong puso, “Panginoon, Iyo pong itulot na makita ko ito.” Buksan n'yo ang inyong unawa. Ibunsod nawa ng Diyos. Tingnan n'yo ang. . . Ipagpahalimbawa n'yo ang bansang ito, na lamang. Tingnan natin kung ano ang sinabi ng Diyos.

228 Sinabi ng Biblia, na, “Lubhang nabagabag araw-araw ang matuwid na kaluluwa ni Lot sa mga kasalanan ng Sodoma.” Mangyari lang na wala siyang matibay na katapangan para manindigan laban dito. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Di siya makapanindigan, dahil siya ang alkalde

ng siyudad. Di niya magawa. Pero sinabi mismo ng Biblia, na, “Ang mga kasalanan ng—ng mga taga-Sodoma’y bumagabag sa kanyang kaluluwa.” Alam na alam niyang mali ’yun, pero wala siyang matibay na katapangan para gawin ’yun, na manindigan laban dun.

²²⁹ Ngayon tingnan n’yo. Gaanong karami kaya ang mga Lot sa Amerika, kahapon, na nagbabasa ng kanilang Biblia, para maghanda sa kanilang mensahe sa araw na ito, at nadaanan sa pagbabasa ang bautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo? Gaanong karami sa kanila ang nadaanan sa pagbabasa ang bautismo ng Espiritu Santo? “Na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman?” Marcos 16, “Ang mga tandang ito ay lalakit sa kanila na nagsisisampalataya?” Juan 14:12, “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya?” “Na kung kayo’y mananatili sa Akin at ang Salita Ko’y mananatili sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong nais at ito’y gagawin para sa inyo?” Gaanong karaming mga Lot kaya ang nakakita Niyan? Pero, dahil nga sa pagdadahilan nila, denominasyon nila! Ito nga’y . . . Tingnan n’yo na lamang at tingnan sa Biblia.

²³⁰ Tingnan n’yo ang kongregasyon nila na ang mga babae’y putol ang mga buhok, at alam naman nila na kinokondena ’yun ng Biblia. Nakikita nila roon mismo sa lansangan, ang mga miyembro ng kanilang iglesya na naglalakad dun sa kalsada, na shorts ang suot-suot, at alam na alam naman nilang ang Salita’y laban sa ganyan. Pero wala silang lakas ng loob na magpahayag laban diyan. Pero, heto nga, kalalakihan naman na nagsasabing Cristiano siya, na ang kaibuturan ng kaluluwa niya’y sumisigaw laban dito, pero wala lang siyang lakas ng loob. Kung hindi ba naman ’yan modernong Sodoma, ano pa ba ang dakong ’yun?

Diyos, pagkalooban Mo po kami ng tao na sisigaw laban doon. Siyanga. Katulad ng sinabi noon ni Juan Bautista, “Ang palakol ay nakaumang na sa ugat ng punongkahoy.” Yun po ang kailangan namin sa panahon ngayon.

²³¹ Masdan. Sila’y modernong Sodoma. Alalahanin. Kita n’yo? Ang buong lupain nga’y naging makabagong Sodoma’t Gomora na. Hayan si Lot na nabubuhay nang panibago ngayon dito. Hindi . . . Nabubuhay nang ganoon na naman uli, samantalang sinasabi na mismo ng tapat niyang paniniwala sa pamamagitan ng Salita na mali siya.

²³² Tingnan n’yo na lang ang Chicago, kalakhang Chicago, na naroon noon ang tatlong-daang mga mangangaral na nakaupo roon. At paunang sinabi sa akin ng Panginooon nung gabing ’yun kung anong binabalak nilang gawin. May patibong sila na inihanda para sa akin. Ako kasi’y, nakatak dang pumunta roon. Pinuntahan ko’t sinabi ’yun kay Kapatid na Carlson. Sabi ko, “Di n’yo ’yun idadaos sa isang hotel na ’yun. Idadaos n’yo ’yun

sa ibang lugar, at berde 'yung silid na 'yun. At may patibong silang inihanda para sa akin, hindi ba, Kapatid na Carlson?" Napatungo siya ng kanyang ulo.

Naupo siya sa tanggapan ko, mga ilang araw pa lang bago 'yun, pinapupunta niya ako, sa pagtitipon na 'yun sa Chicago. Sabi, "Aalalahanin ko 'yan, Kapatid na Branham."

At sabi ko, "May inihanda silang patibong sa akin. Bakit, Kapatid na Carlson? Natatakot ka bang sabihin sa akin kung bakit, ikaw at si Tommy Hicks?" Napatungo sila ng kanilang ulo. Sabi ko, "Tommy, bakit parang ayaw mong magsalita?"

Sabi, "Hindi ko 'yun magagawa."

Sabi ko, "Akala ko ba ang sabi n'yo bibigyan n'yo ako ng pabor?"

²³³ Sabi ko, "Kagabi sinabi sa akin ng Panginoon. Magpupunta ka roon ngayon, at malalaman mo na di n'yo makukuha ang gusali na 'yun. Sa ibang gusali kayo pupunta. Si Doktor Mead ay mauupo sa puwesto na *ito*. Yung itim na lalaki, 'yung asawa niya, na umaawit, mauupo naman sa puwesto na *ito*, at ganitoganoon, na doon sa mga puwesto na 'yun mauupo ang lahat." Sabi ko, "May paring Buddha nga na pupunta rin doon." At sabi ko, "Ngayon nalaman ko. Haya't laban pala sila sa akin dahil nangangaral ako ng pagbabautismo sa tubig sa Pangalan ng Panginoon nating Jesus Cristo. Laban sila sa akin dahil nangangaral ako tungkol sa binhi ng serpiyente; at di sang-ayon sa katibayan, na, ang bawat tao na nagsasalita sa iba't ibang wika ay awtomatikong may Espiritu Santo na, at mga ganoong bagay." Sabi ko, "Magpunta ka roon at masdan mo ang Diyos."

²³⁴ Nagtungo na roon... Nagpunta na sila roon, at mismong dalawang oras mula nun, o siguro, mga bandang hapon na 'yun noon, tinawagan nila si Kapatid na Carlson. At ang sabi niya, "Yung tao na nakikipag-ayos sana dun sa lugar, at nagbayad pa nga siya ng paunang bayad, ang sabi, 'Kinakailangan nating kanselahin 'yun, dahil ang sabi raw nung namamahala dun ay naipangako na raw niya ang lugar dun sa banda para sa gabing 'yun, o umagang 'yun.'" At di nga nila magagamit 'yung lugar.

²³⁵ Kaya nagpunta kami sa Town and Country. At nung umaga ring 'yun nung makarating kami dun, at tumayo na roon, at—at ang sabi ni Kapatid na Carlson, "May isa lang bagay. Marahil kayo na mga kapatid ay di sumasang-ayon kay Kapatid na Branham, pero," sabi, "di siya nangangamba na sabihin mismo ang kanyang sinasampalatayanan." Sabi niya, "Binanggit niya sa akin ang mga bagay-bagay na ito na mangyayari sa saktong paraan kung papaano mangyayari talaga." Sabi niya, "Ngayon heto na siya. Hayaan n'yong siya na mismo ang magsabi."

²³⁶ Sinipi ko lamang 'yung Kasulatan na 'yun, "Di ako naging suwail sa makalangit na pangitain," katulad ng sinabi noon ni Pablo. Sabi ko, "Laban kayo sa akin, dahil sa pagbabautismo

sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo. Siguro'y higit sa tatlong-daan sa inyo ang nagpakilala sa sarili n'yo na kayo si Doktor *Ganito-at-ganoon*, at Doktor *Ganito-at-ganoon*." Sabi ko, "Ako nga kung tutuusin ay di nakatapos ng paaralang elementarya. Pero hinahamon ko ang bawat isa rito na dalhin n'yo rito ang inyong Biblia at tumayo rito sa tabi ko, at pamalian ni isa man sa mga Salita na nasabi ko."

Nailagay 'yun sa teyp dito, kung gusto n'yong mapakinggan 'yun. Iyon na ang pinaka tahimik na madla na narinig ko kahit kailan. Sabi ko, "Anong problema?" Mayroon po ba sa inyo na narito, ngayong gabi, ang naroon sa pagtitipon na 'yun noong umagang 'yun? Patingin po't pakitaas lang ang inyong kamay. Siyanga. Buweno, oo, tumingin kayo sa paligid.

Sabi ko, "Kaya, kung di n'yo rin lang masuportahan ang di n'yo pagsang-ayon, kung ganoon lubayan n'yo ako." Siyanga. Napakarami ngang ngawa, kapag naroon sila sa sulok-sulok. Pero kapag kinaharap na nang harap-harapan sa isyu, iba na. Siya nga. Talagang. . . Nagsilabasan ang tunay na kulay ng mga kalalaking 'yun.

²³⁷ Sabi ni Tommy Hicks, "Bigyan mo ako ng tatlong-daan ng mga teyp na 'yan, at nang mapadala sa bawat mapagpanggap na Trinitaryang mangangaral na kakilala ko."

Yung mga lalaking 'yun ay nakipag-kamay pa nga sa akin, sabi, "Sige't pupunta kami sa tabernakulo at nang sa gayon mabautismuhan kami."

Pero nasaan na sila? Mga dahilan. "Di ko magagawa. Hindi kasi ako papayagan ng denominasyon ko na gawin ko 'yan. Bagong kasal ako. Kabibili ko lang ng baka na makakatuwang, o magkatuwang na baka, ang ibig kong sabihin. Kabibili ko—kabibili ko pa lang ng kapirasong bukid. Kinakailangan kong matingnan 'yun." Kita n'yo? Yung mga bagay ngang, katulad nun, mga dahilan. Siyanga ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang ganyan bang buhay ay karapat-dapat sa Ebanghelyo? ["Hindi."]

Kung tama nga mismo ang Ebanghelyo, ipagbili na natin ang lahat ng mayroon tayo at ipamuhay natin Ito. Maging isang Cristiano. Siyanga, po. Amen. Pansinin ngayon, sa pagtatapos natin.

²³⁸ Pero ang mga dahilan nila'y itong kanilang mga kredo at kanilang mga denominasyon.

Katulad nga ito sa isang punongkahoy. Nakatingin ako kay Kapatid na Banks noong isang araw. May—may puno po ako ng pino, itinanim ko 'yun nung kalilipat ko pa lang dun, mga, oh, marahil mga labing-limang taon na ang nakararaan, o sobra pa. At hinayaan ko 'yung mga baging, 'yung mga sanga-sanga na umusbong dun sa puno ng pino, at di namin maipunta 'yung makinang pantabas sa ilalim nun. At wala ngang kahit anuman

na usbong ng damo sa tumutubo roon, kung tutuusin. At ako nga'y nagpunta roon at nagdala ako ng lagari at nilagari ko 'yung mga sanga-sanga, hanggang sa 'yung puno ay direktso na lang pataas nang paganoon *dito*, puwede ka nang makapunta sa ilalim nun gamit ang makinang pantabas. At 'yung pinaka malagong damo na makikita n'yo kahit kailan ay nandun na sa ilalim nun. Ano 'yun? Naroon na dati ang binhi. Kinakailangan lang na masinagan 'yun ng liwanag.

²³⁹ At hangga't ang denominasyon, ang inyong mga dahilan, ay pilit na tumatakip sa Binhi na 'yun na alam n'yo namang 'yun ay nakahimlay naman dun talaga, ginaganap mo ang buhay ni Lot. Iwaksi n'yo ang mga bagay na 'yan, at hayaan n'yong ang Ebanghelyong Liwanag ay suminag doon, ang kapangyarihan ni Jesus Cristo. Oo. Kung hahadlangan n'yo ang Liwanag na makasinag sana roon, hinahadlangan n'yo lang ito na mabuhay. Dahil, kapag ang Liwanag ay makaabot doon, mag-uusbong ito ng Buhay.

Yan ang dahilan kung bakit may mga taong nagsasabi, "Huwag kayong magpunta sa ganyang uri ng mga pagtitipon," Natatakot sila na may bahagi ng Liwanag na tatama sa mga miyembro nila.

²⁴⁰ Kung naaalala n'yo 'yung babae sa may balon. Isa siyang patotot.

Naroon din noon ang mga saserdote. Nakita nila na sinabi mismo ni Jesus kay Natanael, "Nakita na Kita roon, nung nasa ilalim ka ng puno ng igos na 'yun."

At ang sabi nung mga saserdote, "Siya'y Beelzebub. Siya'y isang manghuhula. Yan ang diyablo."

²⁴¹ Pero itong munting babae, noong lumapit siya roon, sa imoral niyang kalagayan, na anim na lalaki ang kinasama. At nung 'yung babae ay lumapit dun sa kalagayan niyang 'yun, hayun nga siya sa kalagayan niyang 'yun. At ang sabi ni Jesus, "Dalhan mo Ako ng maiinom." Nagsimula ang pakikipag-usap. Sabi Niya, "Pumunta ka't sunduin mo ang asawa mo't bumalik dito."

Sabi nung babae, "Wala akong asawa."

Sabi, "Totoo ang sinabi mo. Nakalima ka na, at ang isa na kinakasama mo, ay di mo asawa."

Sabi niya, "Nakikita ko na isa Kang propeta, Ginoo. Alam ko na gagawin 'yan ng Mesiyas kapag Siya'y dumating."

Sabi ni Jesus, "Ako Siya."

²⁴² Sapat na 'yun. Nung suminag ang Liwanag na 'yun sa Binhi na nakahimlay dun sa loob ng munting makasalanang patotot na 'yun, pumaram na ang araw ng pagiging patotot. Doon sa lansangan siya'y kumaripas, niluluwalhati ang Diyos, sinabi, "Halikayo, tingnan n'yo ang isang Lalaki Na nagsaysay sa akin

ng mga bagay-bagay na aking nagawa noon. Hindi ba't Ito na ang Mesiyas?" Ano 'yun? Yung Liwanag na 'yun ay nakaabot sa binhi na 'yun na natabuna't nasa ilalim ng anino ng kublihang patotot. Siyanga, po.

Ngayon magtatapos na tayo't, sasabihin ko lang ito. Di ko alam kung ilan pang mga pahina ang mayroon ako rito, pero di ko—di ko na siguro tatalakayin itong lahat. Mga sampu pa, pero kalahati pa lang 'yan. Pero magtatapos na tayo't, sasabihin ko na lamang ito.

²⁴³ Atin sigurong ipaghambing ang isa, noong unang panahon, na isang buhay na karapat-dapat. Ihambing natin ang buhay ni San Pablo sa buhay nung mayamang binatang pinuno. Ang siya ring Liwanag na 'yun ang suminag sa parehong kalalakihan na ito. Pareho silang nagkamit ng parehong paanyaya mula kay Jesus Cristo. Tama ba? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pareho silang sinanay nang maigi sa Kasulatan. Pareho silang teologo. Kung maaalala n'yo, sinabi—sinabi ni Jesus dun sa mayamang binatang pinuno, "Ganapin mo ang mga utos."

²⁴⁴ Sabi, "Ginaganap ko na po ito, mula sa pagkabata ko."

Isa siyang pinagsanay na lalaki. Ganun din si San Pablo. Kapwa sila sinanay nang maigi sa Kasulatan. Pero, gayong pareho silang nagkamit ng Salita. Yung isa'y nakamit niya Ito sa pamamagitan ng karunungan; 'yung isa nama'y nagtataglay ng binhi ng Buhay. Kaya noong suminag ang Liwanag na 'yun, sa harapan ni Pablo, ang sabi niya, "Panginoon, Sino Ka?"

Sabi, "Ako si Jesus."

"Heto po ako, kung ganoon." Nakahanda siya.

²⁴⁵ Parehong nasinagan ng Liwanag ang dalawang lalaki. Dun sa isa'y umusbong ang buhay; dun sa isa'y wala. Ganyan nga ito mismo sa panahon ngayon: iglesyang espirituwal, iglesyang natural.

²⁴⁶ Yung mayamang lalaki ay nagdahilan. Di niya raw kayang gawin. Masyado siyang napapaligiran ng maraming kaibigan sa sanlibutan. Hindi niya gustong putulin ang pakikipagsalamuha sa kanila.

Yan nga ang problema sa maraming mga tao sa panahon ngayon. Iniisip n'yo, kasapi kasi kayo sa isang kapisanan, kaya di n'yo puwedeng basta-basta na lang iwaksi ang pakikipag-kapatiran. "Lahat sila'y umiinom tapos ganito-ganito at *ganito* ang ginagawa nila." Buweno, ipagpatuloy n'yo; hindi ako laban sa kapisanan, hindi ako laban sa iglesya. Ang tinutukoy ko rito ay 'yung ikaw mismo. Kita n'yo? Oo. Kita n'yo? Wala po akong laban diyan. Pero, pareho lang 'yung anim na piraso sa isa, at kalahating dosena sa isa. Katatapos ko lang sabihin sa inyo na

ang iglesia ay anupa't kapisanan din, ang denominasyon, kung tumatanggi sila sa Salita ng Diyos.

²⁴⁷ Pansinin. May kung anu-anong dahilan 'yung mayamang lalaki. Di naman niya tinalikuran ang kanyang patotoo, pero hayan nga. Nakita natin na napalago pa niya nang husto ang kanyang negosyo. May angkin siyang talino. At dumating siya sa punto na ganoon na lamang kaasenso ang paglago niya, na kinailangan niyang magpatayo ng bagong mga kamalig para mapaglagyan ng mga ari-arian niya. At nung mamatay siya; may kilalang batsilyer, na pulidong-pulido ang pagkakatupi ng kanyang kulyar, nangaral sa libing nung lalaki, walang duda. At sa pangangaral niya, marahil nasabi pa niya . . . Itinaas nila ang watawat ng pagpupugay sa kalahating tagdan, at nagsabi, "Ang ating pinaka mamahal na kapatid na lalaki, ang alkalde ng bayang ito, nasa bisig na siya ngayon ng Makapangyarihan sa lahat, dahil kilala siyang miyembro ng iglesia. *Ganito-at-ganoon* ang nagawa niya, at *iba pa*."

At ang sabi ng Biblia, "Sa impyerno ay ibinaling niya ang kanyang paningin, naroon siya sa pagdurusa." Kita n'yo?

²⁴⁸ At alalahanin n'yo, naroon pa rin ang pagnanais niya na manghawakan sa patotoo niya kahit nasa impyerno na siya. Pagkakita niya kay Lazaro, sa sinapupunan ni Abraham, haya't ang sabi niya, "Amang Abraham, isugo mo si Lazaro rito sa ibaba." "Ama" pa rin ang tawag niya. Kita n'yo?

Dinala niya ang kanyang karunungan, at nagtungo sa isang intelektuwal na iglesia. Kaya noong datnan siya ng Liwanag, kanya Itong tinanggihan.

Kung hindi pa 'yan ang mismong modernong kalagayan ng iglesia sa panahon ngayon, di ko alam kung ano pa ito. Kahit anong pagsinag ang gawin ng Diyos sa kanilang daanan, mapa-Haliging Apoy man o ano pa; sila pa rin, sa pansarili nilang karunungan, palihis ang pagpapaliwanag nila tungkol Dito, at pupunta sa intelektuwal na grupo, para sa mataas na katayuan sa lipunan.

²⁴⁹ Pero si Pablo kahit na napakataas na ng katayuan niya sa lipunan, nagtataglay pa ng nakabibilib na karunungan, isa pa ngang mahusay na iskolar sa ilalim ni Gamaliel, kanang-kamay pa mismo ng punong saserdote, na anupa't dumiretso siya dun sa mga saserdote at nakakuha ng atas na ipatapon ang lahat ng holy-roller na 'yun sa loob ng bilangguan. Pero nung tumama 'yung Liwanag na 'yun sa kanyang daanan, at nakita niya na 'yung siya ring Haliging Apoy na nanguna noon sa Israel sa pagtawid sa ilang ay si Jesus Cristo, itinakwil niya ang lahat ng kanyang nalalaman. Bumunsod sa kanya ang Buhay.

²⁵⁰ Matatawag n'yo ba na ang buhay ng mayamang lalaki na 'yun ay karapat-dapat sa Ebanghelyo na napakinggan niya? Kahit isa pa siyang mananampalataya, matatawag n'yo ba na

'yung klase ng buhay niyang 'yun. . . Nakahalubilo siya sa mga intelektuwal at mga kasayahan, ng gabing 'yun sa. . . habang papalubog ang araw, nagbibigay-pugay sa kanyang kopita, at marahil may saserdote pa roon na sumasambit ng panalangin, doon sa mataas na lugar dun. At tuluy-tuloy ang kasayahan niya roon, at samantalang may pulubi na nakahandusay sa may malaki niyang pintuan sa ibaba nun. At nagbibigay-pugay siya sa kanyang kopita, at sinasaysay niya ang kahanga-hangang pananampalataya na mayroon siya sa Diyos. At bago sumikat ang araw, nung kinaumagahan, bago sumikat ang araw, siya'y naparoon sa impyerno. Ganoon nga. Hayan nga ang inyong mga pagka-intelektuwal.

²⁵¹ Pero si Pablo, nung tumama sa kanya ang Liwanag, sige't ihambing natin ang buhay niya at tingnan natin kung ito ba'y karapat-dapat. Anong nangyari? Nung, si Pablo'y, tamaan siya ng Liwanag na 'yun, iwinaksi niya ang lahat ng karunungan niya't nagpakalayo mula sa intelektuwal na grupong 'yun, at lumakad siya sa Espiritu ni Jesus Cristo. Luwalhatiin nga ang Diyos! Gayong ganoon na lamang ang katalinuhan niya, hindi siya gumamit ng matatayog na salita.

Noong umabot siya sa kanila na mga taga-Corinto, ang sabi niya, "Di ako pumarito sa inyo taglay ang karunungan ng tao. Hindi ako pumarito sa inyo na may pangmanghang mga salita, dahil baka ilagak n'yo ang inyong pananampalataya roon. Pero napatito ako sa kasimplehan, sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, na ang inyong pananampalataya ay doon mismo mailagak." Hayan nga ang buhay. Masdan n'yo.

²⁵² Di niya ginamit ang kanyang edukasyon. Di siya lumakad kasama ang intelektuwal na kapisanan. Lumakad siya mismo sa Espiritu ni Cristo, nang may kababaan ng loob, mapagtalima sa Salita ng Diyos, gayong Ito'y ganoon na lamang kasalungat sa mga kredo nila. Nung makita kasi ni Pablo ang Liwanag ay lumakad siya Roon (tama po ba?), na ipinapaaninag ang Buhay ni Cristo na si Jesus Cristo ang makita sa kapanahunang 'yun na kinabubuhayan niya, nang sa gayon makita ng mga tao ang Espiritu ng Diyos na naroon sa kanya.

At sinampalatayanang 'yun ng mga mabababa, nang lubos-lubos, hanggang sa ibinunsod nun na magnais sila na magdala sa dakong 'yun ng mga panyo. Haya't kinuha nila 'yun mula sa katawan niya. At ganoon na lamang ang pananampalataya nila rito't, lubos-lubos talaga, na siya ang ganap na kumakatawan kay Jesus Cristo, na anupa't, anuman ang kanyang hipuin, ang mga tao'y nananampalataya, na pagpapalain 'yun. Oo. Grabeng kadakilang tao, na ibinigay niya ang kanyang buhay, kanyang yaman, kanyang lahat-lahat! Yung edukasyon niya; iwinaglit lahat, para lumakad dun kasama ang mga mangingisda, at mga pulubi't mga palaboy sa lansangan, para paaninagin ng kanya mismong liwanag ang pag-ibig ni Jesus Cristo.

Sinabi niya, “Nilatigo ang likod ko, nang apatnapu’t siyam na beses; di ako naligalig nun.” Kaya sinabi rin, “Dala kong nakalimbag sa akin mismong katawan ang mga marka ni Jesus Cristo.” Ang kaawa-awa’t hinamak na lalaking ’yun na ganoon ang sinuong niyang masalimuot na kalagayan, sabi niya, “Dala kong nakalimbag sa akin mismong katawan ang mga marka ni Jesus Cristo.” Haya’t ang laki talaga ng pagkakaiba nun kung ihahambing dito sa kilalang dignitaryo na ang nakapalibot sa kanya’y mga saserdote.

²⁵³ At nung siya’y maparoon sa Roma, at walang sinuman ang nasa tabi niya. At sila nga’y nagtatayo ng bloke roon, para dun siya pupugutan ng ulo, sa blokeng ’yun. Ganoon ang kuwento. Oh, grabe! Sabi niya, “May putong na nakalaan para sa akin, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom ay ipagkakaloob sa akin sa Araw na ’yun; at di lang para sa akin, kundi ngayon ay para rin naman sa lahat ng naghahangad nang may pagsinta sa pagpapakita Niya.” Hayan nga ang isang buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo, isang tunay na anak.

²⁵⁴ Nanindigan siya para kay Cristo. Ipinaaninag niya ang Ebanghelyo sa buhay niya. Bago niya ’yun ginawa, pumaroon muna siya’t sinaliksik ang Ebanghelyo. Nagpunta sa Arabia at naglumagi sa dakong ’yun nang tatlong taon, at sinaliksik ang Lumang Tipan. At nakita niya, sa pamamagitan ng Lumang Tipan, na Yaon nga’y si Jesus Cristo. At ibinunsod niya na Ito’y maaninag sa kanya, para sa mababang grupo ng mga tao. Na, siya, noong. . . Ang sabi niya, “Naranasan ko kung paano magkaroon ng busog na tiyan, at naranasan ko rin kung paano magutom at mangailangan.”

Ang isang tao na nagtataglay ng edukasyon tulad nung sa kanya, at isang iskolar tulad niya, nakatayo sa piling ng. . . na nakapag-aral sa tulong ni Gamaliel, isa sa pinaka mahuhusay na tagapagturo nung panahon na ’yun, at tumatayo nang bisig sa bisig sa tabi ng punong saserdote. Kapatid, maaaring siya’y nagkakahalaga na sana ng milyun-milyong dolyar at nagkamit na sana siya ng lahat na ng uri ng mga gusali. Ganun nga. Pero ang sabi niya, “Ako. . .”

²⁵⁵ Pero walang-wala nga siya’t iisa lang ang balabal. At heto mismo si Demas na nagkaroon ng pagkakataon na masaksihan ang isang lalaking tulad nun na ganun ang pagmi-ministryo! Ikalawang Timoteo, ika-3 kabanata, ang sabi niya, “Iniwan ako ni Demas, at ng lahat ng iba pa, dahil sa paghahangad sa kasalukuyang sanlibutan na ito.” Sabi, “Pagparito mo, dalhin mo ang balabal na naiwan ko ryan. Lumalamig na.” Ang isang lalaking may ganoong kadakilang pagmi-ministryo, at paano nangyaring iisa lang ang balabal? Luwalhatiin ang Diyos!

²⁵⁶ Naalala ko tuloy si San Martin, noong nagsisikap siyang panindigan ang Ebanghelyo, at lahat na, bago siya nabagong-

loob. Noong—noong panahon na 'yun bago ang Nicaea, o dun sa konseho ng Nicaea, sa *Nicaea Fathers*, sa kasaysayan. Isang araw, napadaan siya sa malalaking pintuan doon. Siya'y taga-Tours, France. At may mga tao. . . May isang matandang pulubi na nakahandusay roon, halos mamamatay na, wala itong sapat na damit. At dinadaan-daanang lang ng mga tao 'yung matanda, gayong magagawa naman nilang bigyan sana 'yung matanda ng maidadamit, at di nila ginawa. Dumaan lang sila dun at di pinansin 'yung matandang lalaki. At si San Martin ay nakatayo dun at napatingin. Ang kuwento nga'y kanyang. . .

²⁵⁷ Bawat sundalo nga'y may—may tao siya na ang trabaho ay pakintabin ang mga bota niya. At sa kabila nun siya mismo ang nagpapakintab ng mga bota ng kanyang tagapaglingkod.

At mangyaring hinubad niya ang balabal niya, at humugot siya ng talim at hinati 'yun, sa kalahati, para magdalawang-piraso, sa pamamagitan ng espada niya. Ikinumot niya 'yun sa matandang pulubi dun, sabi, "Pareho tayong mabubuhay."

Umuwi siya at nagpunta na sa higaan. Sa pagkakahiga niya dun, naaalala pa rin niya 'yung pagsusumamo nung matandang lalaki. Bigla na lang, May gumising sa kanya. Napatingin siya. Dun sa loob ng silid, naroo't nakatayo si Jesus Cristo suot-suot ang siya ring lumang piraso ng damit na kanyang ikinumot dun sa pulubi. Sabi, "Yamang ginawa mo sa pinaka aba sa lahat ng mga aba ang bagay na ito, ay sa Akin mo ito ginawa." Yan nga ang buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo. Batid n'yo kung paano niya itinatak ang kanyang buhay, rin, hindi ba?

²⁵⁸ Tingnan n'yo si Polycarp, naninindigan sa pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus, laban sa simbahang Romano Katoliko. At kanilang sinunog siya sa isang tulos; giniba ang isang pook-paliguan at sinunog siya. Tingnan n'yo si Ireneo, at ang iba pa sa kanila, na nagpagal para sa layuning ito. Ganon ang buhay na karapat-dapat.

²⁵⁹ Tingnan n'yo ang sinabi ni Pablo sa Aklat ng Mga Hebreo, sa ika-11 kabanata. Sabi, "Sila'y pinaglalagari, pinaghahapak; nagpalaboy, suot-suot ang mga balat ng tupa at kambing, at naparoon sa ilang, at dumanan ng hirap at kung anu-ano pa; mga buhay na ang sanlibutang ito'y di karapat-dapat." Hayan nga. Ang buhay na 'yun ay karapat-dapat sa Ebanghelyo. Kaya paano kaya makatitindig ang buhay ko't ang buhay n'yo sa Araw na 'yun ng Paghatol, kasama ang mga kalalakhing gaya nila roon?

²⁶⁰ Tingnan n'yo po si Pablo ngayon. Tutugaygay tayo. Siya'y tumindig sa Ebanghelyo, ibinunsod si Jesus na manalaytay sa kanya. Kahit na gaano pa, ano pa, kahit na kung anu-ano ang isipin ng kung sinu-sino tungkol dun. Kahit na 'yung, punong saserdote, aba't, hinarap niya 'yun kahit mapugutan na siya ng ulo, dahil Dito. Siya'y tunay na karapat-dapat na kinatawan ng Ebanghelyo. Ibinunsod. . . Tingnan n'yo nga roon. Kahit na ano

pa ang isip-isipin ng mga tao, ibinunsod niya na ang pagdaloy ng Walang Hanggang Buhay ay manalaytay sa kanya, anupa't sinabi niya, "Matakwil man ako dahil kay Cristo, alang-alang sa aking mga kapatid."

Ngayon alam n'yo na ba kung anong gagawin n'yo kapag nakamit n'yo na ang Buhay na Walang Hanggan? Hayan nga ang tanong para sa inyo. Hayan din ang sagot para sa inyo. Papanig sa intelektuwal; o, papanig *Dito*, yamang nakamit mo na ang Buhay na Walang Hanggan. Yun nga ang mangyayari.

²⁶¹ Yun ang nangyari. Si Pablo, handa siyang matakwil nang dahil kay Cristo, upang ang kanyang bayan . . . Ang mga bulag, mga mangmang na ayaw makinig sa kanyang Ebanghelyo!

Iniiisip ko, nahihiya ako sa sarili ko mismo. Para bang gusto ko nang sukuan sila, dahil ayaw nilang makinig sa akin. Para pong nakadarama ako ng pagsisisi. At nagsisi ako. Kita n'yo?

²⁶² Pansinin. Kahit ano pa ang iniisip ng iba, ang uri ng buhay na ito ay karapat-dapat sa Ebanghelyo.

Ngayon magtatapos na ako.

²⁶³ Yung mayamang lalaki, gaya ng marami sa atin sa panahon ngayon, kanyang pinagsarhan ng pinto't tinanggihan ang Salita ng Buhay, at naglumagi sa pagiging miyembro ng simbahan; at nagpakita ng buhay, na napatunayan ng Biblia, na di karapat-dapat sa Ebanghelyo na hiniling sa kanya na tanggapin. Tama po ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen,"—Pat.] Papaano magliliwanag ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng nadilimang liwanag na gaya nun, na tinatanggihan ang kapangyarihan ng Diyos?

²⁶⁴ Ngayon, ang tanging paraan para mamuhay ng karapat-dapat na buhay, ay ang hayaan si Cristo at ang Kanyang Salita (yamang, Siya ang Salita) na maipaaninag ang Sarili Nito nang ganap sa inyo hanggang sa patotohanan ng Diyos ang Kanyang sinabi sa Salita. Sapagkat, si Cristo ay namatay nang sa gayon Kanyang maiharap ang Sarili Niya sa Diyos, na isang Hain. At Iyon nga'y bumalik sa anyo ng Espiritu Santo, para ipaaninag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang mga tao, para ipagpatuloy ang Kanyang gawa; ipinapaaninag ang Sarili Niya sa pamamagitan ninyo, para tuparin ang ipinangako Niyang Salita sa mga araw na ito sa hinaharap.

Katulad na lang nung mabalitaan ni Juan Bautista, nung mabalitaan niya na si Cristo'y parating. At si Cristo'y lumusong na roon sa tubig. At ang sabi ni Juan, "Narito ang Cordero ng Diyos."

Walang ibang nakakita Rito. Pero nakita nga niya Ito, ang Liwanag na 'yun na bumababa mula sa Langit, kagaya ng isang kalapati. At may Tinig na nagsabi, "Ito ang minamahal Kong

Anak na Ako'y lubos na nalulugod na panahanan." Nakita niya ang pagparito Nun.

At si Jesus ay lumusong na roon sa tubig, si Immanuel, sa harap ng—ng mangangaral na 'yun na ipinagpapalagay na isa raw radikal. Lumusong dun sa tubig, sa harap ng mga tao, at nagsabi, "Gusto Kong magpabautismo sa iyo."

²⁶⁵ Sabi ni Juan, "Panginoon, ako po dapat ang bautismuhan Mo. Bakit Ikaw pa ang lumalapit sa akin?" Nagsalubong ang paningin nila sa isa't isa, ang propeta at ang kanyang Diyos. Amen. Kayo ba . . . Ako . . . Hindi ba't ikagagalak ko na tumayo roon at masdan 'yun? Na makita yaong matatalas, na malalalim na mga mata ni Juan na tumitig nang maigi at tumingin nang mainam sa matatalas, na malalalim na mga mata ni Jesus; sila nga'y pangalawahing magpinsan sa isa't isa, sa laman.

²⁶⁶ Sabi ni Jesus, "Juan, hayaan mong mangyari ito ngayon, dahil ito ang nararapat sa atin. Tayo ang Mensahe sa oras na ito. Nararapat sa atin na tuparin ang buong katuwiran."

²⁶⁷ Naisip ni Juan, "Oo, Siya ang Hain. Kinakailangan ngang mahugasan muna ang Hain bago Ito maiharap." Kaya naman ang sabi niya, "Halika." At binautismuhan niya si Jesus. Amen. Sa madaling sabi, "Nararapat sa atin na tuparin ang buong katuwiran."

Si Jesus, yamang nalalaman na ang tao na ito'y totoo, ang sabi, "Wala pang tao na naipapanganak kailanman ng isang babae, na tulad niya. Higit pa siya sa isang propeta; tanggapin ninyo ito, siya'y higit pa sa isang propeta." At si Jesus, tinalos ang kanyang puso, at nalaman 'yun. Ang sarili niyang pinsan ay kinatagpo Siya roon, nang harap-harapan.

²⁶⁸ Sinabi ni Juan, "Panginoon, ako po dapat ang bautismuhan Mo. At bakit Ikaw pa ang pumaparito sa akin?"

²⁶⁹ Sabi, "Hayaan mong mangyari ito, Juan. Haya't, alalahanin mo, nararapat sa atin na tuparin nang buo ang ipinangako ng Diyos. At Ako ang Hain. Kinakailangan Kong mahugasan bago maiharap." Oh, ang ganda! Ang ganda!

²⁷⁰ At, itong panahong ito, panahon na ang mga panggabing Liwanag ay nagliliwanag na, panahon na walang tao na nasa tama niyang pag-iisip ang haya't di makapagsasabi (kahit sino mismong nag-aaral ng Biblia, na titingin sa Biblia, ay alam) na ito na talaga ang huling panahon. Kung kaya naman, marapat lamang sa atin na bumaba na mula sa naglalalaking mga pader na ito, o lumayo sa mga bagay-bagay na ito, at pumaroon na sa katuwiran ni Jesus Cristo sa huling panahon na ito, at magpa tatak na ng Tatak ng Diyos bago pa tayong matatakan ng diyablo ng tatak ng hayop. Oh, grabe. Oo.

²⁷¹ Manalangin sa Diyos na ang Liwanag ng kapanahunang ito ay mamutawi sa inyo, na kayo'y maging mapagtalimang mga

lingkod ng Diyos. At ang bunga ng Espiritu'y manatili nawa sa inyong buhay. At 'yan na mismo ang buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo.

²⁷² Hayaan n'yong sabihin ko ito, sa pagtatapos. Ang tanging paraan, ang tanging paraan nang sa gayon makapamuhay kayo ng buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo, ay hayaang ang Ebanghelyo Mismo, bawat katiting na bahagi ng Ebanghelyo, ay sumainyo at maaninag ang mga pangako Niya, patotohanan ang mga ito. Hayaan n'yong ang Diyos ang mabuhay sa inyo, para patotohanan ang mga pangako para sa panahong ito.

Katulad ni Juan, o ni Jesus nung sabihin mismo kay Juan, "Hayaan mong mangyari ito, Juan. Siyanga. Haya't tayo ang mga mensahero sa panahong ito, at nararapat lang sa atin na tuparin ang buong katuwiran."

At kung tayo nga ang mga Cristiano sa panahon ngayon, tanggapin natin si Jesus Cristo sa ating puso. At Siya ang Salita. Huwag na huwag n'yong tatanggihan ang anumang Dito. Sabihin, "Ito ang Katotohanan." At ilagay n'yo Ito sa inyong puso, masdan n'yo ang bunga ng Espiritu na nariyan sa inyo, at tutuparin ang bawat pangako na Kanyang binitiwang sa Biblia. Ibig ng Diyos na tuparin ang Kanyang Salita, at wala Siyang iba pang mga kamay kundi ang mga kamay ko at mga kamay ninyo. Wala Siyang iba pang mga mata kundi ang mga mata ko at mga mata ninyo. Wala Siyang iba pang dila kundi ang dila ko at ang dila ninyo. "Ako ang Puno ng Ubas. Kayo ang mga sanga." Ang mga sanga ang namumunga ng bunga. Ang Puno ang nagbibigay buhay at lakas sa sanga. Yan nga ang buhay na karapat-dapat.

²⁷³ Ang panalangin ko, para riyang sa mga nasa radyo o sa . . . sa mga nararating ng teyp na ito, at sa mga narito ngayon. Nawa'y ang Diyos ng lahat ng biyaya, ng Langit, ay pagliwanagin ang Kanyang banal na Espiritu Santo sa ating lahat, nang sa gayon tayo, mula sa gabing ito, ay magtuluy-tuloy, na makapamuhay ng buhay na masasabi ng Diyos, "Labis nga Akong nalulugod. Pumasok kayo sa Walang Hanggang kagalakan na inihanda para sa inyo mula pa nung itatag ang patibayan ng mundo." Nawa'y ang Diyos ng Langit ay ipadala mismo ang Kanyang mga pagpapala sa inyong lahat na mga tao.

²⁷⁴ Dalangin ko na ibunsod ng Diyos ang pagpapala sa inyo na mga kababaihan, ngayong gabi, na may maiikling buhok, nang sa gayon makita n'yo, at lumayo kayo mula rito sa modernong kalakaran ng kapanahunang ito, at mapagtanto na sinasabi ng Biblia na hindi n'yo dapat ginagawa ito. At kung nagkakasala kayo ng pananamit ng imoral na mga damit, ay ang Diyos ng Langit nawa'y padaluyin ang Kanyang biyaya sa inyong puso, nang sa gayon di n'yo na ito gawin pa uli, na di na kayo kahit kailan magkasala pa't gawin ang ganoong bagay muli. Nawa'y sadyang ibukas ito ng Espiritu Santo sa inyo at ipakita mismo

sa inyo. Nawa kayo, na wala pa nitong bautismo ng Espiritu Santo . . .

²⁷⁵ Nawa'y kayo na mga kalalakihan na hinahayaan n'yo lang ang inyong mga asawang babae, na haya't pinababayaan n'yo lang sila na maghari-harian sa tahanan at pangibabawan kayo, nawa'y ibunsod ng Diyos ng Kalangitan ang biyaya nang sa gayon inyong maitatag ang inyong paa nang may paninindigan at ipanauli ang babaing 'yan sa kanyang tamang pag-iisip muli, oo, at mapagtanto na 'yan pala ang lugar mo kay Cristo. Hindi hari-harian, siyanga, kundi kayo ang ulo ng tahanan. Tandaan n'yo, ang babae nga'y hindi orihinal na likha. Siya'y kakambal na likha mula sa iyo na orihinal na produkto, na ipinagkaloob ng Diyos, sa iyo, para alagaan ka't, panatilihing malinis ang inyong mga damit at ihanda ang pagkain n'yo, at iba pa. Hindi siya diktador sa iyo.

²⁷⁶ Kayo na mga kababaihan ng Amerika na lumalabas kung saan-saan na may kimpal ng kolorete sa inyong mukha, at ang mga ilong n'yo ay nakatikwas pa sa ere, na kung uulan nga, malulunod kayo, at heto kayo na iniisip n'yo na para kayong kung sinong diktador. Ganoon nga kayo, sa isang binabae, pero hindi sa tunay na anak na lalaki ng Diyos. Siyanga.

²⁷⁷ Nawa'y ibunsod ng Diyos sa inyo na mga kalalakihan ang biyaya, bilang mga anak na lalaki ng Diyos, na sugpuin mismo ang kahibangan na tulad nito. Siyanga. Nawa'y ibunsod Niya sa inyo ang biyaya, na maiwaksi n'yo ang mga sigarilyong 'yan, tigilan ang pakikinig sa mga mahahalay na mga birong 'yan, lahat ng walang kabuluhan na 'yan. Tayo'y maging mga anak nawa ng Diyos, na magawang maipamuhay ang isang buhay na karapat-dapat sa Ebanghelyo.

At halimbawa'y may sinuman na mapapadaan sa kalsada, na magsasabi, "Kung mayroon talagang masasabi na Cristiano, hayan nga ang isa. Hayan nga ang isa na nagpapakita Mismo ang Diyos sa pamamagitan niya, at ang taong ito'y isang tunay na Cristiano talaga, kung may maituturing na Cristiano talaga. Iisipin n'yong mistula bang ang babaing 'yan ay makaluma ang itsura. Isa talaga siyang dalisay na binibini." Hayan nga.

²⁷⁸ Maging marangal na Cristiano, dahil tayo'y mga dayuhan lang dito. Hindi rito ang ating Tahanan. Ang Tahanan nati'y sa Itaas. Tayo'y mga anak na lalaki't mga anak na babae ng isang Hari, ng *nag-iisang* Hari. Tayo'y mamu- . . . Tiyakin nating ang mga buhay natin ay—ay marangal na buhay. Tayo'y mamu- . . . na maipamuhay ang buhay na 'yan para magbigay dangal sa bagay na ito na sinasabi natin: pagiging Cristiano. At kung di n'yo maipamuhay ang ganyang klase ng buhay, kung ganoon ay huwag kayong magpatawag sa sarili n'yo na Cristiano, dahil nagdadala lang kayo ng kasiraan sa Layunin.

279 Salamat, sa mga naparito, napakainit ng gabi, pero naupo kayo rito. Umaasa ako na wala nawang mawaglit ni isa man sa inyo, sa Araw na 'yun. Ako—ako—ako po'y umaasa na kayo at ako, tayo po, ay makasumpong ng biyaya sa harapan ng Diyos, na magawa ko sa lahat ng pagkakataon na makatayo sa bagay na 'yun na siyang Katotohanan mismo, na di kayo masaktan, pero hindi rin iuurong ang pagsaway sa inyo. Kita n'yo? Kung ganoon ang gagawin ko, hindi po ako tamang klase ng tatay, kung hahayaan ko lang ang anak ko na gawin ang kung anu-ano na lang. Itutuwid at itutuwid ko sila. Anumang may pag-ibig ay gagawin 'yan. Mapagtuwid ang pag-ibig. Naalala ko nung may isinulat kang ganoon sa maikling liham mo sa akin, nung araw na 'yun, Pat. Tinatago ko pa rin 'yun. At ang pag-ibig ay sadya ngang mapagtuwid. Yan mismo ang sinasabi ng Biblia. At kung may bagay na di tuwid, 'yan nga ang dahilan kaya itinutuwid tayo ng Diyos. Iniibig Niya tayo.

280 Nawa'y makapamuhay tayo ng isang buhay, mula ngayon, na karapat-dapat, na may kaluguran at kagandahang-loob. Huwag kayong maglumagi, na sasabihin, "Buweno, purihin ang Diyos, alam kong natamo niya Ito. Nakapagsalita siya ng iba't ibang wika. Nakapagsayaw siya sa Espiritu." Mainam naman 'yan. Pero kung di niya taglay ang bunga ng Espiritu, wala nga ang Espiritu riyan. Ginagaya lang niya ang kung anong uri ng emosyon, o kung ano, dahil kung tutuusin ang tanging buhay na maipapamuhay ng Espiritu Santo ay ang buhay ng bunga ng Espiritu. Yun lamang ang tanging paraan na magagawa Niya.

281 Pagpalain kayo ng Diyos. Iyuko na po natin ang ating mga ulo, pansumdali.

Heto po. . . ang Diyos, na nagpasinag ng Kanyang Liwanag sa huling kapanahunan na ito, Na nakapatong rito sa harapan ko, ang Kanyang Biblia; at ang litrato ng mga Anghel na ito, ang mahiwagang Liwanag na ito sa anyo ng piramide, na kahit 'yung mga siyentipiko'y di nila mawari-wari kung papaano Ito nakapunta roon. Di nila Ito maipaliwanag. Pero, Ama, lubos-lubos nga ang pasasalamat namin. Binanggit Mo na ito sa amin, mga buwan bago ito mangyari, at kami'y nagpapasalamat nang lubos sa Iyo.

282 Maipangyari nawa na ang mga tao, na tinawag sa Iyong Pangalan, sila'y magsitakas palayo sa kasalanan, ngayong gabi, Panginoon, mula sa di pagsampalataya. Nawa, heto po. . . Para bang nakapagsalita ako nang masakit laban sa mga kapatid naming babae, hindi dahil sa di ko po sila iniibig, Panginoon, pero ayaw ko lamang makita ang diyablo na pinapaikot sila hanggang sa ikamatay na lang nila ito, isa sa mga araw na ito, at pagkatapos ay kakatagpuin Ka sa ganoong kalagayan nila, matapos na mapakinggan ang Katotohanan ng Diyos, katulad nito. Nawa'y tumimo mismo sa kanila na utang nila ito sa sarili nila, na pumaroo't saliksikin ang mga Kasulatan, at tingnan

kung ito kaya'y tama. Na luluhod sila pagkatapos, nang may katapatan, at magsasabi, "Diyos, ito po ba ang Katotohanan?" Pagkatapos ay malalakip na ang lahat ng nararapat na gawin dun, Panginoon, kung sila'y magiging tapat lamang dito, dahil ang Iyong Salita ay Katotohanan.

²⁸³ Nakahanda na po ang mga tao. Marami sa kanila, marahil, ay may mga bagay sa kalooban nila kaya nasasaktan sila. Pero ang Espiritu ng Diyos ang nangusap sa kanila, at kaya naman nanatili sila nang may katahimikan at nakinig. Atrasado na po ang oras. Atrasado na ang oras ngayong gabi, at ganoon din na atrasado na ang oras sa panahon na kinabubuhayan namin. Palubog na ang araw. Ang mundo'y nanlalamig. Diyos, ang kadiliman ay lulukob na, at pagkatapos ay ang Pagparito na ng Panginoon, para agawin na paitaas ang Iglesya Niya. Ganoon na lang ang pasasalamat namin sa Iyo para rito, Panginoon!

²⁸⁴ Dalangin namin ngayon na Iyo pong pagpalain ang bawat isa sa Makalangit na Presensya. Bawat isa na nakikinig sa teyp na ito, Panginoon, sa buong palibot ng mundo, sila nawa'y makatakas palayo sa mga lumang kredong 'yun at mga bagay-bagay, at lumapit at paglingkuran ang buhay na Diyos, haya't lumapit at mamuhunan Dito, gawin ang ginawa noon ng reyna ng Katimugan. Naglakbay siya, inabot ng tatlong buwan bago makarating sa lalaking 'yun na kinakatawan si Jesus Cristo, o ang Diyos ng Langit; si Solomon. Sinabi ni Jesus, "Nanggaling pa siya sa dulong bahagi ng daigdig, upang makapakinig sa karunungan ni Solomon, at narito ang isang higit na dakila kaysa kay Solomon." At alam namin na ang "higit na dakila kaysa kay Solomon" ay narito mismo, ang dakilang Espiritu Santo Mismo ay narito, kumikilos sa mga tao. Ganoon na lang ang pasasalamat namin sa Iyo para rito, Ama. Ipinapanalangin ko ang pagpapala ngayon.

²⁸⁵ Iyo rin pong pagpalain ang aming minamahal na pastor, si Kapatid na Neville. Panginoon, kapag nakikita ko—nakikita ko at naiisip ang kanyang mga pagpapagal dahil sa pag-ibig, ang puso ko'y lumulukso-lukso. Kinalulugdan ko siya. Ang makita kung paano ang pagmamalasakit niya sa kanyang maybahay at kanyang maliliit na anak, dalangin ko—dalangin ko, Diyos, na siya'y Iyo pong palakasin pa. Pagkalooban siya ng katapangan. Iyo pong pagpalain siya sa maraming, maraming mga taon pa ng paglilingkod sa malawak na anihang-bukid na ito na amin pong kinaroroonan.

²⁸⁶ Iyo pong pagpalain ang lahat ng mga kapatid na ministro na nakaupo rito sa gabing ito. Marami sa kanila ang mga bisita pa sa iba't ibang lugar. Dalangin ko na samahan Mo sila roon, sina Junie at Kapatid na Ruddell, at ang mga katangi-tanging mga kalalakihan sa mga kapatid na iglesya ng iglesya rito, na nananatili at pinanghahawakan ang Ebanghelyong Liwanag sa iba't ibang bahagi ng mga kabayanan sa buong palibot, para sa

siya ring Liwanag na ito, na nakikipagbaka para Rito. Salamat sa Iyo para sa mga kalalaking ito, Panginoon. Palakasin Mo pa ang loob nila. At pagkalooban sila ng biyaya para kanilang matagumpayan ang malalaking mga pagsubok at mga bagay-bagay na dumarating dito sa mundo para subukin ang lahat ng mga Cristiano.

²⁸⁷ Iyo pong pagalingin ang mga maysakit at nagdadalamhati, Panginoon. Ikaw nga'y maparito nawa kasama namin sa loob ng darating na sanlinggong ito ngayon. Iyo pong bigyan kami ng lakas ng loob. Nawa'y ang munti't, paputol-putol na araling ito ng Sunday school para sa araw na ito ay di po mawaglit sa kanilang puso. Bulay-bulayin nawa nila, araw at gabi. Iyo pong ipagkaloob ang mga pagpapalang ito, Ama. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, akin po itong hinihiling. Amen.

²⁸⁸ Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sinasampalatayanan n'yo ba Ito? ["Amen."] Sige't awitin natin 'yung mainam na awitin nating 'yun, "I love Him, I love Him," habang nagbubuklod-buklod tayo sa isa't isa sa oras na ito. Nasaan po si Kapatid na babaing Ungren? Narito ba siya, isa sa kanila, o sa kapatid na babae na tumugtog kanina ng piyano, isa sa mga binibini rito? Di ko po makita. Sige, heto na siya, ang binibini po rito. Siyanga.

²⁸⁹ Gusto ko po sana, sa gaging ito, nang buong pagpipitagan, pero di ko lang nakikita si Kapatid na Ungren. Gusto ko po sanang awitin niya ito para sa akin, ngayong gabi, *How Great Thou Art!* At sa palagay ko umuwi na ang kapatid. Kita n'yo? Napakinggan ko 'yung awiting 'yun kaninang umaga, at tunay nga na ikinalugod ko 'yun. Ang ganda, oh, ang ganda! Talaga pong umalingawngaw 'yun nang husto sa puso ko. At gusto ko—ko—ko sanang marinig siya na awitin itong *How Great Thou Art!*

²⁹⁰ Ngayon awitin na natin ang *I Love Him*, lahat po, sama-sama. Ngayon ipikit n'yo na po ang inyong mga mata. At tayo po'y tumuon mismo sa Kanya ngayon, sabihin, "Panginoon, kung mayroon pang pagka-karnal na natitira sa akin, Iyo pong tanggalin na ito, ngayon. Iyo pong tanggalin na ito." At sa inyo, na nariyan, na nakikinig sa teyp, sa pagdinig n'yo po sa awiting ito, umawit kayo kasama namin, siyanga, diyan sa kinauupuan n'yo kung saanman kayo nakaupo.

Kung ito nga'y nariyan, kung kayo'y hinahatulan mismo ng Salita, kung sa palagay n'yo ay wala Ito sa Salita, saliksikin n'yo ang Mga Kasulatan, tingnan n'yo kung Ito ba'y tama. Narapat lamang na gawin n'yo ito. Buhay po't kamatayan ang nakasalalay rito.

At kaya naman habang inaawit natin ang awiting ito, kung may pagka-karnal pa riyan sa buhay n'yo, magagawa n'yo po bang itaas ang inyong kamay, diyan sa kinauupuan n'yo? Sige't ipataas n'yo sa inyong mga anak at asawa ang kanilang kamay,

mga minamahal n'yo sa buhay sa paligid n'yo. Umawit ng *I Love Him*, at itagubilin n'yo ang buhay n'yo sa Kanya. Sabihin, "Linisin Mo ako, Panginoon, mula sa lahat ng kasamaan."

Habang umaawit tayo ngayon, magsitayo po tayo.

I love Him, I . . .

Panginoong Jesus, dalangin ko na Iyo pong pagalingin ang mga tao, sila po na dadampian ng mga panyong ito. Ang mga ito'y binabasbasan ko, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

And purchased my salvation
On Calvary's tree.

²⁹¹ Ngayon, sa dakilang pagpapala na ito! Ipagpatuloy mo lang ang pagtugtog, kapatid na babae. Sige't ipikit n'yo lamang ang inyong mga mata at magbulay, pansumandali ngayon. Tayo'y manalangin, sa ating puso, "Panginoong Jesus, pagkasaliksikin Mo po ako. Tunay bang iniibig Kita? Ang sabi Mo, 'Kung Ako ay iniibig n'yo, susundin n'yo ang Aking mga sinasabi. Kung Ako nga'y iniibig n'yo, susundin n'yo ang Aking Salita.'" At pagkatapos diyan sa puso n'yo, sabihin, "Panginoon, Iyo pong ipangyari na matupad ko ang Iyong Salita. Maikubli ko nawa Ito sa aking puso, na di na ako magkakasala pa laban sa Iyo, na, di ko masampalatayanan ang anumang sinabi Mo."

²⁹² Ngayon habang inaawit natin itong *I Love Him*, tayo po'y magkamayan sa isa't isa na malapit sa atin. Iabot n'yo lang po ang inyong kamay, sabihin, "Pagpalain ka, kapatid na lalaki, o kapatid na babae." Nang pabulong lang po ngayon.

"I . . ." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. "I . . ." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babae. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. "And pur- . . ." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babae. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. " . . .-ry's tree."

²⁹³ Ngayon itaas na po natin ang ating mga kamay sa Kanya.

I—I love Him
Because . . .

May ilang bagay, pa ba, na gusto mong gawin? Sige't ikaw na ang magtapos.

. . . me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

²⁹⁴ Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasiabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi ba't kahanga-hanga Siya? ["Amen."] Idinalangin ko ang bawat isa sa inyo, mga anak. Ano ngang mabuting maidudulot na tatayo ako rito at sasabihin ang mga bagay na ito kung ako, sa puso ko, ay iniisip ko na wala naman itong maitutulong sa inyo? Heto po, na nakakaramdam ako ng

pagod at pagkangalay. Hindi na po ako makatayo rito nang maayos. Nananakit na ang mga paa ko. At ang mga sapatos ko, ako po'y nakatayo rito't suot-suot ito hanggang sa magpawis na sa loob, at lahat na, na ang mga paa ko nga'y may pamamaga na. At grabe ang pagod na nararamdaman ko! Di na ako bumabata, pa. At sa tuwina'y nangangaral ako ng tatlo- o apat-na-oras na mga pangangaral, at nananalangin para sa mga maysakit, at tuluy-tuloy po umaga at gabi. Bakit po ako tumatayo rito, na ginagawa ko ito?

Alam n'yo, sa loob ng tatlumpung taon na ito, kung ito'y sa pagiging sikat lamang, iniawasan ko 'yun. Alam n'yo na di ako tumatanggap ng pera. Alam n'yo 'yan. At ni minsan ay hindi ako. . . Nagsabi na ba ako sa inyo ng kahit ano sa Pangalan ng Panginoon na di man lang nangyari? Alam n'yo na totoo 'yan.

Iniibig ko kayo. Ito'y pag-ibig ng Diyos na narito sa puso ko para sa bawat isa sa inyo. Kung maaari lang sana. . . Kung maaari lang sana na ako'y makatayo sa harap mismo ng Diyos, at masabi ko, "Diyos, magawa—magawa—magawa ko nawang matulungan sila. Iyong itulot—itulot na magawa ko *ito*." Pero di ko puwedeng gawin 'yun. Ang bawat isa'y kinakailangang tumayo para sa sarili nila. Kita n'yo?

²⁹⁵ Ako—ako—ako po'y naniniwala na malapit na malapit na tayong pumaitaas, isa sa mga araw na ito. At kung mangyari na tayo'y makatulog bago ang panahon na 'yan, na ako'y kunin na mula sa inyo, tandaan n'yo, kakatagpuin ko kayo Roon. Alam ko na Iyon nga'y tunay na naroon. Ang mismong mga pangitain na nagsaysay sa inyo ng lahat-lahat, yamang ganoong sakdal, ay natupad gaya ng pagkakasaysay Niya. Walang kahit sino, sa lahat ng mga taon na nagdaan na ito, ang makapagsasabi rito na anupa't ang lahat ng sinaysay ko sa inyo ay diba't nangyari mismo. Buong mundo, nakaalam nito. Wala pa kayong nakikita sa ibabaw ng entabladong ito, na anupa't sinaysay sa lahat ang saktong Katotohanan talaga. Kita n'yo. Sa tuwina po. Ang siya ring Diyos na 'yun ay pinahintulutan akong makasilip lampas sa tabing ng panahon. Nakita ko 'yung mga kababaihan at mga kalalakihan na iniyayakap nila ang kanilang mga bisig sa akin at niyayakap ako, sinasabi, "Oh, Kapatid na Branham."

²⁹⁶ Di ko na—di ko na siguro kayang maupo basta-basta. Heto, sa sobrang kapaguran, bibigay na yata ako, siyanga. Nananakit nang husto ang likod ko. At ako, araw-araw. . . Ako'y—ako'y—ako'y singkuwenta y kuwatro anyos na. Alam n'yo, para bang nadaragdagan nang nadaragdagan ang sakit araw-araw.

Ang panalangin ko, "Diyos, patatagin Mo pa ako. Patatagin Mo pa ako, para maipangaral ko ang Salita, makapanindigan sa Katotohanan na 'yan, hanggang sa makita ko na ang maliit kong anak na lalaki, na si Joseph, na makarating sa sapat na gulang, at mapuspos ng Espiritu Santo; na kukunin ko itong

luma't gasgas nang Biblia, ipapatong ko Ito sa kanyang kamay, sasabihin, 'Anak, dalhin mo Ito hanggang sa dulo ng buhay mo. Huwag na huwag mo Itong ikokompromiso.'”

²⁹⁷ Naisip ko noon na puwede siguro si Billy na mangaral ng Ebanghelyo. Pero di siya tinawag ng Diyos sa ganoon.

Pero naniniwala ako, na si Joseph, kahit na napakakulit niyang munting bata, naniniwala ako na tinawag siya ng Diyos. Yun ang dahilan kung bakit di makasabay sa kanya ang mga bata, isa kasi siyang lider. At alam ko—alam ko—alam ko na tinawag siya ng Diyos. Nais kong sanayin siya sa pamamaraan ng Salita, sa pamamaraan ng Salita ng Panginoon, na di niya talikuran ang Salita na 'yun. Nais kong gawin 'yun, ako mismo, kung loobin ng Diyos. At sa pagtanda ko man at mauupo roon, at makikita ko siya roon, na nakatayo sa pulpito, magsasabi, “Ito ang siya ring Ebanghelyo, na tinayuan ng tatay ko. Siya'y nakaupo riyan, na matanda't mahina na ang katawan, ngayong gabi. Pero nais ko pong humalili sa lugar niya at tumayo mismo sa kinatatayuan niya rito noon, tumindig dito.”

²⁹⁸ Pagkatapos titingala ako, at magsasabi, “Panginoon, Iyo na po ngayong itulot na ang iyong lingkod ay yumao na nang may kapayapaan.” Yun ang ninanais kong masaksihan, nang labis-labis. Hanggang sa dumating ang oras na 'yan. . .

²⁹⁹ Ano kaya kung sa ibang henerasyon ako pinalitaw? Hindi maaari. Sa henerasyon na ito talaga ako dapat maibilang. Dito talaga ako titindig kasama n'yo. Sa piling n'yo ako titindig, at magbibigay-sulit sa harapan ng Diyos, tungkol sa Ebanghelyo na ipinangaral ko. Iniisip n'yo ba na magagawa kong tumayo rito at ililihis ko kayo, mula sa isang Bagay na ito na iniisip kong tama? Haya't hihimukin ko kayong pumaroon at gawin Ito. Pero kung alam ko na ang isang bagay, kung ito'y mali, nais ko ngang makaalis kayo mula roon, at pumaroon sa kung anong tama. Tunay, mula sa puso ko, Diyos ang magpapatotoo sa akin, na iniibig ko kayo, ang bawat isa, taglay ang tunay, na Makalangit na Cristianong pag-ibig. Pagpalain kayo ng Diyos. Ipanalangin n'yo ako.

³⁰⁰ Hindi ko po alam kung anong nakalaan sa hinaharap ko, pero alam ko kung Sino ang may hawak ng aking hinaharap, kaya doon ako nananangan.

³⁰¹ Ibinibigay ko na, ang pulpito sa isang lalaki rito na ako'y may malaking pagtitiwala, na siya'y lingkod ni Jesus Cristo, ang atin pong pastor, Kapatid na Neville.



ANG IYONG BUHAY BA'Y KARAPAT-DAPAT SA EBANGHELYO? TAG63-0630E
(Is Your Life Worthy Of The Gospel?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Hunyo 30, 1963 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org